


ANG SAMPUNG BIRHEN, AT ANG SANDAAN AT APATNAPU'T APAT NA LIBONG JUDIO

 Magandang umaga. Lubos akong nagagalak na makaparito muli sa umagang ito sa gawain ng Panginoon. Masama ang panahon sa labas, pero, oh, napaka inam naman dito sa loob. Ito 'yung isang beses na masasabi natin na napaka inam na nasa loob tayo sa pagtingin natin sa labas, di po ba? kaysa sa nasa labas at titingin sa loob.

² Mainam po ang pamamahinga ko kagabi at lubos na mas mainam ang pakiramdam ko sa umagang ito. At nagkaroon tayo ng kahanga-hangang panahon kagabi, di po ba? Sadyang kahanga-hangang panahon! At lubos kong kinalulugod 'yun. Nagkaroon tayo noon . . . 'yung gawain po'y parang 'yung idinaos natin noon sa Shreveport, para pong isang—isang karugtong nung pagtalunton ng Espiritu na nagpapatuloy. Uh-hum. Kaya lubos tayong nagagalak at lubos na nagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang kabutihan at awa, at para sa inyong . . . kayo na mga nagsidalona itinagubilin n'yo ang espiritu n'yo sa Kanya sa pakikiayon nang sa gayon ay Kanyang mapangunahan tayo at mapatnubayan tayo.

³ Kita n'yo, kung mayroon kang mga tagapakinig na tumututol, hindi maghahayag ang Espiritu Santo. Kinakailangan n'yong magkamit ng isang bagay, na kikilos na lumalakip. “Sila'y nasa isang dako at nagkakaisa,” at pagkatapos dumating ang isang tunog mula sa Langit na humahagibis. Kita n'yo. Pero kung ang nariyan sa inyo . . . Kahit na gaano ka pang katindi mananalangin, at maglulumagi araw at gabi na nag-aaral at nananalangin sa harap ng Panginoon, pagpunta mo rito, kahit marahil ang pahid ay nasa akin, paglakad mo rito at mararamdaman mo 'yung pagkontra, kita n'yo, Siya—Siya nga'y . . . magbubunsod 'yun ng pighati sa Kanya agad-agad, hindi Siya maghahayag ng anuman. Pero kung lalakad ka rito sa ilalim ng pahid at mararamdaman mo ang mga tagapakinig na nasa ilalim din ng pahid, diyan nga magsisimulang kumilos ang Espiritu Santo, at Siya'y magsisimulang kumilos at gagawa ng dakilang mga bagay para sa atin. Kaya, nakita n'yo na?

⁴ Hindi ko pa nakakausap ang pastor tungkol sa . . . Narinig ko na 'yung *Only Believe* at kaya nagmadali na akong pumasok

at tiningnan—tiningnan kung ano na siya. . .kung ano ang inihanda niya para sa umagang ito. Ngayon, Kapatid na Neville, sige't sasabihin ko na lang dito, pasisimulan ko itong munting klase na ito rito at kung matapos ako nang mga bandang alas onse, sige, ikaw na po ang magpatuloy at magsimulang mangaral. Ano pong sa palagay mo? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Sige't, huwag mo nang putulin ang pahid, magpatuloy ka lang."—Pat.] Oh, naniniwala ako sa pahid na narito, siyanga, ay ang pahid din dito. Siya po'y isang. . .

⁵ Si Kapatid na Neville po sa tuwina'y. . .Sa mga baguhan po na narito na hindi pa nakabisita rito noon, siya po'y isang (hindi ko sinasabi ito dahil nasa harapan niya, pero) isa siyang mabait na tao, sa tuwina po'y ganoon. Lagi niyang binabasa ang—ang. . . ipinamumuhay po ang Kasulatan na 'yun, "pinapahalagahan ang isa't isa," laging nakay Cristo at laging *nagpapahalaga*. At mula noon na nakilala ko siya ay siya'y nananatiling ganoon; hindi nga mula noong mapunta siya rito sa tabernakulo, pero mula pa noong makilala ko siya at maraming taon na rin ang nakalipas. Yung pinaka unang beses sa palagay ko sa pagkakaalala ko na nakita ko si Kapatid na Neville, para makilala siya, nagtungo ako para mapakinggan siya na mangaral isang beses doon sa simbahan ng Methodist, siya. . . doon po sa Howard Park, maraming, maraming taon na ang nagdaan. Siguro, sa palagay ko, dalawampung taon na rin (sa palagay ko) ang nakararaan o higit pa mula noong makilala ko siya. Pagkatapos siya. . .at siya noon ay. . .may trabaho rin siya, noon, siya'y. . .Oh, sa palagay ko nga, hanggang nito-nito lang, siya'y nagtrabaho noon pa man sa palagubatan at mga bagay-bagay doon, sa Henryville, kung saan siya nanggaling; at 'yun ang hanapbuhay niya, dagdag pa dun ay nangangaral siya. Ganoon na ganoon din sa buhay ko, siyanga, na hanggang nito-nito lang, at pagkatapos nagtuluy-tuloy na hanggang sa magsimula na wala na kaming ibang ginagawa kundi ito na lang. Kaya ikinagagalak ko ito. Ikinagagalak ko ang ating bagong Boss, hindi ba't ikaw rin, Kapatid na Neville? Siyanga, po! Akin ngang ikinagagalak Ito. Siyanga, po. Ako'y sadyang kuntentong-kuntento sa Kanya!

⁶ At ngayon sa tingin ko'y hindi muna sila magklaklase ng Sunday school. Opo. Yung klase ng Sunday school ng mga bata, hindi muna nila magagawa dahil 'yung silid ay. . .tinanggal muna 'yung mga partision, para lumuwag 'yung simbahan hanggang doon sa likod na likod.

⁷ Ngayon, mamayang gabi ay tatalakayin natin ang huling dakilang kapanahunan nito, ang Laodicea. At kagabi'y tinalakay natin ang kapanahunan ng Filadelfia at nakaabot tayo dun sa pasimula ng kapanahunan ng Laodicea at 'yung paglalawig. At pagkatapos ito ring mga dakilang hiwaga na ang Diyos ay unti-unting inihayag sa atin ang pagitan ng dalawang

kapanahunan na 'yun, "ang bukas na Pinto," at 'yung "munting lakas," "pinanghawakan ang Aking Salita," "taglay ang Aking Pangalan." Lahat po ng mumunting bagay na 'yun doon, kung papaanong gumawa ang Diyos nang sadyang kahanga-hanga na pinaging realidad ang mga ito sa atin, na tayo nga'y lubos, lubos ang pasasalamat.

⁸ At huwag n'yong kalimutan, kung mayroon po tayong mga bisita sa kalagitnaan natin ngayon na may kakilala silang tao na may sakit, mananalangin tayo para sa mga may sakit sa susunod na Linggo, sanlinggo po mula ngayon. At 'yun po'y . . . kung loobin ng Panginoon. At 'yun po'y . . . Napapansin n'yo ba lagi kung papaano ko po 'yun sinasabi, "Loobin ng Panginoon"? Sinasabi ng Biblia na gawain 'yun, "kung loobin ng Panginoon." Hindi pa natin alam sa ngayon; hindi pa Niya sinasabi sa akin na ako'y paririto, at ang iglesia'y paririto, at kung lahat ba tayo'y paririto, o kung ano pa. Kaya naman kung ito'y kalooban Niya, tayo po'y paririto, kita n'yo. Kung hindi Niya kaloobam siyempre po, hindi tayo paririto.

⁹ Tuluy-tuloy po na iaanunsyo ni Kapatid na Neville ang bagay na ito sa kanyang pagsasahimpapawid, at sa iba pa, sa palagay ko, sa isang kapatid pa rito at sa isa pa na may pagsasahimpapawid. At kaya magpunta po kayo nang maaga sa abot ng makakaya n'yo nang Linggo ng umaga, dahil tayo po'y umaasa sa marami-rami ring tao na ipapanalangin, at ikagagalak namin na makaparito. Tayo'y . . . buweno, sige't tingnan natin, ako . . . Kung ganitong kalaking madla gaya rito ngayon, lagi pong mainam na magpa-prayer card dahil siksikan po, baka kayo . . . magkakatulakan at mga bagay na tulad nun. Kaya iniisip ko kung magagawa n'yo 'yun nang matiwasay na isa-isa silang palalapitin para . . . maiwasan 'yung kalituhan sa mga tao, alam n'yo.

¹⁰ At—at pagkatapos sadyang . . . At di n'yo kailangang tumayo hanggang sa tawagin ang card n'yo. Manatili lang kayong nakaupo sa kinauupuan n'yo kung kayo'y may sakit at masama ang pakiramdam, at di n'yo kailangang tumayo nang matagal sa isang mahabang pila. Kapag tinawag lang ang inyong card, doon pa lang kayo lalapit at ipapanalangin at babalik na, tapos iba naman ang lalapit, ganoon po. Mas gusto ko nga 'yung ganoon. Lagi nga akong nagpapahanda sa mga kalalakihan ng upuan, sakaling may sumama ang pakiramdam habang naghihintay, kapag magtatawag ng ilan na sabay-sabay; kapag sumama nga ang pakiramdam nila, hayan nga, sila'y—sila'y paghahintayin sa upuan nila hanggang sa . . . o pauupuin sa upuan na 'yun hanggang sa matawag ang numero nila, hanggang sa maipanalangin sila.

¹¹ At naniniwala po ako sa Makalangit na kagalingan; isa 'yan sa pinaka dakilang doktrina ng Biblia. Pero may higit pang bagay na nakalakip dun sa Makalangit na kagalingan kaysa

sa Makalangit na pagpapagaling lang. Ipinapahayag lamang ng Makalangit na pagpapagaling na “may isang Diyos na paparito muli.” Anong ipinapahayag ng Makalangit na kagalingan? Yun po ang paunang patotoo ng ating pagkabuhay na mag-uli. Kung walang Makalangit na pagpapagaling kung ganoon ay walang pagkabuhay na mag-uli, kita n’yo. At kung walang Espiritu Santo ngayon na magbabautismo sa atin, walang Buhay na Walang Hanggan sa mundo na darating. Sinabi ng Biblia, “Ito ang patotoo ng ating kaligtasan.” At alam n’yo ba kung ano ang *paunang patotoo* na ’yun? Yun ang “paunang bayad,” kita n’yo. Kung pupunta kayo at magbabayad. . . Halimbawa bumili kayo ng bukid, sampung libong dolyar ang sinisingil nila para dun, at nagbayad ka ng dalawang libo, ’yun ’yung “paunang” pera, tinatawag nila ’yung pauna nun. Ngayon, kung ang bautismo ng Espiritu Santo ay paunang patotoo pa lamang ng bagay na parating, oh, ano na lang kaya ’yun kapag ating—kapag natanggap na natin ang buong halaga? Napakamaluwalhati po!

¹² Ngayon, sa umagang ito ay sisikapin natin na bigkisin, loobin ng Panginoon, ang ilan sa mga bagay na ito, tungkol sa . . . pagitan ng mga kapanahunan ng iglesya (itong *narito*) may bagay na narito. *Ang Sandaan at Apatnapu’t Apat na Libo, Ang Mga Nalabi, Ang Natutulog Na Birhen, Ang Matalinong Birhen, at Ang Pagtatatak ng Espiritu Santo, Pagmamarka ng Hayop*, lahat ng mga bagay na ito na sadyang . . . Ito’y katapusan na ng kapanahunan, at ang lahat ay narito mismo sa isang dako na ito, kaya mayroon na lang tayo nitong natitirang taglamig para talakayin ito, pero tayo . . . para matalakay mismo ang Aklat ng Apocalipsis, makita kung papaano Ito nagkakalakip-lakip.

¹³ Napansin n’yo ba? Naglalakbay ang sibilisasyon sa siya ring paraan na ’yun, G. Wood. Isa ’yung . . .Heto, ang tao’y may siya ring mga pandama, may anim na pandama siya, o limang pandama, pala, na taglay na niya noon pa man noong siya’y—noong siya’y maparito sa mundo anim na libong taon ang nakararaan. Pero dito nga sa dulo, dito nga sa nakaraang ilan lang, nakaraang ilang daang taon. . . Naku! Hayan ang tao noon, doon, mabagal ang pag-usad sa isang karitela na hila ng baka. Pero mula dun sa karitela na hila ng baka, sa nakaraang ilang daang taon lang, siya’y umusad mula sa isang karitela na hila ng baka patungo sa isang—isang rocket na nakakalipad nang halos dalawang libong milya kada oras. Ganoong kabilis ang naging pag-usad niya, mula sa karitelang hila ng baka patungo sa rocket. At, tingnan n’yo, nangyari lang ito sa huling ilang taon lang, siyanga, sa palagay ko nga’y hindi lalampas nang limampung taon pa lang ang nakararaan.

¹⁴ Noong maliit na batang paslit pa lang ako rito sa Utica Pike, mayroon silang matandang . . . may lalaki noon na nanggangalang Elmer Frank na dating nakatira rito noon. Parang abogado po yata siya. Nakapangasawa siya

ng isang dalaga na nakatira roon sa gawi ng kalsada na pinagtrabahuan ng tatay ko sa—sa tatay nung babae, ang pangalan nung babae ay Lusher. At sila . . . at 'yung lalaki ay may, parang isang uri ng kotse; may pihitan ng makina 'yun, pupuntahan mo 'yung gilid nun sa labas at pipihitin mo 'yun nang *paganito*, at iisa lang ang bilis nun. At may isang—isang malaking goma ka roon na 'yun ang busina, at binubusina mo 'yun nang *paganoon*. At sinasabi nila, “Na 'yung sasakyan na 'yun ay makaaarangkada nang sukdulang bilis na labingsiyam na milya kada oras.” Ngayon, nagtungo roon si Tatay at nagkarga ng buhangin doon sa sasakyan, at para—at para hakutin dun at kakargahan ng mga sako para pabigatan, para makita kung talagang makaaarangkada 'yun nang labingsiyam na milya kada oras. Kita n'yo? Pero dapat pala'y nakita n'yo 'yung mga daan, uh-huh; nagagawa lang nun na umandar nang sampu sa direksyon na *ito*, at siyam naman paroo't parito sa daan na *ito*. Kita n'yo? Kaya kung ipagsasama n'yo, labingsiyam na milya kada oras.

¹⁵ Naalala ko noong mga batang paslit pa lang kaming lahat, paliliguan kaming lahat ni Nanay, lima pa lang kami noon, sumasampa kami doon sa bakod para marinig 'yun. Maririnig namin na parating 'yun, milya-milya pa ang layo, pababa sa dako rito, na nagro-roar, roar, roar, roar. Mapapahinto nga ang lahat at itatabi ang kanilang mga kabayo, at itatabi ko 'yung karitela, at hahawakan 'yun nang *paganito*, alam n'yo. Kapag 'yung bagay na 'yun ay dumadaan na roon sa kalye, grabe, talagang kahanga-hanga 'yung bagay na 'yun. At—at kung iisipin ko, noong ano lang po 'yun, noong mga pitong taong gulang ako, kita n'yo. Ganoon . . . Yun po'y mga 1914, at maiisip n'yo kung papaanong nagbago na ang mga bagay-bagay mula noon. At kita n'yo, apatnapung taon lang o parang ganoon ang nagdaan. At, tingnan n'yo, may anim na libong taon ang tao rito para gawin ang lahat ng 'yun dito, dahil sinabi ng Biblia na gagawin ng tao ito sa paraan na ito, “Sa huling mga araw, sila'y tatakbo nang paroo't parito, at ang kaalaman ay halago.”

¹⁶ Naisip n'yo ba si Nahum, noong kanyang—kanyang makinita ang Outer Drive sa Chicago, apat na libong taon ang nakararaan? Mangyari . . . Sinabi nga niya, “Sila'y makikipaggitgitan dun sa malalapat na lansangan.” Ngayon ang . . . Nakapunta na po ako sa matatandang mga bansa kung saan 'yung kanilang mga ano roon . . . ang kanilang mga kalsada gaya sa Oslo at iba't iba pang lugar, halos wala nang lugar para makaraan, halos kasya lang ang isang—isang karwahe na dumadaan sa kanilang mga lungsod. Mangyari po na mga nasa ganitong distansya mula rito hanggang sa dingding diyan, ganoon lang kalapad 'yung mga kalsada nila roon, na kasya lang ang isang karwahe para makadaan sa kalsada. Buweno, kita n'yo, sabi ni Nahum, “Ang mga ito'y malalapat na kalsada.” Tapos sabi, “Hahagibis sila

na parang kidlat,” ang mga karwaheng ito. “At ang anyo nila ay parang mga sulo,” ganoon nga ang mga ilaw na nasa mga ’yun. Tapos sabi, “Magkakabanggaan sa isa’t isa,” ’yun pong mga banggaan. Ang propeta nga’y iniangat noong panahon na ’yun at tumanaw roon, na apat na libong taon sa hinaharap, at nakita ’yun na parating. Isipin n’yo ’yun! Uh-hum. Inspirasyon.

¹⁷ Pero narito na tayo sa katapusan ng panahon, mga kaibigan. Sadya ngang . . . At heto mismo ang Kasulatan, yamang ang lahat ng mga bagay na ito’y nangyayari, ang lahat ng mga Kasulatan na nakalatag rito ay nasa huling kapanahunan na ito rito. At naisip ko, sa umagang ito, kung tutulungan tayo ng Diyos, ating ibibigkis ang mga ito, na ilan sa mga bagay na ito rito, kung gaanong karami ang kakayanin natin. At pagkatapos mamayang gabi ay ’yung dakila’t huling kapanahunan, ng iglesya ng Laodicea, kung papaanong tinatanggap nito ang Mensahe nito at pagkatapos ay lilihis mismo at babalewalain ang Mensahe nito, diretso sa kalagayan nito na sala-sa-init sala-sa-lamig na isusuka ng Diyos mula sa Kanyang bibig. Kita n’yo, sa madaling sabi, Siya’y namumuhi mismo sa Kanyang sikmura sa pag-iisip pa lang dito. “Aking isusuka ka mula sa Aking bibig,” ang sabi Niya.

¹⁸ Ngayon, may ilang mga Kasulatan ako na nakasulat dito na nais kong isangguni sa umagang ito. Pero iniisip ko lang kung hindi masyadong makakaabala sa atin, pansumandali, na tumayo muna para sa pagdulog na panalangin:

¹⁹ Mapagpala naming Makalangit na Ama, habang dumudulog kami muli sa umagang ito sa araw na ito ng Sabbath. At sa labas, tumutulo po ang ulan, at ang malayelo’t malamig na hangin ay umiihip; pero kami’y nagagalak na mayroon kaming bubong sa ibabaw ng aming ulunan sa araw na ito, na mayroon kaming munting dako, at nananatiling isang bansa kung saan kami’y makadudulog at makasasamba sa Diyos sa anumang paraan na sabihin ng aming diwa na sumamba.

²⁰ Pagkatapos po’y nakikita namin sa Iyong Salita na ito’y hindi na magtatagal, pa, Ama, dalangin namin na Iyong pahiran kami lalong-lalo na ngayon na aming makuha ang pinakamainam mula rito na aming makukuha, at maging handa para sa mga oras na nakaantabay sa unahan namin sa oras na hindi na namin magagawa ito. Hindi po namin alam kung gaanong katagal pa, marahil mga ilang sanlinggo na lang, buwan, o mga taon, hindi po namin alam, pero darating ang oras na hindi na namin magagawa ito. Kaya dalangin namin, Ama, na Iyong iingatan kami sa ilalim ng Iyong Makalangit na pamamahala, at nawa’y ang aming mga kaisipan ay mailagak sa Iyo, at ang mga pagninilay ng aming puso’y katanggap-tanggap sa Iyong paningin, Oh Panginoon.

²¹ Iyo pong patawarin kami sa aming pagkakasala. Hinihiling namin ito habang ipinagtatapat namin ang mga ito sa Iyo, na kami'y nagkasala at nalisya mula sa Daan. At hindi kami karapat-dapat na matawag na Iyo, kami'y gawin Mo lamang na Iyong mga upahang manggagawa, Panginoon. At maluwig sa kalooban namin na gawin ang anumang bagay na sasabihin Mo sa amin na gawin, anumang gawain ito na ilatag sa amin. Maluwag sa kalooban namin na gawin ito, basta't Iyong tanggapin lamang kami sa Iyong Kaharian, Panginoon; nang sa gayon ay matrabaho namin ito, sa malaki't kakila-kilabot na oras na kinakaharap ng mundo.

²² Iyo pong pagpalain kami ngayon sa Iyong Presensya, turuan Mo po kami sa pamamagitan ng Iyong Espiritu Santo, at kunin Mo po ang kaluwalhatian sa pagparito namin na magkakasama. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²³ Ngayon nais kong, unang-una, nais kong kilalanin ang bawat isa sa mga kaibigan ko rito, kanina pa akong patinginting sa palibot sa umagang ito. Mahirap talaga rito kapag gabi, 'yung ilaw natin diyan sa likod nung mga nakasabit diyan hayan nga't hindi masyadong makita ang mga tao. At medyo mahirap pong makakita mula sa pulpito rito kapag gabi, at maski sa umaga. Nakikita ko ang marami sa mga kaibigan natin mula sa iba't ibang panig ng bansa, hayan nga't mas nakikilala ko sila ngayon kaysa kapag gabi. At masyadong marami po kung iisa-isahin ang pagtawag sa lahat, pero gusto kong malaman n'yo na tunay na ikinalulugod ko kayo. At pagkatapos nitong lahat ng sadyang nakakahiwang pangangaral at iba pa, gaya ng dapat ko mismong gawin sa mga Kasulatan, para gawin . . . mailahad ang Katotohanan. Hindi po 'yun sa gusto ko lang gawin sa sarili ko, kundi bagay 'yun na isinulat dito ng Diyos na dapat gawin, kita n'yo. At mangyari nga na heto Ito. At sa kabila nun ay nakikita ko ang marami sa mga kapatid ko na nabilang sa mga organisasyon at iba pa, na nakaupong kasama ko rito, kaya ikinalulugod ko kayo nang lubos, lubos. Kayo . . . Pagpalain kayo ng Diyos at lingapin kayo haya't 'yan ang panalangin ko.

²⁴ At ngayon . . . [Sinاسب ni Kapatid na Stricker, "Kapatid na Branham?"—Pat.] Ano po 'yun, kapatid. ["Nais ko lang hingin ang pahintulot ng iglesya para makapagsalita ako para sa lahat ng mga narito, nais naming malaman mo na ikinalulugod ka namin."] Salamat, Kapatid na Stricker. ["At minamahal ka namin."] Salamat, Kapatid na Stricker. ["At nananalangin kami na ang biyaya'y dumako sa mga bagay na iyong pagdadaan marahil, nang sa gayon ay makatayo kami sa tabi mo."] Salamat, Kapatid na Stricker. Salamat, iglesya, napakabuti n'yo po na inyong nasabi 'yan. Pinasasalamat ko ito nang husto.

²⁵ May nagsasabi kagabi tungkol sa, sa palagay ko si Kapatid na Fred 'yun na tumawag sa akin at nabanggit ang tungkol sa pangitain o panaginip na nagkaroon ang isang kapatid na

lalaki, na ikinuwento 'yun bago magsiuwian kagabi, nakinita raw ang kurbada ng mundo at may itim na ulap na gumugulong kasunod nito. Alam ko naman na sumusunud-sunod 'yun sa akin. Pero hayan, hangga't . . . hindi nun—hindi nun magagawa ito hanggang sa tapos na mismo ang Diyos, at pagkatapos—pagkatapos ako—ako . . . oras ko na nun para yumao. Kaya . . .

²⁶ Pero naiisip ko—naiisip ko ito, na “huwag maging mataas.” Hindi, hindi ko nga ibig na maging ganoon. Pero naiisip ko po itong *Ang Salmo ng Buhay*:

Ang buhay na ipinamuhay ng mga dakila'y
paalala

Kita n'yo, ang bagay na ginawa ni Pablo, ang bagay na ginawa ni Ireneo, ang bagay na ginawa ni Luther, ang bagay na ginawa ni Wesley, o bagay na ginawa ni San Martin, at bagay na ginawa nila.

Ang buhay na ipinamuhay ng mga dakila'y
paalala

Na buhay nati'y magagawang maipamuhay
nang kahanga-hanga,

Dahil sa kanilang paglisan, sa atin ay iniwan
Ang kanilang pinagbakasan sa panahong
buhanginan;

Mga bakas ng paa, na muli na namang ang iba,
Na ating kasamaha'y sumalimbay sa maringal
na karagatan ng buhay, (Na kapag ako'y
yumao na, kita n'yo, at yumao na.)

Mga namamanglaw at lumubog nating
kapatiran, (mapulot niya ang isa sa mga
aklat na ito't basahin,)

Na pagkakita, muling mabubuhay ang pag-
asa. (Ganoon nga.)

Tayo'y tumindig, pagkatapos, at magpunyagi,
Na buo ang puso sa anumang pagliligalig,

(Gustung-gusto ko 'yan, hindi ba't kayo rin?)
Huwag maging kiming, baka na itinutulak-
tulak pa! (Na kailangan pang itulak patungo
roon.)

Maging bayani sa pagliligalig! (Gusto ko—
gusto ko 'yan.)

²⁷ Ngayon, ang munti nating kapatid, na si George, may gustong-gusto nga siya na isa noon; binigkas ko 'yun sa gawain ng paglilibing sa kanya. Dati-rati aming . . . Nauupo ako at binibigkas ko itong *Ang Salmo ng Buhay*, alam n'yo, at mauupo rin siya at bibigkasin 'yung *Pagtawid sa Hangganan*. Kita n'yo? At narinig n'yo na 'yun:

Paglubog ng araw at Panggabing Bituwin,
 At isang tiyak na pagpapauwi sa akin!
 At wala nawa sa inyong manangis sa baybayin,
 Kapag ang dagat ay akin nang susuungin,
 (Maraming beses n'yo na itong narinig.)

Dahil ang lahat ng nasa labas ay umuusad sa
 oras at kalawakan,
 Dalhin man ako ng mga baha sa kalayuan,
 Ngunit umaasa ako na makakatagpo ko ang
 aking Piloto nang mukhaan
 Kapag tinawid ko na ang hangganan.
 (Sigurado ako na nakatagpo nga niya noong
 tumawid siya sa hangganan.)

28 At mangyari po, at heto naman 'yung akin:

Sa kanilang paglisan sa akin ay iniwan
 Ang kanilang pinagbakasan sa panahong
 buhanginan,
 Nang sa gayon ang iba, sa pagkakita, ay
 makasama,
 Ang puso'y tumatag at magpatuloy sa pag-
 usad.

29 Dahil, darating ang dakilang araw na darating si Jesus (at 'yan ang bagay na pag-aaralan natin sa umagang ito), matatapos na ito lahat sa panahon na 'yan.

30 Ngayon, iniisip ko nga sa umagang ito, dahil sa hindi natin matatalakay ang mga ito sa mga mensahe sa iglesya . . . Ngayon, marahil, kung loobin ng Panginoon, malapit na, marahil may bago akong munting serye ng mga pagtitipon tungkol naman sa *Ang Tunay at Huwad na Iglesya*, na tutugaygayin mula Genesis, dadalhin 'yun sa buong Biblia at tutugaygayin natin mismo hanggang sa Apocalipsis. Ang dalawang iglesya na 'yan, kung ano mismo ang gagawin nila. At marahil balang araw kapag tayo . . . kung loobin ng Panginoon, ipapatayo natin ang simbahan para mas may espasyo kayo para makaupo . . . At magugulat kayo kung gaanong karami ang tumawag at ikinuwento; na nagmaneho raw sila papunta rito at nakikita nilang punong-puno na talaga, kaya umaalis na lang sila, kita n'yo. At kaya sila tuloy . . . wala kasi tayong sapat na lugar.

31 At marahil sa tag- . . . sa tag-init kapag mainit ang panahon o kung ano, kung saan aarkilahin natin 'yung gym ng hayksul o kung ano, magiging mainam po, tatalakayin natin ang Aklat ng Apocalipsis kung ganoon, o kung ano, o Aklat ni Daniel at Apocalipsis, at ipagtugma-tugma 'yun na magkalakip para makamit natin ito.

32 Ngayon, wala po tayong kaugnayan kailanman sa mga Judio. Ang Judio ay . . .

³³ Ngayon, gaya ng sabi ko, sa—sa Madilim na Kapanahunan ng 1500, ang herarkiya ng Katoliko, noong nagtatatag sila, na pinagkaisa ang iglesya at ang estado, 'yun nga raw 'yung “post-milenyum.” Iniisip nila na sila'y—sila'y ganap na nasa Milenyum na dahil tinanggap na ng iglesya ang bikaryo nito, isang iginaya kay Cristo para maupo sa isang luklukan. At pag-iisahin nun ang iglesya at ang estado, at ang lahat ay tumiwasay raw, na “Ang dakilang Milenyum ay nangyayari na.” Pinapaniwalaan pa rin nila 'yan. Pero mali 'yan. Dahil hindi darating ang Milenyum, hindi maaaring dumating, nang wala munang pagparito ni Cristo.

³⁴ Si Cristo ang magbubunsod ng Milenyum, Siya ang Anak ng kasaganahan; at sa pagdating Niya, pagkatapos nga'y uusad ang sanlibong taon. At sa panahon na ito, magkakaroon ng Pag-agaw ng Iglesya paitaas, at pagkatapos ang pagbabalik ni Cristo. At alalahanin n'yo ngayon, noong. . . Ano ba ang kasunod na bagay na hinihintay natin? Ang Pag-agaw sa Iglesya.

³⁵ Ngayon, huwag n'yo pong mapaghalo ang Pag-agaw sa Iglesya at ang Paghatol sa Puting Luklukan. Dahil, ang Pag-agaw ng Iglesya, walang paghatol rito, kita n'yo, naharap n'yo na 'yun dito sa ibaba. Ganoon nga, “Sapagkat sila na nakay Cristo ay malaya sa kahatulan.” Sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan at hindi na paroroon sa kahatulan, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.”

³⁶ Papaano natin ginagawa 'yun? Pumapasok tayo kay Cristo at nababautismuhan sa isang Katawan, Unang Mga Taga-Corinto 12, “Isang Katawan.” Tayo'y nabautismuhan papasok sa Katawan ni Jesus Cristo, at hinatulan na ng Diyos ang Katawan na 'yun. Hindi na Niya tayo patitindigin sa kahatulan uli, dahil pinatawan na Niya ng hatol ang Katawan na ito. At sa pahintulot at biyaya ni Cristo ay Kanyang dinala tayo papasok sa Kanya, Unang Mga Taga-Corinto 12, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan lahat tayo papasok sa isang Katawan, at malaya na sa lahat ng mga kahatulan dahil tapos na Niyang tindigan ang mga kahatulan.” Oh, hindi ba't lubos-lubos ang pasasalamat n'yo dahil sa Kanya! Kanyang kinuha mismo ang mga kahatulan para sa atin. Wala nang kahatulan! Pero sila na tumanggap pumasok sa Kanya, sa Katawan na 'yun, ang mistikal na Katawan. . . Papaano tayo nakapasok Dito? Sa pamamagitan ba ng pakikipagkamay? Hindi. Sa pamamagitan ba ng liham? Hindi. Sa pamamagitan ba ng kung anong pagbabautismo, sa tubig? Hindi. “Sa pamamagitan ng isang Espiritu, Espiritu Santo, tayo'y nabautismuhan papasok sa Katawan na 'yun!”

³⁷ Ngayon alalahanin n'yo, tatalakayin natin 'yan nang tahasan sa umagang ito. Alinman 'yan na nasa Katawan kayo o wala

sa Katawan na 'yun, wala pong pagi-pagitan Dito. Wala pong medyo-mainam na mga Cristiano. At—at diyan. . . alinman sa Cristiano kayo o hindi kayo Cristiano. Walang itim-at-puting ibon, walang lasing-at-matinong lalaki. Hindi uubra. Alinman sa Cristiano kayo o hindi kayo Cristiano. Alinman 'yan sa kayo'y nakay Cristo o wala kay Cristo.

³⁸ Ngayon, mukha pong pagtuturo ito, hindi ako. . . malayong-malayo po ako sa pagiging isang guro. Anupa't ang pagtuturo ay nakakasakit talaga, 'yan po'y isang espesyal na kaloob sa—sa Katawan ni Cristo. Unang-una may mga apostol at pagkatapos may mga propeta, pagkatapos may mga guro, at mga ebanghelistang mga pastor; limang kaloob ng pagmimistryo sa Katawan. At ang pagtuturo ay isa sa mga kaloob ng Espiritu. Ngayon, itinutuloy-tuloy ko lang ang bagay na nakikita ko na tama at sinisikap na ihatid ito sa mga tao, at pag-aaralan at paglalakipin ang Mga Kasulatan. Ngayon, pero ito'y nakay Cristo lamang, ang Katawan ni Cristo ay kailangang mapagkilala.

³⁹ Ngayon, ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis ay tumatalakay sa Iglesia. Ang Gentil, Judio, Etiopo, Aprikano, bawat uri ng tao sa mundo'y tumutugaygay sa mga Gentil na bumubuo sa Katawan na ito; itim, puti, kayumanggi, lahat na, ito'y isang palumpon ng bulaklak, at ganoon nga 'yun, na inilalagay ng Diyos sa ibabaw ng Kanyang dambana; at binubuo 'yun ng lahat na mga bansa, mga angkan, mga wika, at mga tao.

⁴⁰ Pero, ngayon, pagkatapos n'yong umalis sa ika-3 kabanata (ang Mga Kapanahunan ng Iglesia rito), babalik ang Diyos at kukunin ang mga Judio, wala nang Iglesia na lumilitaw sa kapanahunan na 'yun. Ito'y mga Judio na. At ang Diyos ay hindi nakikipag-ugnay sa mga Judio bilang mga indibiduwal, Siya'y nakikipag-ugnay sa Israel bilang isang bansa, bilang isang bansa sa tuwina.

⁴¹ Ganoon nga 'yun naunawaan ng isang tao nung isang araw. Nakatanggap ako—nakatanggap ako ng maraming mga liham tungkol dun, *Hybrid na Relihiyon*, na ako'y nagkomento sa. . . Sinabi ng Biblia na ang isang ilehitimo, na tinawag na “anak sa labas,” ay hindi maaaring pumasok sa kongregasyon ng Panginoon sa loob ng sampung henerasyon, na tumutumbas ng apatnaraang taon na ang isang ilehitimong bata'y hindi makakapasok sa kongregasyon ng Panginoon. Ganoong kasama mismo ang pagha-hybrid; 'yun po'y isang babae na nakisama sa ibang lalaki para manganak, na ang anak na 'yun ay hybrid, dahil hindi 'yun sa tatay nun kundi sa ibang lalaki. Kita n'yo? At ganoong kasama 'yun sa harap ng Diyos, na kinakailangan umabot ng sampung henerasyon para maalis 'yun sa pagsasalinsalin ng lahi, sa harap ng Diyos.

42 Pero hindi na 'yan angkop sa kapanahunan na ito. Mayroon ka nang bagong Kapanganakan ngayon. Hindi sila . . . Mayroon kasi silang isang klase ng kapanganakan sa panahon na 'yun noon, 'yun 'yung aktuwal na seksuwal na pagpapalahi. Kamit na natin ang bagong Kapanganakan ngayon na espirituwal, na inaalís mismo ang lahat ng di kaaya-aya. At tayo'y mga bagong nilalang na kay Cristo Jesus, ipinanganak na muli sa Espiritu ng Diyos. Bagong mga nilalang! Sa salitang *nilalang*, kung may ilan sa inyo na magagaling na iskolar dito na naiintindihan (Kung hindi po, puwede n'yong saliksikin.), na ang *nilalang* ay nanggaling sa salitang Griyego na "isang bagong lalang." Oh, kung papaano nga na kayo'y nilalang dito, sa pagkakapanganak sa inyo sa seksuwal na pamamaraan; kayo ngayon ay isang bagong nilalang, ipinanganak sa Makalangit na paraan. Ng. . . sa bagong paglalalang ng Diyos sa isang bagong tao. Bagong lalang, sa Kapanganakan. Anupa't kinakailangan na isang kapanganakan mismo, kung papaano nga na ang natural na kapanganakan ay kinakailangan; ang espirituwal na Kapanganakan ay sadyang kinakailangan mismo gaya sa natural na kapanganakan.

43 May batang-bata pang magsing-irog na magpapakasal at sasabihin, "Ang una nating munting anak, ay tatawagin nating 'John.'" Kung ang bata'y hindi pa ipinanganak, wala ngang John. Ganoon 'yun. Ganoon mismo, marahil kayo. . . kahit na gaano pang karaming mitikal na kaisipan ang maiisip mo tungkol sa Langit, kung gaanong kadakila ito, kung hindi ka ipanganakan na muli ay wala kayo roon. Ganoon nga, kita n'yo. Kinakailangan na sa paraan na 'yun mismo, dahil kinakailangan na isang Kapanganakan talaga. Inilatag na ng Diyos ang Kanyang mga batas at ang lahat ay kumikilos batay sa Kanyang mga batas. Kita n'yo?

44 Ngayon, dito, mayroong nalabi na mga Judio na maliligtas. At sila muna ang tatalakayin natin, dahil inilulugar nito. . . Ngayon, mayroon pong tatlong uri ng mga tao sa tuwina sa anumang oras, lagi 'yan. At itago. . . panatilihin n'yo 'yan sa isip n'yo, na nandiyan: ang—ang mananampalataya, kunwangmananampalataya, at di-mananampalataya. Lahat ng tatlong ito mismo. At mayroong Judio, na isinantabi para mabigyan tayo ng pagkakataon; nariyan din ang malahiningang iglesya; at nariyan ang isang Iglesya na puspos-ng-Espiritu.

45 May isang beses, si Charlie Bohanon na presidente ng. . . o superintendent ng mga timog na distrito ng Public Service Company, noong nagtrabaho pa ako sa kanila noon. Pinag-aaralan ko pa lang ang Mga Kasulatan noon, bata-bata pa ako. At sabi niya, "Billy, sinuman. . ." Sabi, "Baka nakakain lang si Juan ng pulang sili at kaya binangungot siya doon sa—sa pulo ng Patmos."

46 Sabi ko, “G. Bohanon, hindi n’yo po dapat sinasabi ang ganyan.” Siya po ang boss ko, bisor.

Sabi niya, “Buweno, sino sa mundo ang makakaunawa N’yan?”

Sabi ko, “Naunawaan naman Ito. Mauunawaan Ito kapag ang Espiritu Santo’y handa na para ihayag Ito.” Ganoon nga.

47 Tapos sabi niya, “Oh, naku!” Sabi, “Sinubukan kong basahin Ito at ang pastor ko’y sumubok din na basahin Ito,” sabi, “nagkalabo-labo kami.” Sabi, “Ang unawa nami’y ang—ang Nobya’y tatayo sa Bundok ng Sinai.” Kita n’yo? Tapos sabi, “Tapos ang unawa nami’y ang Nobya ay kasama na ng dragon na nagbubuga ng tubig mula sa bibig nito, para makipagdigma sa nalabi ng binhi ng babae. Tapos nabasa namin na ang Nobya ay nasa Langit na. Ang tatlong ito mismo, na magkakasabay.”

Sabi ko, “Ganyan po kapag walang espirituwal na pagkaunawa.” Kita n’yo?

Sabi niya, “Buweno, hayan nga sila, lahat ay . . . ang tatlong ’yan na sabay-sabay.”

48 Sabi ko, “Ganoon, po ba, pero hindi po ganyan ang pagkakaposisyon diyen. Kita n’yo po, tinawag mo ang sandaan at apatnapu’t apat na libo na ‘Nobya,’ na hindi naman sila; mga Judio ang mga ’yun. At ’yung isa na binugahan ng dragon ng tubig mula sa bibig nito para makipagdigma sa mga nalabi, ang natira sa binhi ng babae na iningatan ang mga kautusan at kamit, ang patotoo ni Jesus. At ang Nobya ay nasa Kaluwalhatian na n’yan.” Kita n’yo?

49 Ang sandaan at apatnapu’t apat na libo, sa ika-14 na kabanata ng Apocalipsis, ay nakatayo roon sa Bundok ng Sinai, (Ganoon nga mismo.) na taglay nila ang Pangalan ng kanilang Ama sa kanilang noo. Ganoon nga mismo. Ang Judio ’yan, ang nalabi na mga Judio.

50 At pagkatapos heto ang dragon, ang herarkiya ng Roma. (Na, ang Iglesia Mismo ay inagaw na sa panahon na ’yan, nasa Kaluwalhatian na roon sa Hapunan ng Kasalan nang tatlo at kalahating taon.) Pagkatapos ang dragon, kita n’yo, ang *dragon* sa tuwina ay ang “Roma,” ang pulang dragon. Ngayon upang patunayan ’yan sa inyo, sa—sa Apocalipsis 12, ang dragon ay nagalit sa babae na manganganak noon ng isang Anak na lalaki na Siyang maghahari gamit ang panghampas na bakal, at ang dragon ay nagbubuga ng tubig mula sa bibig nito at . . . o—o para makipagdigma sa nalabi ng binhi. Pero ang pulang dragon, unang-una, tumayo siya sa harap nung babae na ito. Para kapag manganganak na mismo ang babae sa Anak na ito, kanyang lalamunin ang Anak na ito sa oras mismo na mailuwal Niya Ito. Ngayon, sino ang nakatayo noon sa harap ng iglesyang Israelita (ang babaing Israel), para lamunin ang kanyang Anak (si Jesus) sa pagkapanganak na pagkapanganak

Dito? Ang Roma! Si Herod ay nagpalabas ng isang proklamasyon noon sa lahat na—na patayin ang bawat bata mula dalawang-taong-gulang pababa, haya't nagkaroon mismo ng pagpaslang na pumatay sa lahat ng mga anak na Hebreo sa buong bansa. Ganoon na ganoon din ang ginawa ni Faraon para mahuli noon si Moises, na siyang tipo Niya, pinaslang mismo ang lahat ng mga bata at napalampas siya. Oh—oh—oh—oh, alam ng Diyos kung papaano sila ikukubli.

⁵¹ Oh, hindi ba kayo nagagalak na kayo'y nakukubli? Oh, isa ngang dakong kublihan! Sinabi ng Biblia, “Gayon din naman na ibilang n’yo ang inyong sarili na patay na at ang buhay ay kay Cristo, nakakubli kay Cristo at selyado ng Espiritu Santo.” Hindi kayo mahahagilap ng diyablo kahit gawin pa niya. Hindi nga niya magagawa, kita n’yo. Kayo’y nakakubli na kay Cristo! Ibilang n’yo ang inyong sarili na patay na! At ang inyong mga buhay ay nakakubli kay Cristo, nakakubli sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at selyado ng Espiritu Santo.

⁵² Ngayon, ngayon, ang nalabi na ito ay ang natutulog na birhen; na binugahan niya ng tubig mula sa kanyang bibig at nakipagdigma sa nalabi ng binhi ng babae. Ngayon, ano ang isang nalabi? Ngayon, diyan nga’y kailangan n’yong—kailangan n’yong makuha ang mga tipo na ito na maglakip ngayon. Mayoong iglesya na iglesyang *natural*.

⁵³ Akin lamang . . . Siguro’y iguguhit ko ito rito at palilinawin ko nang kaunti. Ngayon, Kapatid na Neville, kung magugol ko ang ilan sa oras mo, patawarin mo ako. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Amen. Wala naman sa akin.”—Pat.]

⁵⁴ Ngayon, heto ang . . . Ngayon alalahanin n’yo na heto ang ano? Ang di-mananampalataya, ilalagay ko “DM,” di-mananampalataya, at ’yan ang makasalanan. At heto ang isa pa na pormal, ilalagay ko “PO,” pormal na iglesya. At pagkatapos heto ang isa pa na iglesyang ligtas, “LI,” ang iglesyang ligtas. Ngayon, ilagay n’yo ’yan sa isip n’yo sa tuwina.

⁵⁵ Ngayon, dito sa iglesyang ligtas ay may dalawang klase, sa iglesyang ito *rito* at *dito*, na itinipo ni Cristo: ang isa sa kanila’y ang natutulog na birhen, at ’yung isa’y may Langis sa ilawan. Ngayon, lahat kayo—lahat kayo . . . Ilan po ang nakakaalala sa kuwento? Dadako tayo roon maya-maya.

⁵⁶ Ngayon, unang-una, bago natin gawin ’yan, dadako tayo sa sandaan at apatnapu’t apat na libo, ng Apocalipsis 7, para maunawaan ito nang husto. Ngayon, alalahanin n’yo ito. At sa inyo na naglilista, Apocalipsis 7 po.

⁵⁷ Sige’t maglaan lamang tayo ng sapat na oras. (At—at kayo—kayo po’y hindi muna magbabautismo hanggang sa—hanggang sa . . . Pagkatapos na ng gawain sa umagang ito, buweno.) Buweno . . . Ilalagay ko lang ang relo ko rito at babantayan ko kung anong oras na hanggang sa matapos tayo. Ngayon mayroon

na tayong—mayroon na tayong dalawang oras halos ngayon, at ang Panginoon ay tulungan nawa tayo para ipagkaloob ang pag-aaral na ito.

. . . *pagkatapos nito* . . .

⁵⁸ Ngayon, ating . . . Ang ika-6 na kabanata ay tungkol sa—tungkol sa puting kabayo, na siyang Espiritu Santo na humahayo na nananagumpay, para managumpay. Pagkatapos dumating ang maputlang kabayo, Kamatayan, at ang Impyerno ay nakasunod dito. At bawat isa sa mga nakasakay na ito sa mga kabayo.

⁵⁹ Ngayon, “pagkatapos nito,” pagkatapos ng malaking pagkawasak na ito. Ang unang lumabas ay ang Espiritu Santo sa buong kalaparan ng lupa, “na nananagumpay at upang managumpay”; pagkatapos dumating ang isa sa panahon ng malawakang taggutom, “isang takal na trigo sa isang denaryo, dalawang takal na sebada sa isang denaryo, at kung ano pa, pero huwag mong ipahamak ang Aking Langis at Alak”; at nagpatuloy pa pababa hanggang sa Kanyang buksan ang mga—mga tatak na ito.

. . . *pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa . . . upang sila’y huwag humihip sa lupa, o sa dagat man, o . . . sa anomang punong kahoy.*

At nakita ko ang ibang anghel na bumababa mula sa silangan, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya’y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel, na . . . maipahamak . . . na pinagkaloobang maipahamak ang dagat at ang lupa,

Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, o . . . punong kahoy, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin ng ating Dios sa kanilang noo.

⁶⁰ Ngayon, alalahanin n’yo, ang mga alipin sa tuwina ay ang mga . . . Ang mga alipin ng Diyos ay ang Judio. Si Abraham ay Kanyang alipin. Ang Gentil ay hindi isang alipin, ito’y isang Nobya, ito’y isang anak. Ito’y ang anak, ang Iglesya nga. Ang mga Judio ang mga alipin. Oh, kung inyo lang . . . Kung may oras lang sana tayo para masuri ang mga salitang ito nang maigi. Maraming beses na sinusuri ko sa silid doon, siyanga’t tinutugaygay ko ang lahat na mga sanggunian at iniisa-isa ’yun. Ang mga Judio’y isang alipin. Kung tatayo po ako rito at gugugulin ang lahat ng oras ukol sa “isang alipin,” hindi ko madadaan ang iba pang bahagi, kita n’yo. Kaya alalahanin n’yo, tugaygayin n’yo ’yan sa Biblia, at malalaman n’yo na ang Judio ay alipin ng Diyos.

⁶¹ Grabeng gandang pagkakaagapay ito na matutugaygay natin, kung babalik tayo sa Ezekiel 4, at masusumpungan doon

na sinabi Niya, “May bagay ba na tulad nito na nangyari noon?” Tumingin siya sa matataas na pader, at noong gawin niya, nakita niya ang kasuklam-suklam na ginawa sa siyudad. At doon ay lumabas. . . lumitaw ang apat na lalaki na may dalang mga sandatang pamaslang. At humayo sila para paslangin ang lahat sa buong bayan ng Jerusalem.

⁶² At bago siya. . . nagtungo sila para pumaslang, kanilang inihinto, pinatigil sila, dahil may Isa pa mismo na dumating na nakasuot ng puti, na may dalang tintero ng manunulat (Ilan na po ang nakabasa tungkol dun?) sa tagiliran niya, Ezekiel 4. Hayun nga ang tintero ng manunulat sa Kanyang tagiliran, nakadamit ng puti, ang sabi Niya, “Huwag kayong magtungo sa siyudad, huwag muna kayong pumaslang hanggang sa unang-una’y matatakan ninyo ang mga alipin ng Diyos sa kanilang noo.” At nagtungo Siya at Kanyang tinatakan, anupa’t sinabi, sa mumunting mga bata at lahat, tinatakan sila.

⁶³ At ’yung mga may dala ng sandatang pamaslang, apat sila na parating, sila’y pumasok at ganap na winasak ang lahat, nang walang awa. Pinatay nila ang mga kalalakihan, kababaihan, mga bata, at lahat na wala nitong tatak ng unang Lalaki na may tintero ng manunulat na nagtatak. At ang dakilang. . .

⁶⁴ Ngayon, ’yun nga’y sa mga araw pagkaraan ng ating Panginoon, noong magbabala Siya sa kanila tungkol dito sa Mateo 24, kung papaanong “Kapag nakita n’yo ang Jerusalem na pinalilibutan ng mga hukbo, huwag n’yong. . . huwag kayong bababa sa bubungan ng bahay, o papayagan ang tao na nasa bukid na’t babalik pa para kunin ang kanyang balabal, bagkus ay magtungo kayo sa Judea.” Isinulat ni Josephus ang tungkol sa bagay na ’yun, at kung papaano sila tumakas noon. At ang mga nakatakas lang ay yaong mga tinanggap ang Mga Salita ng Panginoong Jesus. At noong makita nila ang mga hukbo na nakapalibot na, at si Tito, noong A.D. 96, noong makita nila si Tito na nakapalibot sa pader ng Jerusalem at pinaligiran silang lahat mismo roon; kanilang kinain ang damo mula sa puno. . . kanilang kinain ang balat—balat mula sa puno, kanilang kinain ang damo mula sa lupa, kanilang pinakuluan mismo ang kani-kanilang mga anak at kinain. Ginutom sila, hinayaan sila sa loob, at sa huli’y pumasok sila dun at pinatay sila hanggang sa ang dugo’y dumanak mismo sa pintuang-bayan na parang isang—parang isang lawa na umaagos, may mga sapa ng dugo na umaagos palabas sa pintuang-bayan. Kanilang sinunog ang templo, winasak ang mga pader, at hayun nga ito na nakatayo hanggang sa araw na ito.

⁶⁵ At itinayo ang Moslem ng Omar kung saan nakatayo noon ang templo. At ipinangusap na ’yun noon ni Jesus sa Mateo 24, ang sabi Niya, “Kapag nakita n’yo na ang kasuklam-suklam na sumisira na nakatayo sa banal na dako, sa lugar na sinalita noon ng propetang Daniel, na sinaysay ang tungkol

dito,” pagkatapos ito’y nakapaloob sa panaklong, sabi, “(ang bumabasa, kanya itong unawain:)” Kita n’yo, “Kapag nakita n’yo na itong kasuklam-suklam, ang karumihan ng Moslem ng Omar na nakatayo roon kung saan nakatayo noon ang banal na dako.” At ngayon ang Moslem ay nakatayo mismo sa dako kung nasaan noon ang banal na dako, sa mismong lugar nung templo. Ang Mohammedan na Moslem ay nakatayo na mismo roon gaya ng sinabi ni Jesus na maitatayo ito, siyanga, gaya ng sinabi ni Daniel na maitatayo ito, at pinatunayan ni Jesus na maitatayo nga ito.

⁶⁶ Masdan n’yo ang mga propeta at ang Diyos roon na paunang sinasabi na ang mga bagay na ito, kapatid, siguradong patataasin nito ang buhok sa likod ng ating leeg na malaman na narito na tayo sa wakas ng panahon. Narito na tayo sa wakas! Wala nang natitira pa. Lahat ng mga bagay na ito’y nangyayari na mismo gaya ng sinabi Niya na mangyayari, aba’t, magbibigay nga ito sa atin ng kasiglahan, ibubunsod tayo nito na maging handa. Ang sabi Niya, nagbabala sa atin si Jesus, ang sabi, “Kapag nakita n’yo na ang mga bagay na ito na maganap,” gaya ng pinag-uusapan natin, sabi, “itaas n’yo ang inyong ulo, ang inyong katubusan ay malapit na.”

⁶⁷ At anong mabuting maidudulot sa atin kung maangkin man natin ang buong mundo? Mawawaglit din natin ito, ano’t anuman. Hindi natin—hindi natin kayang managumpay sa ganoon. May nag-iisa lang na pananagumpay, ’yun ay sa pamamagitan ni Cristo. Panghawakan n’yo si Cristo, at sigurado kayong magtatagumpay. Sigurado rin kayong yayao rito; marahil yayao na kayo bago matapos ang gawain na ito, marahil yayao kayo bago lumubog ang araw mamayang gabi, marahil kayo’y si- . . . yayao bago ito sumikat sa umaga, bago dumating ang susunod na Linggo ay marahil yumao na kayo, lahat tayo. Hindi natin alam kung kailan tayo yayao, pero alam n’yo na yayao’t yayao kayo. Kaya hindi ba’t kahibangan kung ipagpapaliban n’yo ito? Kayo’y—kayo’y nagpagala-gala lang, kayo’y—kayo’y nakikipaglaro sa kamatayan.

⁶⁸ Katulad nung padausdusan ng toboggan. Noon ay sumasakay sila sa isang toboggan at magpapaikot-ikot sa bagay na ito, tinitingnan nila kung gaanong kalapit ang magagawa nilang paglapit; at bigla-bigla na lang, nang walang kamalay-malay, dadausdos sila pababa sa dausdusan. At ganyan na ganyan ang ginagawa n’yo, nagpapaikot-ikot doon sa padausdusan. Hindi n’yo alam kung anong minuto na bigla na lang may magpapasubasob sa iyo, at wala ka na; titigil ang puso, maaaksidente sa sasakyan, anumang bagay ay puwedeng mangyari, at mamamatay ka. At pagkatapos ang iyong Walang Hanggang destinasyon ay nasa unahan lang n’yo. Bulayin n’yo ’yan, kaibigan.

69 “Ngayon, kapag nakita n’yo na ang kasuklam-suklam na sumisira na nakatayo sa banal na dako.” Ngayon, hayan nga, noong panahon ng pagdating ni Tito matapos na lumisan na si Jesus, ang Espiritu Santo ang lalaking ’yun na may tintero sa Kanyang tagiliran. At inikot Niya ang Jerusalem at naglagay ng tanda sa mga tao. At ngayon gusto kong pansinin n’yo ang isang bagay, miyembro ng iglesya. At heto’t inaangkin n’yo na taglay n’yo ang Espiritu Santo? Ang sabi Niya, “Huwag mong tatakan ang sinuman sa kanila bagkus yaon lamang nagbubuntong-hininga at nagsisidaing dahil sa kasuklam-suklam na ginawa sa siyudad.” Ngayon, saan n’yo mahahagilap ang sinuman na may ganoong kabigatan ukol sa mundo ngayon at sa kalagayan nito?

70 Buweno, “Methodist ako, Baptist ako, Presbyterian, haya’t ano bang kinaibhan nun?” ’yan ang sinasabi nila.

71 Oh, hindi ’yan kundi ’yung tuluy-tuloy na pasanin para sa mga naliligaw, ang katimyasan na ’yun. Huwag na huwag n’yong hahayaan na may kung anong bagay na uusbong at maglalagay ng kapaitan sa inyong kaluluwa. Kahit na gaanong kasama ang trato sa inyo ng sinuman o anuman, huwag na huwag! Huwag kayong magkasala ng pagpapabaya na sumabit ’yan sa inyong kaluluwa. Pipighatiin nito ang Espiritu Santo paalis sa inyo. Tunay na ’yun nga ang gagawin nito.

72 Naalala ko may nabanggit ako rito dalawa o tatlong taon na ang nakararaan na mali. Mga abogado ’yun na tumawag sa akin, at nagtungo ako at...Nakaupo roon ang maybahay ko. Ako’y...ang ulo ko noon, ay parang...mistula ngang mabibiyak, at pumunta ako—pumunta ako sa likod. At sila’y—sila’y tumawag sa telepono at ang sabi, “Sabihin mo sa kanya na pumarito ngayong hapon.”

At sabi ni Meda, “Ang mga abogado.”

Dagli akong lumabas ng pinto, sabi ko, “Sabihin mo sa kanya na wala ako rito.”

Sabi niya, “Bill!”

Tapos sabi ko, “Sabihin mo sa kanya na wala ako rito ngayon.” Tapos lumabas ako.

73 Pagkatapos lumabas nga ako at ang sama ng kalooban ko, at bumalik ako. At ’yun ang sinabi niya dun sa tao; nakita ko na sumama ang loob ng maybahay ko dahil dun.

74 Tapos nagtungo ako noon para manalangin para sa... may lalaking nagtungo rito, may munting sanggol siya na may sakit. At noong ipapatong ko na sa sanggol ang kamay ko para ipanalangin ito, may Bagay na nagsabi sa akin, “Ikaw na mapagkunwari.” Kita n’yo? “Alam mo ang ginawa mo.”

75 Tapos sabi ko, “Ginoo, hindi po ako karapat-dapat manalangin para sa iyong sanggol. Kita mo, nagdalamhati sa akin ang Espiritu Santo at hindi ko dapat pinapatungan ng mga

kamay ang sanggol. Maghintay ka lang hanggang sa maitama ko ang isang bagay.”

⁷⁶ Pumunta ako at sinabi ko . . . sinabi ko sa abogado ko, sabi ko, “Ako’y—ako’y nakagawa ng pagkakamali.”

Sabi niya, “Akala ko wala ka nun.”

Sabi ko, “Hindi.” Sabi ko, “Ang nangyari . . . Ibinunsod ko ang maybahay ko na magsabi ng isang bagay na mali.” Sabi ko, “Ako’y—ako’y humihingi ng tawad, hindi ko—hindi ko—hindi ko sinasadya na gawin ’yun.” Sabi ko, “Magagawa mo ba akong patawarin sa bagay na ’yun?”

Tapos hiniling ko rin sa maybahay ko na patawarin ako tungkol dun.

⁷⁷ Pagkatapos bumalik ako sa Green’s Mill, Hulyo po noon. Oh, talagang tahimik na tahimik noon sa kakahuyan, at nandun ako sa kuweba nang buong hapon, nananalangin. At pumunta nga ako at tumayo sa ibabaw ng bato sa dako roon at nakakatanaw ako lampas sa mga burol, at napakaganda nun, at ’yung mga dahon at lahat, sadyang tahimik; mga alas singko na noon, alas sais, nang hapon, tag-init noon. Walang anuman dun kundi, talagang tahimik, na mainit na araw. Tapos sabi ko, “Makalangit na Ama, si Moises, Iyong itinayo siya sa ibabaw ng bato isang beses at dumaan Ka.” Sabi ko, “Kung Iyo pong pinapatawad ako sa masamang bagay na ’yun na ginawa ko, maaari Ka bang dumaan muli at payagan ako na makita Ka?” At doon lamang sa kaliwa ko sa gilid ng burol doon ay may munting ipo-ipo na unti-unting umiihip nang marahan sa mga dahon, dumaan ’yun sa tabi ko nang *paganoon* at dumaan sa kakahuyan. Ako nga’y napaiyak na parang sanggol.

⁷⁸ Bumaba ako, sabi ko, “Tiyak ako na ang aking pagkakasala’y pinatawad na ngayon.” Kita n’yo?

⁷⁹ Kita n’yo, lagi n’yong iwaksi ang lahat ng mga ugat ng kapaitan palayo sa inyo. Kita n’yo? Kahit na ano pa ang gawin ng sinuman sa inyo, hayaan n’yo . . . hayaan n’yo ang Diyos diyan na maglalayo sa inyo sa lahat ng kasamaan.

⁸⁰ Ngayon, ang mga Cristianong ito na natanggap ang babala ni Cristo, ngayon masdan n’yo, ang isang tipo ng bagay na pinaguusapan natin sa umagang ito. Ang mga Cristianong ito na natanggap ang babala, lumabas sila ng Jerusalem dahil alam nila na malapit na itong mangyari.

⁸¹ Ngayon masdan n’yo ang mga miyembro ng iglesya, ang tipo ng mga tao na nagsisimba, na umaanib lang sa simbahan, lahat sila’y nagsabi, “Aba, may parating na mga hukbo, may parating na digmaan, ngayon magtungo tayo sa bahay ng Panginoon at manalangin.” Pero huli na sila. Wala nang mabuting naidulot, kita n’yo.

⁸² Pero sila na inantabayanan ang babala, ang mga alagad na ito, na nakakaalam nung sinabi ni Jesus, haya't sila'y tumakas. (Sinabi ng mga mananalaysay ng kasaysayan na "Yaong mga tao na binansagang mga 'kanibal,'" ang sabi ng mga tao, "kanilang kinakain ang katawan ng—ng taong ito na nanggangalang 'Jesus' na noon ay nagpapagaling sa kanila." Kita n'yo, sila'y kumakain noon ng komunyon. Hindi sila...hindi niya alam kung ano 'yun, kita n'yo, dahil isa siyang karnal na tao, hindi naman mananampalataya, at isang mananalaysay lang ng kasaysayan. At siya...) At sila'y nakatakas mula sa galit na dumating sa lupa.

⁸³ Ngayon, kita n'yo, at pagkatapos nun ang buong Jerusalem ay winasak. Ngayon 'yan...Ngayon ito rito'y ganap na umaagapay, Apocalipsis 7. Ngayon masdan n'yo! Mula sa panahon ng pangungubkob ni Tito sa Jerusalem, sa buong mundo, wala nang panahon sa tugaygay ng kasaysayan na ang buong mundo'y nakipagbaka sa digmaan hanggang noong 1914. Ngayon pakinggan n'yong maigi! Ngayon dito namali ng hakbang si G. Rutherford, sigurado ako, dito mismo. Ngayon masdan:

At pagkatapos nito ay nakita ko ang isa pang anghel na naka-...ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, (Yan nga'y nakatayo nang paganito, sa apat na sulok ng lupa.) na pinipigil ang apat na hangin ng lupa, (Ngayon, sinuman sa inyo'y alam na kung anong ibig sabihin ng mga hangin sa Biblia, ang mga hangin ay "digmaan, alitan," ang diyablo ang kapangyarihan, ang prinsipe ng hangin, kita n'yo.)... at pinipigil ang apat na hangin...upang sila'y huwag humihip sa ibabaw ng lupa, o...sa dagat man,...

At...ang ibang anghel na bumababa mula sa silangan (kung saan darating si Jesus), na taglay ang tatak ng Dios na buhay: sa kanyang bukas na kamay, sa kanyang kamay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel, na wawasakin ang mundo, na sinasabi, sino... na pinagkaloobang maipahamak ang dagat at ang lupa,

Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit...ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin ng ating Dios sa kanilang noo.

⁸⁴ Ngayon, ang Diyos ay hindi sakop ng oras, Siya'y sa Walang Hanggan. Tayo'y nagsusukat sa pamamagitan ng mga panahon, ang tanging nalalaman natin ay mga pulgada at mga kuwadrado, at mga milya, at kung ano pa. Ang Diyos ay Walang Hanggan, walang pasimula ni wakas. Kita n'yo, Siya'y—Siya'y Walang Hanggan.

⁸⁵ Ngayon, noong 1914 ang buong mundo'y nagmartsa papasok ng Alemanya para sa pandaigdigang digmaan, ganoon nga, ang buong mundo'y sumabak sa pandaigdigang digmaan. At napansin n'yo ba? May bagay nga na kakatwa.

⁸⁶ Gusto kong ang mabuting kaibigan ko na nakaupo rito, ang tatay ni Kapatid na Wood, na linawin ito. Kita n'yo, sila po'y . . . siya po'y isang naakay galing sa pagka-Jehovah Witness, kita n'yo.

⁸⁷ At kaya ganito na nga, lahat sila'y nagmartsa papuntang digmaan. Naaalala mo ito nang lubos, noong 1914. Ngayon, hindi ba't kakatwa po (doon sa librong *The Decline of the World's War*, may mga tomo po ako nun, sa ikalawang tomo, sa bandang pahina apatnapu't apat) ang sabi'y hindi nila alam hanggang sa araw na ito kung sino ang nagpahinto sa digmaan na 'yun. Sinabi ni Kaiser Wilhelm na hindi siya kailanman naglabas ng ganoong proklamasyon. Pero, bigla-bigla na lang, natigil 'yun at walang nakakaalam kung bakit. Habang naglalabanan sila, heto't dumating ang . . . sa unahan, at sa . . . umahon ang lahat na haya't: "Ang lahat ay ganap nang, tapos na ang digmaan." At sila'y nakapirma na sa isang kasunduan ng kapayapaan, nang hindi nalalaman kung anong nangyari.

⁸⁸ Ngayon siyanga't, gugugol tayo marahil ng isang araw o dalawa para mailahad ang kabuoan n'yan. Wala silang kaalam-alam; pero paikliin natin ito at diinan lang ang mahahalagang bagay. Ang Diyos ang nagpahinto nun, para tuparin ang Kanyang Salita! Hayun ang Anghel na 'yun na nagpahinto nun. Dumako ang Mga Anghel na 'yun dun na may dalang sandatang pamaslang (Ano?) para wasakin sana ang buong mundo, at may isa pang Anghel na nagsabi, "Sandali lang! Huwag n'yong gawin 'yan, kinakailangan nating tatakan ang mga lingkod na ito ng ating Diyos sa kanilang noo, muna."

⁸⁹ Yun nga'y halos kasabay nung paglitaw ng Pentecostes, noong 1906, 1914, naman doon. Ilan sa inyo ang nakakaalam? Mayroon bang matagal nang Pentecostal dito, na naaalala pa ang mga araw na 'yun doon? Tunay. Noong panahon na 'yun, noong sinaunang panahon, noong ang Espiritu Santo'y nagsimulang bumuhos at ang mga tao'y tumanggap ng Espiritu Santo at nagsalita sa iba't ibang wika at nanalangin para sa mga maysakit at iba pa, na nagpapasimulang mangyari, o sa pagitan mismo ng dalawang kapanahunan na ito rito; noong kakapasok pa lang nito, haya't ang Iglesia'y tunay pa noon. Pagkatapos ang Pentecostal ay unti-unting nagiging denominasyon, Assemblies of God, at Church of God, at iba pa, at napadpad sa kanilang mga ismo gaya ng katayuan na nila ngayon. Kaya ito'y . . . Narito na tayo sa wakas ng kapanahunan, kita n'yo. Ang lahat ay tumutugaygay patungo sa katapusan, ang lahat ay patungo na mismo rito sa kawakasan.

⁹⁰ Ngayon, sa mga ito, ang apat...Napansin n'yo, nahinto 'yun noong—noong ika-labingisa ng Nobyembre, nang alas onse ng araw na 'yun; na ika-labingisang buwan ng taon, ika-labingisang araw ng buwan, at sa ika-labingisang oras ng araw. Naalala n'yo ba kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol diyan? “May isa na magtutungo sa ubasan upang magtrabaho sa isang partikular na oras, ang isa'y nakatanggap ng isang denaryo, at 'yung kasunod nama'y nagtungo,” sila yaong ika-labingisang oras na mga tao. Tama ba? Hayun nga sila, ang ika-labingisang oras na mga tao; 'yun nga'y pinigil. Ngayon ay dumarating na 'yung oras na sila'y papasok na, at kanilang tinitipon na ang mga Judiong 'yun, bilang isang bansa. Sila'y nakakalat sa buong mundo, doon sa ibayo ng Iran at iba't ibang lugar kung saan hindi nila kailanman namalayan na si Jesus ay nasa lupa na noon, wala silang kaalam-alam tungkol sa isang Bagong Tipan o anuman.

⁹¹ At ngayon maaari n'yong tingnan ang *Look* magasin, at *Life* at ang mga ito, na nagpapakita ng mga litrato ng kanilang pagbabalik. Hindi ba't sinabi 'yun ni Jesus, “Kapag nakita n'yo ang puno ng igos na umuusbong na”? Ang mga Judio sa tuwina'y ang puno ng igos. “Ang henerasyon na ito ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng mga bagay na ito ay matupad.” At ngayon sila'y nakabalik na, isang bansa na, mayroon na silang sariling pera at sariling bandila, at lahat, at kinikilala ng U.N., sila'y isang bansa na. Siya'y nakaayos na! Siya'y handa na! Ngayon, handa para sa ano? Sa pagtatatak ng sandaan at apatnapu't apat na libo (Ngayon, dadako tayo riyang mayamaya.) ng Israel; sila na mga Judio, hindi yaong grupo sa Wall Street na ugali nang manuba at magnakaw at lahat na, ang ibig sabihin ko rito'y ang tunay na mga Judio, malinaw, na tunay na mga Judio na tumutupad sa mga kautusan ng Diyos sa dako roon.

⁹² Ngayon, ang tunay na mga Judio'y nagkakatipon na muli sa Palestina, at saktong ganoon mismo sa sinabi ng propeta; kung papaano nga na si Ismael at Isaac noon ay punterya ang leeg ng isa't isa, laging nag-aaway, inihula mismo na sila'y paroroon sa huling araw, at hayun nga sila na naroon na. Heto si Ismael dito, at isang bloke lang ng siyudad dito't hayan naman si Isaac, at kapwa sila (mga Mohammedan at mga Judio) kapwa sila nag-aaway sa isa't isa sa pinag-aagawang lupa.

⁹³ Ngayon para makita kung ang Mensahe bang ito na taglay natin ay konektado dun o hindi. Yung mismong oras na itinala ang Israel para maging isang bansa, 'yun din ang mismong oras, mismong araw, mismong buwan, ang lahat mismo: naroon ako noon sa Green's Mill, Indiana, noong ang Anghel na 'yun ay nagpakita sa akin at pinadala ako sa pagmimisyon kalakip Ito; matapos na Kanyang katagpuin ako sa ilog at sabihin sa akin kung anong mangyayari, pagkatapos ay inatasan ako labing-

isang taon ang nakalipas sa parehong oras na ang Israel ay itinala bilang isang bansa. Ang lahat ng 'yun ay konektado.

⁹⁴ Kita n'yo, ang Anghel ng Panginoon ay nasa lupa ngayon, kita n'yo, Siya'y kumikilos sa palibot na inihahanda ang lahat ng mga bagay para sa pagparito ng Panginoon. At 'yun ang siya ring mga Anghel na narinig ang kasalanan noong pumaroon sila noon sa Sodoma at nasumpungan nila . . . sabi, "Nagtungo Kami rito para makita kung ang mga bagay na ito'y ganoon nga, kung ganoon nga ito sa Aming narinig."

⁹⁵ Naalala n'yo ba 'yun? At isa sa mga Anghel ay nagtungo naman sa . . . (Ang isa'y nagpaiwan kasama si Abraham na Hirang.) Ang Sodoma'y nasa ibaba *rito*, at si Lot ay nasa Sodoma noon, at 'yung dalawang Anghel ay nagtungo roon at nangaral sa kanila at inilabas ang munti't, kakaunting grupo roon, ang natutulog na birhen. Kita n'yo? Buweno. (Pero 'yung isang Anghel na 'yun ay nagpaiwan kasama si Abraham.) Ang Mga Anghel ay nangaral sa dako *rito*, isang modernong Billy Graham at sila, hinatak sila palabas.

⁹⁶ Pero ang Anghel na tumayo kasama si Abraham na ang Kanyang likod ay nakatalikod sa tolda, at sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawa, na si Sarah?" Papaano Niya nalaman na kasal si Sarah, na kasal si Abraham? At papaano Niya nalaman na may asawa si Abraham? At papaano Niya nalaman ang pangalan niya, na ang pangalan niya ay Sarah? Sabi, "Siya'y nasa loob ng tolda sa likod Mo."

⁹⁷ Sabi Niya, "Buweno, Ako'y nangako sa iyo." "Ako," nakita n'yo kung sino ang Anghel na 'yun, "Ako'y nangako sa iyo. Dadalawin Kita ayon sa panahon ng buhay, ipapanganak ni Sarah ang sanggol na ito."

⁹⁸ At si Sarah, sa tolda sa likuran Niya, tumawa ito sa loob niya. At ang Anghel, habang nakatalikod Siya, sabi, "Bakit tumawa si Sarah?" Nakita n'yo ang tanda na ibinigay Niya sa Hirang na Iglesya?

⁹⁹ Nakita n'yo ang tanda na natanggap nila dun sa Sodoma?

¹⁰⁰ Hayan ang tatlong uri n'yo uli riyan, tumutugaygay uli tayo pabalik sa mga ito.

¹⁰¹ Mayroon tayong . . . heto ang mga kilalang ministro na para sa mundo roon sa labas. Matapos na matanggap ni Billy Graham ang Espiritu Santo, hindi siya maaaring magtungo *rito*. Doon sa dako *roon* ang kanyang dako at napagkilala niya ito, at pinanatili siya ng Diyos doon. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng intelektuwal na pangangaral, ang bagay na 'yun na napapakinggan niya rito, pero haya't sinisikap niyang ilabas ang Sodoma, sinisikap na ilabas, o magbigay ng biyaya sa natutulog na birhen na 'yun. Kita n'yo?

¹⁰² Pero *heto* si Abraham at ang kanyang uri, at sabi ni Jesus, “Kung papaano sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao.”

¹⁰³ Kita n’yo, ang mga anghel na ’yun ay paririto sa lupa na gagawin ang siya ring bagay. Kita n’yo, ’yan ang dahilan kung bakit nagtungo si Billy sa Baptist at iba pa na gaya nun. Marapat mismo! Kita n’yo, si Jack Shuler at lahat ng mga bantog na kalalakihan na ’yun—mga kalalakihan sa dako roon na humahayo...ang mga rebaybalista, kinakailangan nilang gawin ’yun dahil kanilang—kanilang hinahatak sila palabas. Hindi sila nagpamalas ng mga himala sa dako roon; kaunti lang, katulad noong binulang ang mga tao. Pero yaong pangangaral ng Ebanghelyo ang bumubulag sa mga tao roon, kita n’yo, ’yan mismo ang sinasabi ng Biblia.

¹⁰⁴ Pero itong lalaki *rito’y* nagpamalas ng tanda, sobrenatural na tanda, kay Abraham at sa kanyang kauri, yaong Iglesyang-Hirang.

¹⁰⁵ Ngayon, noong 1914, ang mundo’y sumabak sa digmaan, at hindi na nagkaroon ng kapayapaan mula noon; walang humpay na umuugoy, umuugoy, umuugoy, at ganoon na ganoon pa rin ang ginagawa nila. At anong ginagawa nila? “Pinipigil!” Oh Diyos, mahabag Ka! Pinipigilan ang malakihang bagay na ’yun na nakita ko sa pangitain (na ang buong bagay na ’yun ay ang pagkawasak), pinipigil ang atomika, pinipigil ang mga digmaan para hindi nila mawasak ang kani-kanilang sarili hanggang sa dumating ang bagay na ’yun para wasakin ito; hanggang sa makabalik ang Israel at maihanda nito ang kanyang sarili, at pagkatapos ang Mensahe ay dadako na sa Israel at siya’y tatatakan ng Tatak ng Espiritu Santo. Kita n’yo, matapos na ang mga Gentil ay tinawag palabas; ang mga tao para sa Kanyang pangalan ay tatawagin palabas, na sa kapanahunan na ito *rito* ay sila’y tinawag. Pagkatapos ang Israel ay tatanggap ng isang tatlong-taon-at-anim-na-buwan na Mensahe.

¹⁰⁶ Yan mismo ang sinabi ni Daniel, sinabi na magkakaroon, na magkakaroon, may pitumpu, uh, o, o, “pitong taon na iprinopesiya sa kanila, na natira na lang para sa kaligtasan ng mga Judio.” Ang sabi niya, “Mesiya, ang Pangulo, na si Cristo, ay darating at magpropesiya sa pagitan ng pitumpung taon...o pitong taon, tapos Siya’y puputulin.” Si Jesus ay nangaral noon nang tatlo at kalahating taon at pagkatapos ay pinutol na, at ang araw-araw na alay ay inalis gaya ng pagkakasabi ni Daniel. Buweno.

¹⁰⁷ At pagkatapos nagkaroon ng espasyo ng panahon na ibinigay para sa mga Gentil, at sila’y tumugaygay hanggang sa kapanahunan na ito. Pagkatapos may tatlo at kalahating taon na natitira para sa mga Judio. Ngayon kung dadako tayo sa Apocalipsis 11, makukuha natin ’yun sa dulo (Hindi lumitaw ang

Iglesya hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis.), pero sa dulo nun, si Elias at si Moises ay nagbalik muli at nangaral sa mga Judio. Ang dalawang lalaki na pinahiran ng Espiritu na 'yun, o marahil sila mismo ito, hindi sila kailanman namatay noon. Kaya kanilang pinatay sila at kanilang inihandusay sa lansangan na tinawag na *Sodoma* kung saan ang ating Panginoon ay ipinako sa krus, "Jerusalem." At pagkatapos ng tatlong araw, aba't, ang buhay (Espiritu ng Buhay) ay dumako sa kanila at sila'y iniangat, ibinangon. At pagkatapos mga nasa sankatlo ng lupa ang pinasambulat na magpira-piras sa oras na 'yun. Sila'y nagpamalas ng mga himala't mga tanda sa mga Judio.

¹⁰⁸ Ngayon heto ang mga Judio na pinuntahan nila para pangaralan. Ang mundo'y . . . hindi . . . hindi nila magagawa na pasabugin ang isa't isa o magpatayan sa isa't isa, o ibunsod man ang pagkawasak, hanggang sa ang mga Judio'y makabalik sa lugar nila; heto po ang Biblia na sinasabi mismo ito, nakita niya ang apat na Anghel. At masdan n'yo kung anong tatanggapin nila; kinakailangan nilang tanggapin ang Espiritu Santo gaya naman natin.

¹⁰⁹ Kung ang Lalaki na 'yun na may dalang tintero ng manunulat ang Espiritu Santo, (Napagtatanto natin 'yan, lahat mismo, na nagbabasa ng Biblia.) buweno, gayundin na ang siya ring Anghel ay darating uli kalakip ang Espiritu Santo, "ang tatak ng buhay na Diyos." Mga Taga-Efeso 4:30, ". . . ang santong Espiritu ng Diyos . . . tinatakan kayo hanggang sa araw ng iyong pagkatubos."

¹¹⁰ At wala nga silang maaaring gawin hanggang sa makabalik ang mga Judio na 'yun. At nitong mga ilang sanlinggo pa lang ang nakararaan ay kanilang inuri ang buong bagay na 'yun na maglakip at naging pasok na sa U.N. Handa na po! Narito na tayo sa kawakasan, ang lahat ay natatakan na ngayon.

¹¹¹ Ngayon, ngayon masdan, para patunayan na sila'y mga Judio, ngayon, kukunin ko ito:

Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, o anumang punong kahoy, hanggang sa aming matatakan ang mga alipin ng ating Dios sa kanilang noo.

¹¹² Ngayon, para patunayan na ang kapahayagan na ito ay tama, masdan n'yo ito, ang ika-4 na talata:

At narinig ko ang bilang ng . . . mga natatakan: at sila'y natatakang isang daan at apat na pu't apat na libo sa buong angkan ng mga anak ni Israel.

¹¹³ "Mga Israelita." Nasaan sila? Hayan nga sila na nagkakatipon na ngayon. Naroon sa sila sa dakong 'yun na handa na, hinihintay ang panahon ng pagtatatak na dumating. "Na sa angkan ng Juda ay labing-dalawang libo ang tinatakan.

Sa angka ni Ruben, labing-dalawang libo. Sa angka ni Gad, labing-dalawang libo. Kay Aser, labing-dalawang libo. Kay Neftali, labing-dalawang libo.” At sunud-sunod, kay Simeon at oh, ang. . . hanggang kay Benjamin, ang labing-dalawang tribo. At ang labing-dalawa multiplika sa labing-dalawa ay sandaan at apatnapu’t apat na libo. Kita n’yo? Ngayon hayun nga ’yun. . .

114 Ngayon kung titingnan n’yo ang ika-14 na kabanata, pansumandali, dito’y makikita n’yo:

At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo. . . sa bundok ng Sinai, at ang kasama niya’y isang daan at apatnapu’t apat na libo, na may pangalan ng Ama na nasusulat sa kanikaniyang noo.

115 “Bundok ng Sinai.” Ang Cordero’y nagbabalik mula sa Pag-agaw. At bumalik, gaya ng natalakay natin nung isang gabi, noong palabasin ni Joseph ang lahat ng mga Gentil noong tumayo siya sa tabi ng kanyang mga kapatid, na nagsabi, “Ako si Joseph, na inyong kapatid!” At pagkatapos sila’y natakot.

116 Naalala n’yo ba sa kapanahunan ng iglesya roon na tinalakay natin, kung kailan Siya magbabalik? Maging yaong mga bumutas ng Kanyang mga kamay, haya’t sasabihin nila, “Saan Mo nakuha ang mga pilat na ’yan ng pako?”

117 Sabi Niya, “Sa mga kamay ng Aking mga kaibigan.” At sila’y nanaghoy. At bawat pamilya’y bumukod mismo sa isa’t isa, haya’t tumangis at tumangis at tumangis, dahil nagawa nila ang bagay na ito na masama. Ang mismong Mesiyas nila, ang mismong Diyos. At sasabihin Niya sa kanila kung papaanong eksakto na sinabi Niya sa—sa. . . sinabi ni Joseph sa Israel, ang sabi niya, “Huwag kayong magalit sa sarili n’yo, dahil ginawa ito ng Diyos para mag-adya ng buhay.”

118 “At ang Diyos. . .” Sinasabi ng Biblia na “binulag ng Diyos ang mga mata ng mga Judio nang sa gayon ay magkaroon ng pagkakataon ang Gentil (tayo, mismo), para kumuha ng isang bayan para sa Kanyang Pangalan, ng Kanyang Nobya palabas sa mga Gentil.” Oh, ang ganda! Di po ba? Hayan nga.

119 Hayan ang sandaan at apatnapu’t-. . . Ngayon kung gusto n’yong makita ang Nobya na lilitaw pagkatapos nun, para ipakita na ang sandaan at apatnapu’t apat na libo’y hindi ang Nobya, ipagpatuloy n’yo lang ang pagbabasa mula sa ika-8 kabanata pababa; o, tama po, ang ika-8 kabanata; o ang ika-8 talata, ang ibig kong sabihin, mula sa ika-7 kabanata. Simulan natin sa ika-9—ika-9 na talata, dahil ang 8—ika-8 ay ang pagtatatak kay Benjamin, labing-dalawang libo.

Pagkatapos—pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at, narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, (Heto na ang Nobya.) na mula sa bawa’t bansa, . . . mga angka, . . . mga bayan, at

mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay;

At nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, Ang pagliligtas ay sumaaming Dios na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero.

. . . ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay, . . . sila'y nangagpatirapa—nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Dios,

Na nangagsasabi, Siya nawa: Mga pagpapala, . . . kaluwalhatian, . . . karunungan, . . . pagpapasalamat, . . . karangalan, . . . kapangyarihan, . . . kalakasan, nawa ang sumaaming Dios magpakailan kailan man. Siya nawa.

At sumagot ang isa sa matatanda na, at nagsasabi sa akin, Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit ay sino-sino? at saan nagsipanggaling sila?

At sinabi ko sa kaniya, Ginoo, Ikaw ang nakakaalam. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.

Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Dios, at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa templo: . . .

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kita n'yo?

¹²⁰ Ano ba ang ginagawa ng maybahay n'yo? Pinagsisilbihan niya kayo sa bahay. Mauupo ka, bibigyan ka niya ng pagkain mo, siya ang nag-aayos ng mga damit. Kita n'yo, nagsisilbi siya sa iyo araw at gabi sa bahay. Kita n'yo? At itong isang ito, itong sa lahat na mga bansa, ang mga Gentil, na Nobya, ay nasa harapan ng luklukan ng Diyos, kasama Siya araw at gabi. Ang lahat ba'y naaalala ang sinabi natin, kagabi at pinag-usapan tungkol dito?

. . . at siyang nakaupo sa luklukan ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo.

Sila'y hindi na magugutom pa, ni sila'y mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng liwanag—liwanag ng araw, o ng anomang init.

Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at . . . sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios . . . ang bawa't luha ng kanilang mga mata.

¹²¹ Ngayon, hayan ang sandaan at apatnapu't apat na libo (ang Israel) na naghihintay sa pagdating ng Panginoon at hindi makapapasok hanggang sa matapos muna ang mga Gentil, kinakailangan na matapos muna.

¹²² Ngayon, marahil may sasabihin ako na isang munting personal na bagay lang, umaasa ako, nagtitiwala na mauunawaan n'yo ito. Noong si Lewi Pethrus ng Stockholm, Sweden, ang pangkalahatang tagapangasiwa, pinuno ng mga iglesyang Filadelfia, nagpadala siya ng isang milyong Biblia sa mga Judio na ito, munting mga Bagong Tipan. Nakakuha ako ng isa mula roon, isang munting subenir mula sa kanya. Ang mga Judio nga sa tuwina'y mula sa likod paharap ang basa, at haya't alam n'yo naman ang kanilang—kanilang lingguwahe. At binabasa nila ang mga Aklat na ito, at sabi nila, “Buweno, kung si Jesus na ito ang Mesiyas, at Siya'y namatay at ang Kanyang Espiritu ay bumalik sa anyo ng Espiritu, sige't ipakita n'yo Siya sa amin na gumagawa ng tanda ng propeta, pagkatapos sasampalataya kami sa Kanya.”

¹²³ Grabeng ganap na paghahanda! Sa isip-isip ko, “Panginoon, heto na ang oras. Ngayon na ang oras, heto na ito.” Kaya sa eroplano'y bumiyahe na ako, si Billy, at ako, si Loyce, at lumipad na.

¹²⁴ Papunta ako noon sa India, at sabi ko, “Ngayon, sa biyahe ko pabalik, sasaglit ako rito at dadalhin ko ang Mensahe sa mga Judio, at papupuntahin sila roon at magsasabi sila, ‘Tototo ba ito?’”

¹²⁵ Naniniwala sa tuwina ang mga Judio sa kanilang mga propeta, alam nating lahat 'yan. Dahil sinabi ng Diyos sa kanila na ang Mesiyas ay magiging isang propeta, at naniniwala sila sa kanilang mga propeta, at sabi ng Diyos, “Kung mayroon sa kalagitnaan n'yo na isang tao na isang propeta, isang tagakita, at kung siya . . . Makikipag-ugnay Ako sa kanya sa mga pangitain at iba pa. At—at kung ang saysayin niya ay mangyari, kung ganoon ay dinggin n'yo siya, dahil Ako'y kasama niya.” Kita n'yo? “Pero kung ang bagay na 'yun ay hindi mangyari, kung ganoon ay wala kayong dapat na kaugnayan sa propeta na 'yun, dahil Ako'y—Ako'y—Ako'y wala sa kanya. Pero kung tunay na mangyari mismo, ang bagay na sinasaysay niya, kung ganoon ay dinggin n'yo siya, dahil Ako'y kasama niya.” At alam na alam 'yan ng mga Judio.

¹²⁶ At sa isip-isip ko, “Oh, grabe! Hindi ba't kahanga-hanga! Kukuha lang ako ng mga apat o limang libo sa kanila at patatayuin sila sa dako roon, at ipapabasa sa kanila—ipapabasa sa kanila ang Bibliang 'yun at sasabihin, ‘Kung ito ang Mesiyas, sige't ipakita n'yo sa amin na Siya'y magpapamalas ng tanda ng propeta.’” Sabi ko, “Grabeng pagkakataon!” Nasa kamay ko na ang tiket ko, mga tatlumpung minuto na lang bago magtawag doon sa paliparan ng mga eroplanong Arabo. Haya't nakatayo ako roon sa Cairo, Egypt, at sa isip-isip ko, “Purihin ang Diyos! Sa loob na lamang ng dalawang oras ay tatanggap na ang mga Judio ng siya ring bagay na kanilang ginawa sa Pentecostes, siguradong-sigurado na.” Sa isip-isip ko, “Kung

tatayo ako roon at masasabi sa kanila, 'Magtungo kayo at pumili ng grupo ng kalalakihan mula sa inyo, at papuntahin n'yo sila rito, tingnan n'yo kung Siya ba'y ang nananatiling Mesiyas.' Kita n'yo, at pagkatapos sasabihin ko, 'Ngayon, sa siya ring batayan na tinanggihan ng mga magulang n'yo ang Mesiyas na ito, inyo Siyang tatanggapin, itaas n'yo ang mga kamay n'yo at inyong—inyong matatanggap ang Espiritu Santo ngayon mismo.' At pagkatapos sila'y magi-ebanghelyo sa mundo sa bahagi nila ng mundo kapag kanilang . . . kapag kanilang natanggap na Ito. Tipunin n'yo ang mga pinuno, huwag . . . Doon mismo pupunteryahin sa pinaka pangunahing sentro, ang mga pinuno, na sila ang mag-uumpisa nito."

¹²⁷ At biglang may Bagay na tumama sa akin at nagsabi, "Huwag kang pupunta roon, dahil hindi pa oras." Uh-hum. Hindi pa natatapos ang sa Gentil, kita mo, hindi pa tapos ang araw.

"Oh," sa isip-isip ko, "baka ako lang ito."

¹²⁸ Kaya naghanda na ako uli, at talagang tumitindi na hindi ko na matiis pa. At kaya lumabas ako ng paliparan at iniyuko ko ang aking ulo, sabi ko, "Ama, Ikaw po ba ito na nangungusap sa akin?"

¹²⁹ Sabi Niya, "Huwag ka ngayong pupunta sa Israel, hindi pa oras." Kaya pumasok ako, nagpalit ako ng tiket, nag-iba ng ruta uli, nagtungo sa ibang direksyon. Kita n'yo, hindi pa kasi oras.

¹³⁰ Pero isa sa mga araw na ito ang Mensahe ay dadako sa Israel, at ang bagay na 'yun ay ilalahad . . . ipapadala ng Diyos sa kanila sina Moises at Elias, sa Apocalipsis 11, at sila'y magpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan at tanda ni Jehovah; habang ang mga Gentil ay tapos na, ang biyaya ng . . . ang araw ng biyaya ay lilisan na sa iglesyang Gentil, lilisan na ang kapanahunan ng Pentecostal. Magpapatuloy ang mga denominasyon dahil aabot sila rito sa mga natutulog na birhen (Dadako tayo riyang mayamaya.), unpa't aabot sila sa uri na 'yun.

¹³¹ Pero kapag nagawa na nila, kapag nagawa na nila 'yun, tatanggapin ng mga Judio ang bautismo sa Espiritu Santo at magkakaroon ng isang rebaybal doon na magpapahinto sa kalangitan sa mga araw ng, "Huwag uulan!" Magpapamalas sila ng lahat ng uri ng mga tanda't mga kababalaghan. At sa huli ang herarkiya ng Roma . . . Nasa mga Judio ang kayamanan ng mundo, at—at mangyari nga na babali ang Iglesyang Romano Katoliko sa kanilang kasunduan sa mga Judio matapos ang bagay na ito at pagkatapos magkakaroon ng . . . (yaong kasunduan na kanilang pinirmahan sa pagitan nila), magtungo siya roon, at pagkatapos kapag ang Diyos ay tatayo na roon gaya ng ginawa Niya noon sa—sa sinaunang mga araw dun, at makikipaglaban Siya para sa Israel. Papatayin nila ang

dalawang propeta na ito, at ihahandusay nila sila sa lansangan, at duduraan sila.

132 Gaya ng ginawa ng mga tao sa Pentecostal na ministro at sa maybahay nito at sa mga anak niya rito mga ilang sanlinggo pa lang ang nakararaan doon, at 'yung munting tiyan niya'y lumobo na nang *ganoong* kalaki, 'yung mga bata nga, kung saan 'yung mga tao'y dadaan-daan at dinuduraan sila, hinayaan silang mahandusay doon sa init ng araw nang tatlo o apat na araw nang hindi sila nililibing.

133 Ganoon na ganoon ang gagawin nila! Yan mismo ang sinabi ng Biblia! Ganoon mismo ang gagawin nila roon. At kapag nagawa na nila 'yun, pagkalipas ng tatlong araw, habang nakahandusay sila dun na patay na, Ang Espiritu ng Buhay ay papasok doon sa dalawang propeta na 'yun at sila'y babangon at papaitaas sa Kaluwalhatian. At, sa mga oras na 'yun, magsisimula na ang mga pagsabog. Yun na ang wakas ng panahon. Doon nga siya tapos na.

134 Pero bago 'yan mangyari, ang Nobya, ang hinirang na Nobya . . . Mayroon ngang ilan sa inyo na mauupo sa may hapag, isa sa mga umagang ito, ang isa'y kukunin, ang isa'y maiiwan. Sa dulo'y magtataka kayo, "Anong nangyayari?" Nakaupo ka mismo sa loob ng kotse, na nakikipag-usap sa isang tao, ang asawa mong babae o asawang lalaki ay nakaupo sa upuan; tapos hindi na sila sumasagot, wala na kasi sila roon. Pupunta kayo sa sementeryo, may mga libingan dun na nakabukas, 'yung iba'y nakasara, "Sapagkat ang iba pa na patay ay hindi mabubuhay sa loob ng sanlibong taon." Alalahanin n'yo, tapos na sa panahon na 'yan!

135 Magiging lihim na pagdating 'yun, walang makaaalam kung kailan ito mangyayari. Inutos lang sa atin na maging handa't mapagmatyag. Hindi natin alam ang oras. Pero, anuman ito, hindi mangunguna sa alinman na *narito*; dahil, sa pagpapakita mismo ni Jesus, ang buong 'yun ay makikitang aahon. Patay man o buhay, hindi na mahalaga!

136 Hindi natin—hindi natin Siya makakatagpo unang-una, tayo-tayo ang magkikita unang-una. Ang sabi ng Biblia, Mga Taga-Efeso, sa ika-5 kabanata, sabi Nito, "Kung magkagayon tayong nangbubuhay at nangatitira sa pagparito ng Panginoon, sa ibaba rito, ay hindi mangunguna o sasansala sa kanila na mga nangatatutulong." Sila na mga kalugud-lugod na tinatakan sa kanilang dugo. . . na tinatakan ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng kanilang dugo. "Hindi mangunguna o sasansala sa kanila na mga nangatatutulong, sapagkat ang pakakak ay tutunog." May bagay na mangyayari, "Ang Ebanghelyong *bagay* ay tutunog," na inaanunsyo ang Kanyang pagdating. "At ang mga patay kay Cristo ay unang babangon. At tayo na mga nangabubuhay at nangatitira ay mababago." Nakatayo

lang tayo nun, at may mararamdaman tayong pagbabago na nangyayari: mawawala na ang uban, kikinis ang mga kulubot, mababago sa isang sandali, sa isang kisapmata. At kakatagpuin natin ang mga mahal natin sa buhay unang-una: “Hayun si Mama, si Papa, hayun ang kaibigan ko. Oh, Hallelujah, handa na tayo! At pagkatapos, kasama sila na mga patay noon,” sinasabi ng Kasulatan, “aagawin tayo paitaas sa alapaap para salubungin ang Panginoon.” Ganoon ang pagkakasunud-sunod ng Pagparito.

¹³⁷ Oh, ang makita ang lumaon ko nang tatay! Oh, grabe! Ang makita ang mga lumaon nang mga mahal sa buhay na yumao sa Pananampalataya sa ibayo, para katagpuin sila. Makikita natin ang kaluguran ng Diyos, dahil alam natin na kung Siya ang una nating makakatagpo ay baka magulumihanan tayo, “Nakasama kaya si Mama? Si—si Mama kaya’y nakarating din dito sa wakas? Nagpagal tayo nang husto sa pangangaral, tayo’y—tayo’y nagsumikap. Nandito kaya siya? Nandito kaya si Tiyo Joe? Si—si kuya kaya’y nandito rin? Si *Ganito-at-ganoon* kaya?” Kita n’yo? “Panginoon, minamahal Ka namin, minamahal Ka namin, pero . . .” Unang-una’y makakatagpo natin ang isa’t isa! Oh—oh—oh! Wala nang kagulumihanan, nandun tayong lahat.

¹³⁸ Hindi na nga nakapagtataka na tumayo sila at nagsabi, “Amen, kaluwalhatian, at karunungan, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan.”

¹³⁹ Ang dalawampu’t apat na mga matatanda’y naghubad ng kanilang mga putong at nagpatirapa sa lapag nang paganoon, lahat sila’y nagpatirapa mismo sa lapag at sumamba sa Kanya.

¹⁴⁰ Isa sa mga araw na ito ay titindig tayo lampas sa mundo, doon sa ibayo, sa mamaybay ng mundo, doon sa ibayo sa kung saang dako sa kalawakan; at wala pa tayo sa Langit sa sandali na ’yan, tayo’y aagawin paitaas para katagpuin Siya sa himpapawid.

¹⁴¹ Noong magpasya si Rebekah, nang madalian, noong nagpasya mismo na siya’y sasama kay Eliezer sakay sa kamelyo para katagpuin si Jacob . . . o katagpuin si Isaac na siyang magiging asawang lalaki niya, hindi pa niya siya nakikita kailanman, napagkikilala lamang na pinangungunahan siya ng Diyos. Ang anak ni Jacob, o . . . si Isaac ay paroon noon sa kalaparan ng bukid sa malamig na simoy na ’yun ng gabi. Tandaan n’yo, ito’y oras ng gabi. At si Rebekah ay nakasakay sa kamelyo. Sabi ni Eliezer, “Hayun siya na paparating na.” At tumalon si Rebekah pababa ng kamelyo, iniangat ang lambong mula sa kanyang mukha. Hindi pa niya siya nakikita kailanman. Hindi niya alam . . . Hayun ang kanyang asawang lalaki, pero hindi pa niya siya nakikita kailanman. Kanyang kakatagpuin siya sa pamamagitan ng pananampalataya. (Hindi ko alam kung anong itsura Niya, pero, oh, kapag nakita ko na Siya!) Doon nga

sa labas noong makita niya siya, 'yun nga'y pag-ibig sa unang tingin. At hindi pa rin niya siya nakikita kailanman, kaya noong makita niya siya, 'yun nga'y pag-ibig sa unang tingin. At heto sila na papalapit para katagpuin ang isa't isa sa kalaparan ng bukid. At kinuha niya siya para pumaroon sa kaharian ng ama niya sa dako roon at pinakasalan siya.

142 Sa ganyang paraan aagawin ang Iglesia paitaas sa alapaap, sa gitna ng himpapawid, at kakatagpuin ang Panginoon sa Kanyang pagdating. Oh, grabeng pagkikita 'yun, pag-ibig sa unang tingin! At kapag tumayo na tayo roon sa mamaybay ng mundong ito at inaawit ang mga awit na 'yun ng katubusan, oh, grabe! Ganoon na lamang na aawit tayo at pupurihin Siya para sa ating. . . sa tumutubos na biyaya na Kanyang ipinagkaloob sa atin. Kapag ang mga Anghel ay tatakip sa labas ng—ng pabilog ng mundo na nakayuko ang mga ulo, na hindi nalalaman ang bagay na ipinapangusap natin. Ang mga Anghel na 'yun kasi'y hindi nawaglit, hindi nila alam ang pakiramdam na naligtas. Tayo yaong mga nawaglit, tayo nga. Mauunawaan natin sa wakas ang kalunus-lubos na bagay na 'yun na naghihintay sa atin noon sa unahan, at Kanyang tinubos tayo sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, mula sa bawat angkan, wika, at bansa. Grabeng araw 'yun ng pagbubunyi!

143 Gustung-gusto ko ang awitin na 'yun, na nagsasabi:

Magkakaroon ng pananagpo sa papawirin,
Sa kalugurang, katimyasan na di na
mabibimbin;
Kakatagpuin kita at babatiin sa dako roon
Sa tahanan na 'yun sa langit na ibayo;
Grabeng inam na awitan na maririnig,
maririnig kailanman ng mortal na pandinig,
Ito'y magiging maluwalhati nga, akin mismong
ipinapahayag!
Kapag ang Sariling Anak ng Diyos, Siya ang
mangunguna Mismo
Sa pananagpo na 'yun doon sa papawirin.
(Oh!)

Narinig n'yo na ang tungkol kay Moises sa
palumpong,
Narinig n'yo na ang tungkol kay David na
walang takot at ang kanyang panghilagpos;
Narinig n'yo na ang kuwentong ipinabatid
tungkol kay Joseph na mapanaginipin,
At ang tungkol kay Daniel at mga leon na
madalas nating awitin.
Oh, pero marami't, marami pang iba sa Biblia,
At may pananabik akong silang lahat
ay makikita, akin ngang ipinapahayag!

(Ganoon nga!)
 At grabeng kagalakan 'yun kapag atin na
 silang makikita
 Sa pananagpo na 'yun doon sa papawirin.
 (Hinihintay talaga natin ang araw na 'yun!)

144 Hayan nga na lumalapit ang inyong sandaan at apatnapu't apat na libo, na tatanggap sa Ebanghelyo pagkatapos nating . . . hindi nila Ito matatanggap sa parehong panahon na ang Liwanag ay nasa mga Gentil pa. Tinatanggihan Ito ng mga Judio at itinatago Ito. Ngayon, kapag ang Liwanag . . . ang mga Gentil ay kinuha na paitaas, pagkatapos nga'y ang Espiritu ay darating sa dalawang saksi para magbigay-saksi sa kanila, pagkatapos tatanggapin Ito ng mga Judio, yaong sandaan at apatnapu't apat na libo na nawaglit na angkan ng Israel na tatanggap sa Ebanghelyo; at ang Nobya'y naagaw na sa panahon na 'yun.

145 Ngayon, heto ang “sampung birhen.” Sige't dakuan natin ang Mateo 21, dagli. Kita n'yo, may kaunting oras pa po tayo. Oh, gustung-gusto ko ang Biblia.

Kapag nagbakasyon na ako sa Langit,
 Grabeng kahanga-hanga itong biyahe;
 Mariring ang konsyerto ng Makalangit na
 koro,
 At ang mga pintuan ng aking . . . ang mukha ng
 aking Tagapagligtas ay aking mababanaag;
 Mauupo sa tabing-pampang ng ilog,
 Sa ilalim ng lilim ng luntiang-tuwinang puno,
 Nais kong gugulin ang aking bakasyon sa
 Langit,
 Nais mo bang gugulin ang sa iyo kasama ko?

146 Ngayon, sa may—sa Aklat ng—ng San Mateo, sa palagay ko ay sa ika-25 kabanata, sa palagay ko. 21 po yata ang nasabi ko, di po ba? Ang nailista ko rito ay 21, pero mali po. 25 po. Kinailangan ko kasing mag-apura ngayong umaga, aking . . . pagod akong gumising, at nahuli na at—at ako'y—ako'y nagmamadali. Naglilista ako ng ilang Mga Kasulatan, at 21 ang nailagay ko samantalang ang dapat po'y—dapat po'y 25.

Kung magkagayon ay makakatulad ang kaharian ng langit ng sangpung birhen, na kinuha ang kanilang mga ilawan, at nagsilabas upang salubungin ang kasintahang lalake.

147 Ngayon:

At ang lima sa kanila'y matatalino, ang lima'y mga hangal.

At dinala ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, at hindi sila nangagdala ng langis:

Datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan.

Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake ('yun nga'y sa pagdaan ng mga kapanahunan ng iglesya), sila'y . . . nangaidlip lahat at nangakatulog.

148 Sa buong pagtugaygay dun, kapwa lahat ay namatay, naidlip at nakatulog, kita n'yo, sa kanilang pagdaan dun. Ngayon, sila po'y hindi ligaw, bagkus sila lamang ay “nangaidlip at nakatulog.” Sila'y naghihintay, kita n'yo. Hindi nila sinabi na sila'y patay, bagkus sila'y “nangaidlip at nakatulog.” Kita n'yo?

Datapuwa't pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake; magsilabas kayo upang salubungin siya.

At nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon, at pinagigi ang kanilang mga ilawan.

At sinabi—sinabi ng mga hangal sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming mga ilawan.

Datapuwa't nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Hindi maaari; baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo. (Pasensya na po.)

At samantalang sila'y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan.

Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsisipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami. (Ngayon, kita n'yo, hindi sila mga di-mananampalataya, sila'y mabubuting tao.) . . . buksan mo kami.

Datapuwa't ang sagot. . . Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala.

Mangagpuyat nga kayo, sapagka't hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang oras na ang anak ng Tao ay darating.

149 Ngayon ang limang “matatalinong” birhen. Ngayon, ang langis sa Biblia ay sumisimbolo sa “Espiritu Santo.” Alam nating lahat 'yan. Yan ang dahilan kung bakit pinapahiran natin ng langis ang may sakit, at ang langis ay sumisimbolo sa Espiritu Santo. Mangyari nga na ang matatalino ay may Langis sa kanilang mga ilawan, na yaong Espiritu Santo nga, kaya sila'y handa na pumasok sa Hapunan ng Kasalan. At maaari tayong bumalik sa—sa—sa Ezekiel 9, at iba pa, at huhugutin at

ipapakita, pero may nasa labing-lima pa akong Mga Kasulatan pa na naisulat dito. Ang langis ay sumi- . . . Sa palagay ko ay natalakay na natin ito sa ating pag-aaral nitong sanlinggong ito, ang *langis* ay, sumisimbolo sa “Espiritu Santo.” Alam nating lahat ‘yan.

¹⁵⁰ Ngayon masdan, sila . . . kapwa sila mga “birhen.” Ngayon sige’t tatalakayin ko lang ito. Heto, kunin natin itong dalawang ito rito. *Itong* isa rito ay isang birhen at *itong* isa rito ay isa ring birhen, *ito* ang hangal na birhen at *ito* naman ang matalinong birhen, pero kapwa sila birhen.

¹⁵¹ Ngayon kung kukunin n’yo ang pangalan na ‘yan na *birhen* at susuriin, ang ibig sabihin nito—ang ibig sabihin nito ay “banal, malinis, pinaging banal.” Ang salitang *pinaging banal* ay galing sa salitang “binanal,” na ang ibig sabihin ay, “malinis.” Gaya nung salitang Hebreo . . . Ngayon, ‘yan po’y salitang Griyego, ang ibig sabihin ng *pagpapaging banalin* ay “malinis.” Ngayon, ang salitang Hebreo ay ipaging “banal.” Kita n’yo? At ang sa ating salita ay “malinis.” Ngayon, kinuha nila ang tatlong salita na ‘yan, kagaya mismo na ang bawat salita ay may parehong kahulugan pero iba’t iba ang bigkas, kagaya ng—ng salitang “malinis, banal, pinaging banal,” na lahat ng tatlong ito ay parehong salita.

¹⁵² Kagaya na lang ng bibigkasin natin ang salita na gaya ng *aso*. Sasabihin ko, “dog,” ‘yan po sa Ingles. Kung gusto kong sabihin ang *aso* sa Aleman, Fred, ito’y “hund.” Tama ba? Kapatid na Norman, kung sasabihin ko ang *aso* sa Espanyol, “ajo.” *Ajo*, *Hund*, at *dog* ay lahat *aso* sa atin, kita n’yo. Kita n’yo, ganoon—ganoon nga ito, isang pagbigkas.

¹⁵³ Kaya, ang salitang Griyego para sa *malinis* ay “papaging banalin,” ang salitang Hebreo naman ay “banal.” Banal, malinis, at papaging banalin, lahat ay siya ring salita. Kaya hindi ito isang salaula’t, maruming iglesya; ito’y pinaging banal, na malinis na iglesya, “sampung *birhen* na lumabas para salubungin ang Kasintahang Lalaki.” Anong ibig sabihin nito? Lahat ng mga *kaiglesyahan* na ito. Hindi . . . ngayon, hindi kasama itong Romano *dito*; bagkus ‘yung naroon sa mga denominasyon, ang mga Nicolaita. Ang Baptist ay nangangaral ng Ikalawang Pagparito ni Cristo; ang Methodist ay nangangaral ng Ikalawang Pagparito ni Cristo; ang Presbyterian ay nangangaral ng Ikalawang Pagparito ni Cristo; ang mga Nazarene ay nangangaral ng Ikalawang Pagparito ni Cristo; ang Pilgrim Holiness ay nangangaral ng Ikalawang Pagparito ni Cristo. Tama ba? “Lahat sila’y nagtungo roon para katagpuin ang Kasintahang Lalaki.” Ngayon alalahanin n’yo—alalahanin n’yo na ang bawat isa ay nasa daan na nila para salubungin ang—ang Kasintahang Lalaki. Ngayon, kung ‘yun lamang ang isinasaalang-alang ng Diyos, kung ganoon Kanya sanang, kinuha rin sila.

154 Pero alalahanin n'yo ang siya ring bagay, kung papaano nalahad 'yung talinghaga nung isang gabi, noong ang Diyos ay nangusap sa atin sa kapanahunan ng iglesya at sinabi ang tungkol kay "Balaam, ang doktrina ni Balaam." Ngayon, hetong nakatayo si Balaam, sa isang pino't, tanyag na malaking organisadong bansa. At sila'y mga mananampalataya sa Diyos, dahil tingnan n'yo 'yung ginawa ni Balak noong nagtungo siya roon. . . o si Balaam po, pala. Nag-alay siya ng siya ring mga alay sa siya ring Diyos na mayroon ang Israel, sa Diyos mismo ng Israel, kay Jehovah. At nagtayo siya ng pitong dambana. Ang bilang na pito ay kakumpletuhang bilang ng Diyos.

155 "Anim na araw Siyang gumawa, at sa ikapito ay nagpahinga Siya," 'yun nga'y kakumpletuhan, kita n'yo, ang bilang na pito. Anim na araw Niyang pinagpagalan ang mundo. Noong unang dalawang libong taon, winasak 'yun ng tubig; ikalawang dalawang libong taon, dumating si Cristo; at ito na 'yung ikatlong dalawang libong taon ngayon. Sa dulo ng bawat dalawang libong tao, may bagay na nangyayari, ang mundo'y niyayanig muli. Sa loob ng anim na libong taon, Kanyang itinayo ang mundo; anim na libong taon nagpagal ang iglesya laban sa mundo; at ang ikapitong sanlibo ay ang sanlibong taon ng Milenyum na paghahari. Nauunawaan n'yo na ba ngayon?

156 Ngayon, ang iglesya ay may Pitong Kapanahunan ng Iglesya, rin. Ang Diyos. . . At 'yan ang kumpletong bilang ng kapanahunan ng iglesya, 'yan ang kabuoan, pito. Ang bilang na *pito* ay kakumpletuhang bilang ng Diyos. Pitong Kapanahunan ng Iglesya, pitong libong taon ng paglikha, ang lahat ay may kaugnayan sa bilang na pito.

157 Ngayon, hayun ang mga birhen na lumabas para salubungin Siya. At ang mga "hangal" na birhen, ngayon, wala silang Langis sa kanilang ilawan, pero taglay nila ang lahat ng iba pa: sila'y malinis, nananampalataya sila kay Cristo; kanilang ipinangaral ang Salita na kanilang sinasampalatayanan, pinahihintulutan sila ng kanilang denominasyon na mangaral, kanilang ipinangaral 'yun mismo, ang Ikalawang Pagparito, ang Hain, ang Kabayaran sa sala. Sumasampalataya sila. Kung kayo nga'y madikit sa isang mainam na Baptist na iskolar isang beses, (huh) siguraduhin n'yo na alam n'yo ang sinasabi n'yo, uh-huh, tunay nga.

158 Pero, nakita n'yo, "Malapit na malapit," sabi sa Mateo 24, Mateo 24:24; basahin n'yo 'yun agad at makikita n'yo. Sinaysay 'yun ni Jesus na sa huling mga araw ang dalawang espiritu ay magiging malapit na malapit sa isa't isa na anupa't dadayain nito ang mismong Hirang kung maaari. Yun nga'y magiging malapit na malapit na mahahatak nun ang mga Pentecostal na walang ibang makakagawa. Tunay! Ngayon, Mateo 24:24, may bumuklat po ba? Hindi ko po naibuklat dun. Naibuklat mo ba

diyan, kapatid na babae, o sinuman sa inyo? Mateo 24. Nabuklat mo ba, Ben? Sige, basahin mo ito.

[Binabasa ng isang kapatid na babae: *Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristiano, mga bulaang—bulaang Cristo,—Pat.] Mga bulaang Cristo! [at mga bulaang propeta,] Mga bulaang propeta! [at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't, kung maaari, ay kanilang ililigaw pati ang mga hirang.]*

¹⁵⁹ Hayan nga. Ngayon, ano raw ang lilitaw? Lilitaw ang mga bulaang Cristo, bulaang mga tao na nagsasabi, “Ako si Cristo.” Mga bulaang propeta, na nagsasabi, “Ako ay *ganito* at ako ay *ganoon*.” At dadayain nila halos maging ang mismong Hirang kung maaari. At may nag-iisang paraan lang na kayo’y maliligtas, ’yun ay kapag kayo’y pinili na bago itatag ang sanlibutan; ’yun nga’y, ang mga Hinirang, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ang pangalan n’yo ay nakalagay na sa Aklat doon. “Dakilang mga tanda!”

¹⁶⁰ Ngayon masdan n’yo ang dalawang iglesya na ito. Oh, kung magagawa ko lang . . . kung may paraan lang na maibubunsod ko ang mga tao na makita ito. Talagang umaalab sa kaluluwa ko! Ito . . . *itong* mga kaiglesyahan na ito’y sadyang kasing linis mismo at kasing banal gaya ng isang *ito* rito; kung lahat sila’y mga birhen, silang lahat ay mga birhen, haya’t *kasing* linis. Ang tanging pagkakaiba ay—ay yaong Langis sa ilawan, ang Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo, kung Ito’y naroon, Ito’y nagbubunsod ng siya ring uri ng apoy gaya ng ginawa Nito noon sa Pentecostes. Pero wala silang apoy, walang Langis sa kanilang ilawan. Mayroon silang rituwal na pangsimbahan, simbahan nga na sadyang rituwal kung—kung papaano nga ito, maiinam na mga seremonya (wala nga akong anumang laban dito), mga kredo na uuga sa iyong budhi, at mga awitin na gaya ng Mga Anghel na umaawit. At sila’y . . . inyong . . . kung magtuturo kayo ng daliri sa inyong . . . sa kanilang buhay, hindi n’yo nga magagawa. Pero sa kabila nun ay mali pa rin! Hindi ito . . . ito’y—ito’y bahagi Nito, pero hindi ’yun ang *kabuoan* Nito. Yun ang uri na mapapalampas ang Pag-agaw. Kita n’yo? Sila’y ano lamang . . .

¹⁶¹ Ngayon masdan n’yo. Heto ang Moab na dumarating. Mamarkahan ko ito rito para makita n’yo. Heto ang Moab, isang malaking organisasyon, sige’t mamarkahan ko ng “*pabor sa*” organisasyon; heto naman ang Israel, na “walang” organisasyon. Heto ang Moab, naglagay ng isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pitong dambana; ang Israel din ay may isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pitong dambana. Buweno. Ang Moab sa dako rito ay naglapag ng isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pitong baka; ang Israel din, isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pitong baka. Buweno. Ang sabi ng Moab, “Darating ang panahon kung kailan

may isang tao (si Cristo) na darating sa lupa, na Siya ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, maglalagay tayo ng pitong” (ano?) “kordero sa dambana na ito”; sabi ng Israel, “Eksaktong tama nga ’yan, pitong kordero sa ibabaw ng dambana.” Kita n’yo?

¹⁶² Ngayon, sa pasimula, si Cain ay nagtayo noon ng isang dambana, nag-alay ng hain, sumamba, ginawa ang lahat mismo ng ginawa ni Abel, nang walang . . . (Oh, tanggapin n’yo Ito!) . . . nang walang kapahayagan ukol sa Diyos, samantalang, ang buong Iglesya ay itinayo sa ibabaw ng kapahayagan na ito. Ganoon mismo ang sinabi ni Jesus, “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya.” Espirituwal na inihayag na Katotohanan mismo ng kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo, “Sa ibabaw ng bato na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya.”

¹⁶³ Ngayon, kung ang tanging bagay na isinasalang-alang ng Diyos ay yaong mga rituwal, ’yang mga seremonya n’yo, bilang mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, at iba pa, kung ’yan lang ang inaasahan Niya na inyong gagawin, ipangaral ang Ikalawang Pagparito at lahat ng iba pang mga bagay na ito (na, ito nama’y ganap na nasa Kasulatan), gaya ng ginagawa ng Baptist, Presbyterian, at iba pa, kung ganoon obligado ang Diyos na tanggapin ito kapwa dahil ’yun lang pala ang buo Niyang hinihingi. Pero, kita n’yo, kapag wala ang kapahayagan, *hayán* ang natutulog na birhen; *heto* ang matatalinong birhen. Sila’y isang organisasyon, isang malaking bansa.

¹⁶⁴ Binasa natin noong isang gabi, kung saan sinabi Nito, “Ang mga taong ito’y hindi magiging isang organisasyon, sila’y magiging mga palaboy sa lupain, nakatira sa mga tolda, mahihirap, mabababa.” Pero sabi, “Huwag kang magpapangahas na sumpain sila, dahil Ako’y sumasa kanila.” Ngayon masdan! Ang mga taong ito’y naniniwala sa parehong rituwal na kanilang sinasampalatayanan, at sinasamba mismo ang siya ring Diyos. Kita n’yo? Pero wala sila nitong mga tanda’t mga kababalaghan na nakalakup sa kanila! Ang Israel ay may taglay na Tansong Ahas, isang hinampas na Bato, ang kagalakan ng Hari, Makalangit na kagalingan, mga propeta, lahat mismo ng *narito*. At wala nga sila, ang mayroon sila’y rituwal na walang—walang pagpapala, ang Langis.

¹⁶⁵ Ganoon din ito sa natutulog na birhen at matalinong birhen, sila’y kapwa pinaging banal. Pero *itong* isa rito ay may Langis. At *itong* isa rito ay walang Langis, kaya nakakapagsabi sila, “Kami’y kasing inam din n’yo naman.” Yun nga’y . . . Wala ngang isa man sa atin na mainam, pagdating sa bagay na ’yan. “Aba, mga sangkumpol lang kayo ng mga holy-roller!” Buweno, ayos lang ’yan, uh-huh, ayos lang. Wala ngang isa man sa atin na mainam, lahat tayo’y nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Anupa’t ang tanging bagay lang para

maalamanan n'yo Ito, ay hindi nga sa pag-anib sa iglesya, ni sa pagsisikap na mabuhay nang mabuti, kundi sa pagtanggap kay Cristo. Hindi na ako ito na nabubuhay; Siya na. Hindi na ito kung sino ako; Siya na. Siya'y naging ako para ako, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay maging Siya, ang anak ng Diyos. Nakikita n'yo ba?

¹⁶⁶ Ngayon, isang natutulog na birhen, at isang matalinong birhen na may Langis sa kanyang ilawan. Ngayon, bigla-bigla na lang, may tunog na dumating, "Narito, ang Kasintahang Lalaki ay dumarating, lumabas kayo para salubungin Siya!" At nagising sila. Pero nung magising sila, *itong* isa rito'y puwedeng pumasok dahil may Langis sila sa ilawan. Yun ang pagkakaiba.

¹⁶⁷ *Itong* isa rito'y hindi makapasok, dahil walang Langis sa ilawan; bumalik sila para manalangin, para tumanggap ng Espiritu Santo. Pero, habang wala sila, tapos na. Sinasabi ng mga denominasyon, "Buweno, siguro'y mali pala kami. Siguro'y mainam na bumalik kami't, hanapin ang bautismo ng Espiritu Santo." Yan na 'yan ang sinusubukan nilang gawin ngayon. Napansin n'yo ba 'yun? Ang mga Presbyterian . . . Ihinto n'yo muna ang teyp pansumandali, ayaw ko sanang banggitin ang pangalan na ito. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . .? . . . dumating ang Kasintahang Lalaki. At, buweno, gaano nang kalapit ang Kanyang pagdating sa panahon na 'yan, nang sila'y nagtutungo mismo para makabili! Buweno, sige't ibalik mo na ang teyp, Gene. Ngayon, nakukuha n'yo ba? "Habang nagpupunta sila para bumili," sila'y sumusubok na bumili ngayon, lahat ng mga kaiglesyahan ay sumusubok na magkaroon ng rebaybal, rebaybal; sinusubukan nitong bumalik.

¹⁶⁸ Ngayon, maski kay Dr. Billy Graham, isinulat 'yun sa *Herald of Faith*, nakita n'yo mismo 'yun, mula Chicago, at sinabi na "Hindi natin maaaring balewalain ang Pentecostal na pagkilos." Kita n'yo? "Hindi natin maaaring . . .-walain sila, dahil sila'y mas maraming naakay sa isang taon kaysa ipagsama mo pa ang lahat ng iba pang mga kaiglesyahan."

¹⁶⁹ Yun mismo ang apoy na umaalab, inuuga 'yun, ibinubukod ang di kaaya-aya, inihahagis ang lambat at humihila. At kapag maghahagis kayo ng lambat . . . ang sabi ni Jesus, "Ang Kaharian ng Diyos ay parang isang lalaki na nagtungo at naghagis ng lambat sa dagat, at noong hilahin niya, siya'y nakahuli ng mga pagong, mga ahas, mga palaka, mga serpiyente, lahat ng iba, pero siya'y nakahuli ng ilang isda, rin." Yan mismo ang ginawa ng Pentecostal na mensahe, ito'y lumalaganap sa buong mundo; inihahagis 'yun at hinihila, nakahuhuli tayo ng mga pagong, ulang, hipon, kiti-kiti, salamandra, pato, at lahat na ng kung anu-ano roon. Pero ano 'yun, may ilang mga isda nga roon, din. Yun 'yung sa Panginoon.

170 Buweno, sa inyo na mga legalistang-mananampalataya na kapatid sa teyp na ito, na gustong sunugin ito: Kailan sila naging isda? Noon bang ang lambat ay tumaklob sa kanila? Sila'y mga isda na sa pasimula! Ganoon nga. Hinirang na mula nang itatag ang mundo! Hindi pa lang sila nakakaabot sa kalagayan na magamit ng Panginoon.

171 Heto naman ang isang palaka. Sige't kumuha kayo ng isang matandang palaka at itapon ito sa pampang, mangyari nga na magwo—"whop, whop" pa rin ito pabalik sa tubig.

172 At 'yung matandang ulang na nakaupo roon, sasabihin, "Aha, mga grupo lang 'yan ng mga holy-roller." Hayan nga na babalik siya, "Ah—ah—ah—ah—ah. Oh, naku-naku!" Babalik mismo sa putik sa abot ng makakaya niya. Ganoon nga.

173 Yung matandang ahas na sisitsit nang kaunti, "Naniniwala ako na ang mga araw ng himala'y lipas na, ganoon ang sinabi ni Doktor *Ganito-at-ganoon* at *Ganito-at-ganoon* sa akin." Sabi, "Ah—ah—ah—ah—ah—ah, hindi n'yo ako maloloko!" Hayun nga siya na umaalis, babalik uli dun, kita n'yo.

174 Ahas kasi, sa simula't sapul! Palaka kasi, sa simula't sapul! Sinabi ni Pablo sa Biblia, na ang mga uri na 'yun, sabi niya, "Lumabas sila sa atin dahil hindi talaga sila sa atin sa simula pa lang." Kita n'yo? Uhm! Buweno, ang hangal na birhen.

175 Ang matalinong birhen na may Langis sa kanilang ilawan, siya'y handa.

176 Ngayon, "habang umalis siya para kumuha ng Langis," ganyan na ganyan mismo ang sinisikap nilang gawin ngayon. Itong naglalalaking ebanghelikong mga iglesya'y, sinusubukang masumpungan ang dakilang mga bagay na ito, alam n'yo, at gawin... nanunumbalik sa Biblia, na bumabalik, "kailangan natin ang Pentecostal na Pagpapala." Aba, maiisip n'yo na lang ang uri ng gawain na idadaos nila, kita n'yo. Hindi sila dadako roon at masisira ang lahat ng manikyur nila, at lahat ng 'yun. Oh, hindi. Hindi nila isusuko ang lahat ng mga sororidad nila't mga sosyedad at mga bagay na gaya nun. Hawak mismo ang sanlibutan tulad ni Esau, sa isang kamay, tapos sinisikap na hawak din ang Diyos sa isa pa. Hindi uubra ang ginagawa n'yong 'yan. Hindi ka maaaring maging duling na Cristiano, alam n'yo, na nakatingin sa Diyos at pagkatapos nakatuon din sa mundo. Kinakailangan n'yong isentro ang inyong sarili sa Kalbaryo, manatili mismo Roon.

177 Ngayon, pero hayun nga sila, at sumusubok silang bumalik. At alalahanin n'yo kung gaanong kalapit na tayo! Ang mismong oras na sila'y nagtungo para bumili, 'yun nga 'yung oras na dumating ang Kasintahang Lalaki.

178 Oh, Kapatid na Stricker, nalalapit na tayo! Nalalapit na talaga tayo sa Tahanan. Oh, isa sa mga umaga na ito:

Ang trumpeta ng Panginoon ay tutunog, at
 mawawala na ang panahon,
 At ang umaga'y magliliwayway na tungo sa
 Walang Hanggan, maaliwalas at maliwanag;
 Kapag ang Kanyang mga ligtas sa lupa'y
 magkakalakip na patungo sa Tahanan sa
 himpapawid,

Grabeng panahon nga ito!

¹⁷⁹ Hayan nga, ang natutulog na birhen. Ay . . . Itong natutulog na birhen ngayon, gusto n'yo ngang malaman kung anong mangyayari sa kanya. Siyanga ba? Sige't may isang bagay ako na gustong ipaliwanag. Ano ba ang mangyayari sa mga kaiglesyahan na ito? Ano ang mangyayari sa mga taong ito na humiwalay sa daan kay Cristo, at hindi pumunta, o hindi lubos na hanggang dulo kay Cristo?

¹⁸⁰ Ngayon sa Mga Taga-Roma, sa palagay ko, 2:22, sinabi ng Biblia, sinabi ni Pablo, "Kung ang Espiritu ng Diyos ay wala sa inyo, hindi kayo sa Diyos." Kabilang kayo sa organisasyon pero hindi sa Diyos. Kung ang Espiritu ng Diyos ay wala sa inyo, hindi kayo sa Diyos. Kita n'yo. Kinakailangan n'yong makamtan ang Espiritu ng Diyos upang maging sa Diyos. Tunay nga!

¹⁸¹ Buweno, sige, "ang Malaking Kapighatian." Ngayon, ngayon kung inyong . . . Kinakailangan nilang dumaaan dun . . . Ngayon, naalala n'yo, ang sabi Niya . . . Ngayon sige't hayaan n'yo akong talakayin ang iba pa tungkol dun, "Sila'y itapon sa kadiliman sa labas, at doon ay may pagtangis, paghagulgol, at pagngangalit ng mga ngipin." Buweno, 'yun ang Malaking Kapighatian. Di po ba? Ang Malaking Kapighatian! Ngayon, pagkatapos nitong Kapighatian, ang mga tao na 'yun . . .

¹⁸² Ngayon, hayaan n'yong mahagip ko uli ito rito, ito 'yung mga nalabi. Ngayon tingnan n'yo! *Heto* ang isang piraso ng tela. Sige, ilalatag ito ng isang binibini nang *paganito*. Ngayon gagawan nung binibini ang sarili niya ng isang bagay, alam n'yo, na kung anong uri ng damit. Ngayon, ito ang buong—buong tela na mayroon siya. Ngayon, ang bawat munting bahagi nun ay siya ring klase ng tela. Tama ba?

¹⁸³ Kapwa sila mga birhen. Kita n'yo? Buweno. Mayroon silang pananampalataya kay Cristo, may anyo ng kabanalan, nagsisimba, gumagawa ng mabuti, nagkakawang-gawa, walang bagay na masasabi laban sa kanilang mga gawa't mga bagay-bagay. "Nalalaman Ko ang iyong mga gawa," sinabi Niya sa bawat kapanahunan. "Nalalaman Ko ang iyong mga gawa, subalit may kulang ka." Kita n'yo?

¹⁸⁴ Ngayon, kapag ang babae . . . kapag nakapagpasya na siya kung ano ang gagawin niyang padron dito, at nakapagpasya na siya kung paano niya gugupitin ang padron, kung sa ano ito gugupitin. Tama ba? Buweno, kukunin niya 'yung sa palagay

niya'y sapat at pinaka mainam na bahagi nung—nung padron. Tama ba? Dahil 'yung telang 'yun ay 'yun mismo, pero kanya ngang ilalatag 'yun nang *paganito* marahil o *paganoon*, kyang ilalatag 'yun. Tapos kukunin niya ang gunting niya at gugupitin 'yun. Ngayon, 'yung natira ay tinatawag na “nalabi.” Buweno. Ngayon, ano itong padron na ito? Papaano ito inaalam? Sa pamamagitan ng isa. . . dun sa bahagi na pinili ng binibini na gupitin 'yun.

¹⁸⁵ Ang Diyos, bago itatag ang sanlibutan, na Kyang nalalaman ang wakas sa pasimula sa pamamagitan ng paunang kaalaman, Kyang *pinili na* kung saan gugupit. Alam na Niya ang pinagkaiba sa pagitan ni Esau at Jacob. Alam Niya mismo ang pinagkaiba sa pagitan ng makasalanang banal. Alam Niya ang pinagkaiba. Alam Niya ang motibo ng bawat puso, kaya Kyang hinirang tayo bago itatag ang mundo at inilagay ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero; at gayon din ang Cordero na papaslangin (at inilagay na ang ating mga pangalan *bago* Siya paslangin), at sinabi ng Biblia na si Cristo ang Cordero na pinaslang bago itatag ang mundo. At ang ating mga pangalan ay inilagay na sa Aklat noong Siya'y—noong Siya'y hinirang noon bago pa paslangin ang Cordero, tayo'y hinirang na na maging isa sa pinag-ukulan kung bakit Siya pinaslang. Kita n'yo?

¹⁸⁶ Ngayon, ang lahat ng 'yun ay birhen. Ngayon, *heto* ang munting nalabi, hindi tinapon. Oh, hindi. Kyang itinabi ito, haya't isinantabi, para magamit niya sa ibang layunin. Kita n'yo? Pero hindi nga 'yun gagamitin para *roon*, dahil 'yun ang Iglesya na ginupit. Ngayon, kinakailangan nilang humarap sa paghatol (dahil sila'y dumaan sa Kapighatian), 'yun 'yung nalabi. Ngayon nakukuha n'yo ba?

¹⁸⁷ *Heto* ang Iglesya na lumisan, Pauwi, ito'y Uuwi. *Heto* naman ang nalabi na naiwan doon. At *heto* ang sandaan at apatnapu't apat na libo sa Bundok ng Sinai, ang mga Judio. Hindi ito tatlong magkakaibang nobya. Huh! *Heto* ang Nobya; *heto* ang nalabi; at ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Mismo. Siya'y hindi kumakain ng anumang kundi ang Espiritu Santong Pagkain mula roon, sa palagay ko, kaya mainam siya, walang anumang problema kay Juan. Kita n'yo? At hayun—hayun nga sila.

¹⁸⁸ Ngayon, sa katapusan ng panahon, ilan ang nakakaalam na sinasabi ng Biblia na “magsisihatol ang mga banal sa sanlibutan”? Yan mismo ang sinabi ni Pablo. Sige't bumuklat tayo ngayon sa—sa Aklat ni Daniel at dumako sa Puting Luklukan. Puwede nating hanguin 'yun sa Apocalipsis pero gusto kong kunin ito mula sa Daniel, ito'y ang siya ring bagay. Daniel 7, at hahagipin natin ang—ang dakilang Puting Luklukan na Paghatol dito. Simulan natin sa ika-8 talata ng ika-7 kabanata ng Daniel:

At aking pinagdilidili ang mga sungay, at, narito, sumibol sa gitna ng mga yaon ang isang sungay na munti, na sa harap niyao'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: (Ngayon, nalalaman natin na tayo'y nasa Roma diyan, ngayon. Kita n'yo?) at, narito, sa sungay na ito ay may mga mata . . . na parang sa isang tao, (Ngayon, alalahanin n'yo, ang sungay na ito'y hindi tumanggap ng putong, tuso ito. Ang ibang mga sungay ay naging hayop. Tuso ito, isa itong tao, papa sa halip na pagano, kita n'yo.) at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay.

189 Ngayon masdan, sa ika-9 na talata:

Aking minasdan hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, (Hayun nga ang katapusan ng lahat ng mga kahariang Gentil. Ito'y sinaysay mismo ng propeta. Ngayon alalahanin n'yo, bawat isa sa mga bagay na kanyang sinabi ay nangyari hanggang sa pinaka kadulu-duluhang bagay, nalalaman natin 'yan sa pamamagitan ng ating kasaysayan na pinag-aaralan natin.) . . . na ang kanyang . . . ay—ay nangaglagay, at isa na Matanda sa mga araw ay nakaupo, ang kaniyang mga suot ay maputing parang niebe, (Alam n'yo ba kung sino 'yan nung isang gabi sa pangitain na 'yun? Si Jesus.) at ang buhok ng kaniyang ulo ay parang . . . taganas na lana: at ang kaniyang luklukan ay mga liab na apoy, at ang mga gulong niyaon ay nagningas na apoy.

At isang mabangis na sigalbo ay lumabas at nagmula sa harap niya: mga makalibong libo libo ang naglilingkod sa kaniya, (Hayan ang Iglesya na bumabalik kasama Siya, kita n'yo.) at makasampung libo na sampung libo ang nagsitayo sa harap niya: (Yan ang Nobya na dumarating, at ang iba pa sa mundo.) at ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan.

. . . ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan.

At ako'y tumingin yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay: at ako'y tumingin hanggang sa ang hayop ay napatay, at ang kaniyang katawan ay nagiba, at siya'y nabigay sa nasusunog na apoy.

At tungkol sa nalabi sa mga namatay, sila na ang kanilang kapangyarihan ay na- . . . (ang ibig ko palang sabihin) . . . sa nalabi sa mga hayop ('yan po pala ang ibig kong sabihin), ang kanilang kapangyarihan ay naalis mula sa kanila: at gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan at isang panahon.

190 Ngayon, itinakda ang kahatulan at ang Mga Aklat ay nabuksan. Yan nga'y sa panahon na ang Nobya ay babalik at mauupo sa paghatol, at ang Iglesyang hirang. . . Ang Iglesya na inagaw paitaas ay magbabalik pagkatapos ng tatlo at kalahating taon, at pagkatapos ng panahon na 'yan. . . At doon sa Apocalipsis ay ipinapakita mismo roon, ang sabi'y ang—ang—ang “iba na mga patay ay hindi mabubuhay muli nang sanlibong taon.” Kayo, ilan na ang nakabasa nito? Maraming, maraming beses na. “Hindi mabubuhay nang sanlibong taon.” Si Jesus ay babalik kasama ang Nobya, kasama ang Nobya.

191 Ngayon alalahanin n'yo, gaya ng nasabi ko, ang lahat ay nasa *tatluhan*. Ang Kanyang Pagdating ay nasa tatluhan: yaong unang beses, dumating Siya para tubusin ang Kanyang Nobya; ang ikalawang beses, darating Siya para agawin ang Kanyang Nobya. Gaya ng isang pag-iibigan, magtutungo nga roon at ipupuslit ang babae palayo nang gabi, itatakas siya paalis sa mundo, “sasalubungin Siya sa alapaap.” Ang lihim na Pagparito ng Panginoon, kita n'yo. Ang ikalawang beses na dumating Siya, ay para tanggapin ang Kanyang Nobya. Ang unang beses, ay para tubusin Siya; ang ikalawang beses, ay para tanggapin Siya; at ang ikatlong beses, ay kasama na Siya, Hari at Reyna!

192 At hetong dumarating ang paghatol sa mga bansa. Ang sabi ni Pablo, “Mangangahas ba ang lahat sa inyo na magtungo sa hukuman na may anumang laban sa isa pa? Hindi n'yo ba kayang ayusin ang mumunting mga bagay na ito, hindi бага ninyo nalalaman na ang mga banal ay siyang hahatol sa lupa?” Heto ang paghatol na ibinigay kay Cristo at sa Kanyang panig; sila ang mga abogado sa tribunal, at hayun Siya na nakaupo roon sa Luklukan. Heto ang Nobya, ang abogado.

193 At heto ang mga bagay roon. Ang Mga Aklat ay bubuksan, at may isa pang Aklat na Aklat ng Buhay.

194 Ngayon, ang unang Aklat ay Aklat ng makasalanan, ang mga iwawaksi. Buweno. Siya'y hinatulan na sa pasimula pa lang. Hayun ang—hayun ang mga kumbing. Wala nga siyang pag-asa, kita n'yo, siya'y isang makasalanan sa simula pa lang. Buweno, ngayon, siya'y iwawaksi.

195 At doon sa mga tupa, ay tatayo rin sa paghatol. Kinakailangan nilang mahatulan, at kinakailangan silang hatulan ng mga banal. Ang Diyos ay hindi liko. Kung ang mga pagano na nasa mga malayong lupain, at tayo'y nagsisipagtayo ng walo- at sampung-milyong-dolyar na mga yari sa gintong altar dito sa Amerika sa halip na dinadala ang Mensahe sa kanila na mga naroon sa ibayong 'yun, pananagutin tayo ng Diyos, pero sila nama'y patatawarin. Tunay! Ang Diyos ay hindi liko.

196 Kayo—kayo rito, kung hindi n'yo pa Ito nakikita noon, kayo—kayo nga'y hindi pa pinapanagot noon, pero ngayon

kayo'y pananagutin na! Kita n'yo? Lahat kayo'y pananagutin . . . At pananagutin tayo ukol sa pagtanggap sa Mensahe, kayo'y pananagutin mapakinggan n'yo man Ito o hindi.

¹⁹⁷ Ngayon, ang mga pagano ay babangon, sila na mga naroon sa ibayo na sumasamba sa mga dambana. Wala kasi silang mainam na nalalaman. Wala silang kaalam-alam tungkol Dito. Ang Diyos ay hindi liko, hindi Niya sila hahatulan hanggang sa mabigyan sila ng pagkakataon. At sila'y lalaanan ng dako.

¹⁹⁸ At ganoon din sa Iglesia, na ang bawat kapanahunan hanggang sa kapanahunang ito ng iglesia, mula—mula Efeso pababa *rito*, ang Mensahe, ang tunay na Mensahe ni Cristo gaya ng kung papaano Ito sa pasimula (ang bautismo ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan, ang pagkabuhay na mag-uli, ang pagsasalita sa iba't ibang wika, pagsasalin ng mga wika, mga kaloob ng pagpapagaling, bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, lahat ng mga bagay na ito na Kanyang itinuro), bawat isa na nasa Nobya na 'yun ay tatayo bilang abogado.

¹⁹⁹ Hetong idinudulog na ang kaso ng isang tao: “Nagdaos ka ng pagtitipon sa *Ganito-at-ganoon*, nagsaysay ka ba sa kanya?”

²⁰⁰ Ngayon sasabihin nung abogado: “Oo, nagsaysay ako sa kanya.” Naroon nga 'yun sa Aklat, hindi n'yo 'yun maitatangi, maging ang ating mga kaisipan ay nakarekord Doon. Kita n'yo? Hindi n'yo maitatangi. “Oo, nasaysay ko sa kanya na kinakailangan niyang mabautismuhan.”

“Sa Jeffersonville, doon sa tabernakulo, doon ba?”

“Opo, Ginoo, aking—aking . . . Iyong . . .”

²⁰¹ “Oo, nandito nga ito sa Aklat, sinaysay mo sa kanila na *kailangan* nilang gawin 'yun. Kanila pa ngang tiningnan sa Kasulatan at nasumpungan Ito na tama, pero hindi nila ginawa.”

²⁰² “Lumayo ka sa Akin, ikaw na manggagawa ng katampalasan, hindi Kita nakikilala.” Kita n'yo?

²⁰³ Doon Niya paghihiwalayin ang mga kambing sa mga tupa, kita n'yo, ilalagay ang iba sa kanang bahagi at ang ilan sa kaliwang bahagi. Hayan ang tatlong uri n'yo uli.

²⁰⁴ Pero, ang uri na *ito* ay hindi maaaring maging ang uri na *'yun*, 'yun kasi ang Nobya. At, napansin n'yo, ang Nobya ay narooong kasama Niya sa Templo. Ang iba'y nagtratrabaho at dinadala ang kanilang kaluwalhatian sa Kaharian, pero ang Nobya ay kasama ng Nobyo sa tuwina. Ang iba'y hindi lalaanan; na gaya ng mga *ito* rito, sila'y magsisilbi, hindi sila iwawaksi, dahil Kanyang inihiwalay sila bilang mga tupa mula sa mga kambing. Pero siya . . .

²⁰⁵ Pero ang kambing ay walang kaunawaan ukol Dito, wala siyang pakialam Dito. Isa siyang kambing, at kuntento na sa pagiging kambing, at kaya namatay siya na isang kambing at 'yun na ang katapusan niya. Ganoon nga mismo, kita n'yo.

206 Pero ang mga tupa, kung siya . . . kung patatayu in ako roon ng Diyos kasama ang pagano na 'yun na hindi pa nakarinig ng anumang bagay. Kaya kung ipangangaral n'yo ang Ebanghelyong ito sa mga tao . . .

207 At kinakailangan kong tumayo. Naalala n'yo ba doon sa dakilang pagdako roon na ibinigay Niya sa akin hindi pa katagalan, na kinakailangan kong tumayo roon kasama ang mga taong ito at—at ako'y responsable sa kanila? At nakita ko ang milyun-milyon na nakatayo roon, sabi ko, "Sila bang lahat ay mga Branham?"

Sabi, "Hindi." Sabi, "Sila'y mga akay mo."

Tapos sabi ko, sabi ko—sabi ko, "Nais kong makita si Jesus."

Sabi niya, "Hindi pa. Aabutin muna ng ilang panahon bago Siya dumating. Pero Siya'y pupunta muna sa iyo unang-una at ikaw ay hahatulan sa Salita na iyong ipinangaral, at sila'y nakasandig Doon."

Sabi ko, "Ang lahat ba'y dadaan sa ganoon? Si Pablo ba'y tatayo rin?"

Sabi niya, "Oo, si Pablo ay tatayo rin, kasama ang grupo na kanyang pinangaralan."

Sabi ko, "Ipinangaral ko ang siya ring Mensahe na ipinangaral niya."

208 At sila na milyun-milyon ay nagtaas ng kanilang mga kamay at nagsabi, "Kami'y nakasandig diyan!" Hayan nga, kita n'yo, doon mismo! Siyanga. Sabi, "Pagkatapos tayo'y sama-sama na magbabalik sa lupa para sa isang katawan na nakakakain, at tayo'y iinom, at mabubuhay na magkakasama sa lahat ng mga kapanahunan na walang katapusan sa dako roon." Yun ang pagdating ng Panginoon. Buweno.

209 Ngayon, sandali lang po. Ngayon, sa . . . Papatapos na po tayo ngayon, dahil halos ano na . . . oras na ng kapatid para sa gawain ng pagbabautismo o kung sa ano man niya gagamitin ito.

210 Sige, ngayon, dito sa kapanahunan na ito ng iglesya. Oh, heto nga ang isang bagay na maganda. Gustung-gusto ko ito. Noong panahon ng mga kapanahunan ng iglesyang ito, may dalawang Espiritu na kumikilos nang halos magkapareho sa pagdaan *dito*; ang isa'y denominasyon, ang isa'y ang Espiritu Santo. At sinabi ni Jesus, "Magiging malapit na malapit ang mga ito sa isa't isa na dadayain ang pinaka Hirang kung maaari." Ang dalawang espiritu na ito'y minamarkahan ang kanilang mga tao para sa hinaharap na kahatulan. Ipinangako ni Satanas na ang kanyang . . . na mas marami raw ang kanya kaysa kay Cristo, at mas marami nga ang kanya. Ngayon, masdan n'yo ito nang tunay, na tunay na maigi ngayon habang dumadako tayo rito: haya't mas marami raw kaysa rito, na minamarkahan ang mga tao.

211 Marami ang tulad ni Eba. Si Eba nga'y tamang-tama lang ang pagkatigil para madaya. Kung hindi siya natigilan, wala sanang pandaraya. Pero tumigil si Eba, at noong tumigil siya, doon siya sa puntong 'yun nadaya. Sa halip na magpatuloy mismo at . . . Inyo bang—inyo bang nasusundan—nasusundan n'yo ba akong maigi ngayon? Pakinggan n'yo! Ang dahilan kung bakit nadaya si Eba . . . Sige't sabihin natin ito nang sabay-sabay, para masigurado ko na nakukuha n'yo ito: "Ang dahilan kung bakit nadaya si Eba, ay hindi niya sinunod ang buong Salita ng Diyos." Binigkas Ito sa kanya ni Satanas, pero hindi nito sinabi sa kanya ang *buong* Katotohanan. Ganoon din ang kanyang denominasyon. Kita n'yo? Anupa't nanatili si Eba nang ganoong katagal para kunin ang isang bahagi ng Salita, pero hindi kinuha ang *buong* Salita.

212 At 'yan na 'yan ang problema sa panahon ngayon, ang natutulog na birhen ay naglumagi nang ganoong katagal para tanggapin ang isang bahagi ng Salita pero hindi ang *buong* Salita. Ang nadayang iglesya'y naglumagi nang ganoong katagal para tanggapin ang bahagi ng Salita pero hindi ang *buong* Salita, at sila'y sinsero mismo't tapat tungkol dun. Si Eba'y nadaya! Ang sabi ng Biblia, "Siya'y nadaya."

213 Si Adan ay hindi nadaya. Alam mismo ni Adan na mali ang ginagawa niya; pero ang asawa niya, noong ginagawa ang bagay na ginagawa niya, hinikayat si Adan na—na makisalo sa pinagbabawal. Aba, isa siyang lalaki, kita n'yo, at ito'y—ito'y klaro mismo sa kanya na . . . Nauunawaan n'yo, kita n'yo. Alam niya na mali ang ginagawa niya, pero akala ni Eba'y tama ang ginagawa niya.

214 Oh, nakikita n'yo ba ito? Yan ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo na ang isang babae ay hindi dapat mangaral ng Ebanghelyo. Uh-hum. Ang babae ang—ang babae ang . . . Siya ang nadaya. "Hindi ko ipinapahintulot ang isang babae na magturo, o mang-agaw ng kapamahalaan, bagkus ay manahimik." Kita n'yo? "Sapagkat—sapagkat si Adan ay siyang unang inanyuan, at pagkatapos si Eba. At si Adan ay hindi nadaya, bagkus ang babae ang nadaya, na kanyang kinahulugan sa pagsalangsang." Sabi, "Ngunit, ngayon, hindi siya mapapahamak; siya'y maipapamalagi sa pamamagitan ng panganganak (kung siya'y may asawang lalaki), at iba pa, siya'y magpapatuloy, sa pananampalataya at kahinahunan at buong kabanalan na sa ganito, siya'y maipapamalagi. Ngunit huwag pahintulutan na ang isa'y magturo o mang-agaw ng kapamahalaan!" Kita n'yo? Sinabi ni Pablo, "Huwag n'yo itong gawin!" Sabi, "Ngayon, napag-uunawa ko na taglay ko ang kaisipan ng Panginoon," sabi niya.

215 Sabi nila, "Aba, ang . . . Aba, ang mga propeta roon ay nagpropesiya at sinabi sa amin na kami'y 'dapat na mangaral.'"

216 Sabi niya, “Ano? Lumabas baga sa inyo ang Salita ng Diyos, at sa inyo lamang nanggaling? Kung iniisip ng isang tao na siya’y espirituwal o isang propeta, kanya ngang kilalanin na ang bagay na sinasabi ko ay ang Mga Utos ng Panginoon.” Kita n’yo? Ganoon nga. Alam niya mismo kung ano ang sinasabi niya.

217 Pero sabi, “Kung sinuman ay mangmang, manatili siyang mangmang. Ganoon nga. Hindi siya—hindi siya makikinig Dito, buweno, hayaan lang siya, at didiretso siya mismo sa bangin. Kita n’yo, pero hayaan n’yo.” Anupa’t heto, ang dalawang espiritu na ito.

218 Ang dahilan. Kagaya na mayroon na silang kababaihan sa kapulisan, diyan sa mga kalsada. Kahihyan ’yan sa watawat ng Amerika, na maglagay ng mga nanay diyan sa kalsada. At makasampung libong kalalakihan ang walang trabaho! Aba’t, ito’y isang bansa ng babae, ito’y isang lugar ng babae, isang babae ang mangingibabaw. Isa itong pagsamba-sa-babae. Ang dogmatikong espiritu ito ng Katoliko, na isang babae ang sinasamba bilang diyos. Heto nga ito na talagang . . . Ito’y naroon mismo, hindi n’yo ba nakikita ang pagkakapuwesto nun?

219 Walang ibang maibibigay ang Diyos sa isang lalaki na mas matimyas kaysa sa isang asawang babae, isang tunay na asawang babae. Pero kung siya’y lalampas diyan, siya’y—siya’y hindi na. Ganoon mismo. Hindi nilayon ng Diyos na ang babae’y magtrabaho sa alinman sa mga dakong ito at gawin ang mga bagay na gaya n’yan. Ang mga kababaihan, kayo’y . . . sila’y nilayon na magkaroon ng anak at palakihin ang kanilang mga anak. Silang lahat ay mumunting mga mangangaral, bawat isa sa kanila, pero ang sariling pagpapastor nila’y sa bahay sa kanilang mga anak, na pinalalaki sila. Buweno.

220 Ngayon, dalawang espiritu, na halos magkatulad. Kagaya ni Eba, halos . . . Aba’t, si Satanas, ang sabi nito, “Sinabi ng Diyos . . .”

“Uh-hum.”

“Sinabi ng Diyos . . .”

“Uh-hum, tama ’yun.”

“Sinabi ng Diyos . . .”

“Uh-huh.”

221 “Sinabi ng Diyos, pero, oh, tunay na hindi Niya tayo kokondenahin kung magbautismo tayo sa pangalan ng, ‘Ama, Anak, Espiritu Santo.’ Hindi ba’t ganoon din naman itong kainam?” Kayo na malalansang ipokrito! Siyanga, nga. Hindi ’yan kailanman sinabi ng Diyos!

222 Walang ganyang bagay, ano’t anuman. Ito’y patay! Walang ganyang bagay! Sabihin n’yo sa akin kung saan ang pangalan ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay naroon. Walang ganyang pangalan, kung ganoon ito’y patay! Saan ba ’yan sumulpot?

Sa *Sardis*, ang “patay” na iglesya. Walang ganoong bagay! “Mayroon kayong pangalan na kayo’y ‘nabubuhay,’ at sinasabi n’yo na kayo’y isang ‘iglesyang Cristiano,’ pero kayo’y patay!” Ganoon nga, walang ganoong bagay na gaya ng pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.”

“Oh, buweno, hindi ba kasing inam din naman ito?”

223 At hindi po, sinabi ni Pablo mismo na hindi; sabi, “Natanggap n’yo na ba ang Espiritu Santo simula nang manampalataya kayo?”

“Hindi namin alam na mayroon palang . . .”

224 Sabi, “Kung ganoon sa papaano kayo nabautismuhan?” Sabi, “Halikayo at magpabautismo muli sa Pangalan ni Jesus Cristo!” Sabi, “Kung may anghel na magbubuhay sa Langit, na magtuturo ng ibang bagay, siya ay masumpa!”

225 Yun ang Katotohanan! Responsable lamang ako sa pagsasabi Nito. Nauunawaaan n’yo, hindi lang kayo ang lahat na ito, kundi ang nasa mga teyp din ang aking pinapangaralan, kita n’yo, dahil alam ko kung saan ito makakaabot (sa lahat ng dako mismo), at kaya ganoon ‘yun. Buweno. Hindi ito . . .

226 Si Eba’y nadaya, bahagi ng Salita ang kanyang nakita. Si Moab ay nadaya. Ang natutulog na birhen ay nadaya. Ang iglesya ay nadaya. Ang mga denominasyon ay nadaya. Kita n’yo?

227 Manatili kayo sa Salita! Yun lang ang nag-iisang paraan. Manatili mismo Rito, huwag kayong lilihis mula Rito. Manatili kayo mismo Rito, magpatuloy kayo sa kung ano ang sinasabi mismo ng Diyos na gawin. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, manatili kayong nakalinya sa Diyos.

228 Ngayon, ang natutulog na birhen, naiwaglit niya ang puwesto niya, alam natin ‘yan. Siya’y paroroon sa paghatol. At kung narinig niya ang Katotohanan, siya’y nakondena na. Ganoon nga. Hindi n’yo kailanman masusumpungan si Jesus sa saan pa mang lugar kundi doon sa dako kung saan n’yo Siya iniwan.

229 Si Judas nga’y magagawang . . . Alalahanin n’yo ‘yan! “‘Ang mga natutulog na birhen’ ang sabi mo, ‘ay maaaring kinasihan ng diyablo?’” Walang duda! “Nananatili naman silang malinis ang pamumuhay?” Siyanga, po. Si Judas ay ganoon din naman; niligtas, pinaging banal, nangaral ng Makalangit na kagalingan, nagpalayas ng mga diyablo. Aba’t, siya nga’y tuwid na tuwid, halos ‘yun na ‘yun din gaya ng iba pa. Pero pagdating sa Pentecostes, doon niya ipinakita ang tunay niyang kulay. Hindi niya tinanggap ang Espiritu Santo, at padalos-dalos na lumiko at tinanggihan ang Panginoong Jesus. Ganoon mismo ang ginawa ng mga kaiglesyahan. Pagdating sa Pentecostal na Pagpapala, sila’y lumayo mula Rito. Oh, hindi n’yo ba nakikita, mga mag-aaral?

²³⁰ Oh, ngayong gabi ang dakilang Pang-ulong Bato. Pero sandali na lang po, sa palagay ko'y may kaunti pa tayong oras dito, nais kong dumako sa isa pang bagay. Nais kong say- . . . sa inyo ang—ang tatak ng hayop. Ang tatak ng hayop, sige't kunin natin ang Apocalipsis 13, pansumandali. Apocalipsis 13:15, at basahin lang natin kung ano ang . . . kung ano ang gagawin niya. Apocalipsis 13:15:

At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan . . . (Ngayon, 'yan nga'y, "sa mga iglesyang Protestante, ang mga iglesyang Protestante.")

²³¹ Siya'y may kapangyarihan, dahil gumawa sila ng larawan: ang mga iglesyang Protestante. Sa pamamagitan nung—nung Konseho ng mga Iglesya, haya't ibinunsod sa isang kalagayan na ang lahat ng Protestanteng pagbubuklod ay kinakailangang pag-isahin. Ilan ang nakakaalam o nakabasa na tungkol doon sa malaking United na gusali na mayroon sila para sa mga kaiglesyahan ng buong mundo? Tunay nga. Kita n'yo? Doon sa . . . doon mismo ngayon, katulad ng U.N. na mga bansa. At lahat sila'y naroon na, bawat isa sa kanila, maging ang Assemblies of God. Nandun na sila! Nandun sila, kita n'yo. Animo'y aso-sa-aso. "Kung papaanong ang baboy ay nagtutungo sa lublubang putikan nito, at ang aso'y bumabalik sa kanyang suka," babalik nga sa ganoon ding bagay (Walang duda!), halos ikinakatwa na ang kanilang ebanghelikong tayo. At hayan nga kayo, nagnanais na maging malaki, nagnanais na umakto na gaya ng iba pa sa sanlibutan, katulad ng ginawa ng Israel noong makita nila ang mga hari at nagsabi "bigyan mo kami ng hari." Kita n'yo?

At siya'y . . . gumawa ng larawan ayon sa hayop, at ang larawan ay kapwa makapangusap, at maibunsod . . . maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop . . .

²³² Ang *larawan* ng hayop, ang "denominasyong Protestante," hindi ang Katoliko. Ang Amerika ito na ipinapangusap Niya rito, kita n'yo, dahil itong ika-13 kabanata ay tungkol sa Amerika, ang hayop ito na lumitaw mula sa . . . Kita n'yo, lahat ng iba pang hayop ay lumitaw mula sa *tubig*, na ang ibig sabihin ay "kakapalan at karamihan ng mga tao." Pero ang hayop dito, ito'y lumitaw na parang isang tupa, mula sa lupa kung saan walang tao; na may dalawang sungay, at pagkatapos nagsasalita na parang isang dragon. At gumawa sila ng larawan ukol sa hayop na nasa Europa noon, at ginawa itong narito sa dako rito na isang larawan nun. Isang kon- . . . ang pagsasama-sama ng mga kaiglesyahan at binubuo itong Protestanteng pagbubuklod, at pagkatapos kanilang pinuwera ang lahat ng iba pang mga kaiglesyahan, na hindi sila maaaring bumili o magbenta o anumang bagay nang hindi muna nila tinataglay itong larawang ukol sa hayop.

233 Ngayon masdan n'yo kung anong nangyayari rito:

At ibubunsod ang lahat, kapwa . . . malalaki, mayayaman . . . mga dukha, at ang mga laya . . . ang mga alipin, ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo:

At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, hanggang siyang . . . mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop, o bilang ng kaniyang pangalan.

Dito'y may karunungan. Ang may pagkaunawa ay bilangin ang mga bilang ng hayop: sapagka't siyang . . . bilang ng isang tao; at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim. (Na alam natin kung sino 'yan; 'yan ang herarkiya ng Roma: ang papa.)

234 Nakapunta na ako roon at nakita ko 'yun mismo, kaya alam ko, doon sa lugar niya (sa trono niya, gaya nga ng tawag dun) katulad ng kung papaanong iniluklok nila ang unang Boniface doon, ang III, noong nagpasimula ang Katolikong kapanahunan *dito*. At sa ibabaw nga nun ay 'yung *Vicarivs Filii Dei*, na ang ibig sabihin ay "isang bikaryo ng Anak ng Diyos." *Dei, Dei*, "Diedad," kita n'yo. Kita n'yo, "Ang bikaryo ng Anak ng Diyos." Sa madaling sabi, "Katulad ng Anak ng Diyos na nakaupo sa ibabaw ng lupa," kita n'yo, "lahat ng kapangyarihan daw para baguhin ang Biblia," babaguhin ang anumang bagay na gusto niya. Kaya naman daw, "Umusal kayo ng 'Aba Ginoong Maria'!" Anong sinasabi ng papa? "Magkakaroon tayo ng 'Aba Ginoong Maria'!" Ganoon na nga mismo. Uh-hum, uh-hum. "Buweno, gagawin natin ang *ganito-at-ganoon*." Kung ano mismo ang sabihin ng papa, 'yun na 'yun, 'yun na mismo. "Isang bikaryo sa halip na ang Anak ng Diyos."

235 Nito-nito lang ay naglahad sila ng dogma na "si Maria ay hindi inilibing," (At samantalang natagpuan nila ang libingan niya at ang lahat na nakamarka kung saan siya inilibing.) sabi, "Hindi, nagbangon kasi siya at nabuhay na mag-uli." Ang sabi ng papa, "Ganyan nga 'yan!" at ganoon na nga raw. "Hindi nagkakamali, kita n'yo," sinabi mismo ng papa. Kita n'yo, "Bikaryo ng Anak ng Diyos."

236 Haya't sinasabi, "Ngayon, sinumang nais malaman kung sino ang hayop, kung saan nanggaling ang kapangyarihan na ito," ang sabi Rito, "bilangin ang mga numero roon at ang may karunungan . . ." Hayan po, isa 'yan sa mga kaloob ng Espiritu Santo, ang karunungan. Kita n'yo? Ang may karunungan ay bilangin ang mga numero ng tao, dahil ito . . . bilangin ang mga numero ng hayop, dahil ito'y bilang ng tao, at ang kanyang bilang ay animnaraan at animnapu't anim. Ngayon, kunin n'yo ang . . . at baybayin n'yo ang pangalan na 'yun, V-i-c-o, at—at batay mismo sa mga salita, at gumuhit kayo ng guhit dito . . . o sumahin n'yo ang mga Romanong numero, at masusumpungan

n'yo rito na ang makukuha n'yo ay animnaraan at animnapu't anim. Ganoon nga mismo.

237 "At ngayon ay gumawa tayo ng larawan ukol sa hayop." At dito mismo sa bansang ito ay gumawa na sila ng isang larawan: isang kompederasyon ng mga denominasyon na nagsasama-sama, ang mga Nicolaita'y nagsasama-sama at nagpaging denominasyon sa kani-kanilang sarili. At sa huli'y paglalalakin ang pagkakapatiran na ito, na hindi paririto bilang Katoliko, kundi sila'y magkakaisa bilang isang pagkakapatiran para pagsikapang pigilan ang Komunismo.

238 At sinabi ng Biblia na pinalitaw ng Diyos ang Komunismo para makapaghiganti sa mga bansa dahil sa bagay na ginawa nila sa mga anak ng Diyos. Eksaktong ganoon. Sabi niya, "At kanilang—kanilang—kanilang ibinigay ang kanilang kapangyarihan at lahat-lahat sa hayop nang isang oras, at para mapaghigantian ang mga tao, ang . . . dahil sa dugo na kanilang pinadanak." At kapag ang bomba atomika o anuman ay tatama sa Vatican City, at ang herarkiya ng Roma'y mawawala na, ang sabi Nito, "At sa kanya'y nasumpungan ang dugo ng bawat martir na pinatay kailan man sa mundo." At hayun nga siya. At heto ang larawan nito, isang kompederasyon ng mga iglesya.

239 Hindi na magtatagal hanggang sa isasara na natin ang mga pintuan na 'yun, ganoon nga mismo, o tanggapin ang denominasyong marka. At isasara na natin ang mga pintuan, ganoon nga, tayo'y . . . talagang mas may alam tayo kaysa dun.

240 Ngayon, ngayon, nais ko po, dito mismo sa bahagi ng pagpipiga, bago tayo umalis nang ilang minuto na lang. Ngayon, ang *Tanda* ng Diyos ay ang "Espiritu Santo." Alam 'yan ng lahat, di po ba? Buweno, alam nating lahat 'yan, na ang Tanda ng Diyos ay ang Espiritu Santo. Ngayon makikita 'yan sa . . . Kunin n'yo ang Apocalipsis 9—9:1 hanggang 4, makikita n'yo na lahat sila'y may tanda sa kanilang noo. Unang Mga Taga-Corinto 1:22, ang sabi ni Pablo, "Na Siyang nagtatak sa atin ng Kanyang Espiritu Santo hanggang sa araw . . ." Mga Taga-Efeso 4:30, sinasabi, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo," 'yun nga ang Anghel na lumitaw na nagtatatak sa kanilang noo. Ngayon, hindi ibig sabihin n'yan na kayo . . . na Siya'y kumukuha at naglalagay ng batik doon; ang noo n'yo po ay ang inyong kapahayagan, kita n'yo, at ang kamay n'yo ay ang bagay na ginagawa n'yo rito. Kita n'yo, isa itong espirituwal na marka. Kita n'yo? Hindi siya kumukuha ng malaking pangtatak at tatatakan kayo nang *paganoon*. Oh, hindi po.

241 Gaya noong ilang mga taon ang nakalipas ang sabi nila, noong ang N.R.A. ay lumabas, na *ganito*, *ganoon* daw o . . . Huwag 'yun ang antabayanan n'yo, nandito na 'yun. Sinabi ng Biblia na nagsimula na ito noon pa, ito nga'y halos patapos na. Kita n'yo? Tama.

242 Pero Kanyang tinatakan ang mga Selyado na. Kita n'yo? Ngayon, papaano nga ang—papaano ang unang tatak, anong itsura nito? Sila'y napuspos ng Espiritu Santo, ganoon nga, at ang kanilang mga gawa'y mga gawa ni Cristo. Sila'y nagpatong ng mga kamay sa maysakit at sila'y nagsigaling, nagpamalas sila ng lahat ng klase ng mga tanda't mga himala't kababalaghan. At sa kanilang noo, sila'y natatakan ng kapahayagan na Siya ang Anak ng Diyos, at sila'y—sila'y gumagawa kasama Siya (ang—ang pagka-Diyos ni Cristo), na hayan nga ang tanda.

243 Sasabihin n'yo, "Buweno, ngayon, Siya ang ikatlong persona, o ang ikalawang per- . . ." Wala pa kayong tanda, kaya mabuting—mabuting huwag n'yo Itong pakialaman. Kita n'yo, ang layo n'yo, ang layo n'yo sa papel diyan, wala ngang ganoong bagay na tulad nun sa Biblia. "Aming binebendisyunan. . . Kami'y naniniwala sa santisima trinidad." Ang layo n'yo. . . Ni wala nga kayo sa papel mismo, kita n'yo, dahil walang ganoong bagay na *trinidad* na nabanggit sa Biblia. Sige't hanapin n'yo ang salitang *trinidad* sa Biblia at halikayo.

244 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...?...sa Anak, na tinatawag na pagiging anak; ngayon Siya'y nariyan sa inyo, ang bautismo ng Espiritu Santo; ang siya ring Diyos. Ang Espiritu Santo ay ang Ama ni Jesus Cristo. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan," ang sabi ni Jesus, "Ako'y nagbuhat sa Diyos, at Ako'y babalik sa Diyos (sa Espiritu Santo muli). At Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa dulo (sa kawakasan). Sa pagtugaygay ng panahon mismo, Ako'y sasama sa inyo gaya dun sa. . . At ang mismong mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Ang mga bagay na Aking ginagawa noon ay lalakip mismo, 'yun ang magiging tanda ng mananampalataya hanggang dulo. Humayo kayo at mangaral, at magbautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at sila'y mapupuno ng Aking Espiritu; at kung mangyari sa kanila, ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya, hanggang sa katapusan ng mundo. Ako'y kasama ninyo sa tuwina, hanggang sa katapusan man ng mundo." Siya'y tinanggap paakyat sa Kaluwahatian. Ganoon nga, at tayo'y umaasa't naghihintay sa Kanya na dumating balang araw. Ngayon, 'yan ang Tanda ng Diyos, alam natin 'yan.

245 At alalahanin n'yo, may sandaan at apatnapu't apat na libo lang ng mga Judio ang natatakan, na mga nalabi ng mga Judio na natira. Pero dito, sa Nobyang Gentil, sa Nobyang Gentil, may makasampung libo na makalibo, na mga natatakan doon, dahil kabilang diyan ay sila na mga martir at dahil sa mga bagay na nangyari sa nagdaang mga kapanahunan; sila'y magbabangon sa araw ng paghatol.

246 Ano sa palagay n'yo ang mangyayari kapag ang tansong mga paa ng paghatol na 'yun ay tatayo na sa araw na 'yun at sila na

mga martir ay tatayo roon sa harap ng mga Romano (marahil mga Nicolaita na noong panahon na sinunog sila sa tulusan at pinatapon sila sa yungib ng mga leon at mga bagay na gaya nun), at naroon sila bilang kanilang abogado sa tri- . . . sa tribunal ng mga hurado roon? At ang Tagahatol ay nakaupo roon sa upuan, “Ipinangaral n’yo ba ang Ebanghelyo sa kanila?”

“Aking tinatakan doon ang aking buhay sa bibig ng leon alang-alang sa kanila.”

²⁴⁷ Ooh, kapatid! Yung diin nun “magsilayo kayo sa Akin,” ang impyerno ay mas mabait na nga na parusa para sa kanila! Ganoon nga.

²⁴⁸ “Mag-ingat kayo. Aking nababatid ang tungkol sa kanila na mga tinatawag ang sari-sarili nila . . . (yung mga Nicolaita), at tinatawag ang sari-sarili nila na ‘puspos-ng-Espiritu’ at hindi naman.” Hayan, kita n’yo, hayan nga kayo. Oh! Parating na ang oras, grabeng kakila-kilabot na oras nga. Na ang Diyos ay maghihiganti! “Ako’y maghihiganti,” sabi ng Panginoon, “Ako’y maniningil!” At bawat masamang gawa ay makasumpong ng sadyang . . . Lahat ng nagawa mo o naisip man sa iyong buong buhay ay ipapanagot sa iyo roon, doon sa magnetikong instrumento na ’yun kung saan ay nakarekord ang bawat masamang pag-iisip na dumaan sa isip n’yo. Magsipagsisi kayo, mga anak!

²⁴⁹ May isang paraan lang na maiwasan ’yun, ’yun ay lumapit kay Cristo, at kapag nagtungo na kayo roon sa Kanyang kaibig-ibig na limang-sinugatang tagiliran doon, ang limang kalugud-lugod na sugat sa Kanyang katawan, kapag nakita n’yo ang nagdudugo na ’yun at magkukubli kayo roon, na sasabihin, “Bato ng Mga Kapanahunan, ako’y walang kainaman. Iyong ikubli ako, Bato ng Mga Kapanahunan.” Madadama n’yo ang kalugud-lugod na Espiritu Santo, kayo’y mamatay mismo at lumayag patungo sa katawan ni Cristo; babangon, para gumising tungo sa bagong mga bagay, ito’y isa nang bagong daigdig sa palibot n’yo. Ang mga kasalanan na dating kinagigiliwan n’yo ay tinalikuran n’yo na. Oh, walang hinaharap, walang kasalukuyan, kahit kamatayan, walang anuman ang makapaghihiwalay sa inyo mula Roon. Kayo’y natatakan na hanggang sa araw ng inyong pagkatubos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nakamit n’yo ang kapahayagan kung Sino Siya. Alam n’yo sa inyong puso na kayo’y lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.

²⁵⁰ Pansinin n’yo ang mga gawa ng inyong kamay, makikita n’yo. Hindi na kayo nagnanakaw, hindi na kayo gumagawa ng masama. Ang mga kamay n’yo ay malinis na malinis mula sa lahat ng dugo. At kayo’y tumatayo, ipinangaral ang Ebanghelyo, sinasabi ang bagay na tama, at ipinamumuhay ang bagay na tama, at ginagawa ang bagay na tama, at ang Espiritu Santo sa inyo ay nagpapamalas ng mga tanda’t mga

kababalaghan araw-araw; ipinapaalam mismo sa iyo ng Diyos kung papaanong, “Ikaw ang Aking pinagpalang anak at Ako’y kasama mo, Ako—Ako’y kasama mo. Kahit nasaan ka pang dako, Ako’y kasama mo. Ako’y sasama sa iyo sa madidilim na oras at sa lahat ng dako.” Oh, grabeng—grabeng Angkla!

Aking iniaangkla ang aking kaluluwa sa
kanlungan ng kapahingahan,
Para hindi na maglayag sa ligaw na pag-
aalinlangang karagatan;
Marahil ang unos ay mananangay sa mabangis,
na mabagyong kalaliman,
Pero kay Jesus ako’y ligtas magpakailanman.

251 Kahit ang kamatayan ay lilitaw na humihiging-higing isa sa mga araw na ito, at lilipad na gaya ng bubuyog sa palibot ng ulo mo nang paganoon, sasabihin mo pa rin, “Oh, nasaan ang iyong tibo?”

252 Gaya ng isinulat ni munting Sarah noong isang umaga, ang munti ko ngang anak na babae na nakaupo riyon sa likod. Sinusulat niya, siya at ang munting anak na babae ni Kapatid na Collins, sa palagay ko, tungkol sa bagay na ipinapangusap ko. Heto nga na nagbabasa ako ng pahayagan, ang nanay niya at ako, tapos sabi niya, “Ang aklat ng mga rebolusyon.” Amen. Sabi niya . . . At alam n’yo ba’yung munting kuwento na naukuwento ko sa dulo tungkol sa *kamatayan*, alam n’yo. Narinig n’yo na’yun, *wala itong panibo*. Nandito ba kayo noong ikuwento’yun? Kita n’yo, ang kamatayan po’y may panibo noon, pero noong . . .

253 Hindi nga ganoong kasigurado noon si Satanas kung ang Tao bang ito’y Anak ng Diyos o hindi. Makikinita n’yo siya na nakatayo roon noong . . . Lumapit sa Kanya si Satanas at nagsabi, “Buweno, kung nakagagawa Ka ng mga himala, kung isa Kang tao na nagpapamalas-ng-himala, kung Ikaw yaong Anak ng Diyos. Sinasabi ko nga sa Iyo, nakasulat mismo sa Biblia, kita Mo, na . . . At—at kung—kung Ikaw talaga, sige’t pakitaan Mo ako na magpamalas Ka ng isang himala. Ngayon, gutom Ka, hindi Ka pa kumakain nang apatnapung araw na, bakit di Mo kunin ang bato na ito at gawing tinapay at maupo at kainin? Ipakita Mo sa akin na gagawin Mo at maniniwala Ako na Ikaw ang Anak ng Diyos.”

254 Sabi, “Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita.” Oh, grabe! Nalaman niya agad na hindi si Moises ang nakatagpo niya roon, di po ba? Inihagis ni Moises ang mga utos noon at nawasak’yun; anupa’t alam niya na mas matindi ang patama niya kaysa kay Moises.

255 Pagkatapos kanyang dinala Siya sa mataas, at sabi niya, “Nakikita Mo ba ang lahat ng mga kaharian na’y an sa buong mundo? Hayan ang Estados Unidos, hayan ang Gran Britanya, hayan ang lahat na lilitaw sa mga darating na mga taon.”

Sabi, “Ang bawat isa n’yan ay sa akin, alam Mo ’yan.” (Ang diyablo nga ang namumuno sa mga ito.) Sabi, “Akin ang mga ito at nagagawa ko ang gusto kong gawin sa mga ito, haya’t naipapadala ko sila sa digmaan, nagagawa ko mismo ang anumang gustuhin ko sa mga ito. Sa akin ang mga ito.” Sabi, “Ibibigay ko ang mga ito sa Iyo kung Iyo lamang akong sasambahin.”

²⁵⁶ Sabi, “Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas.” Alam Niya na Kanyang mamanahin ang mga ito ano’t anuman, sa huli, kaya ang sabi Niya, “Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas.”

²⁵⁷ Sa wakas nga noong mahuli nila Siya sa dakong ’yun isang araw, at sila’y—sila’y kumuha ng basahan at itinaklob sa Kanyang mukha nang *paganito*, nakikinita ko ang isang luma’t maduming bandana, at inilagay . . . ibinalot ’yun mismo sa ulo Niya. At nakaupo Siya roon, na duguan at sugatan. Umaga, na malamig ang ihip ng hangin. Kanilang nilatigo na Siya, at may dugo mismo na dumadaloy sa Kanyang mga balikat, may itinaklob pa sila sa Kanya nang *paganoon*; at ’yung dugo na ’yun na kumapit na sa Kanyang likod, at nakaupo roon, at isang koronang tinik ang inilagay mismo sa Kanyang mukha nang *paganoon*. At ’yung dugo, at dura mula sa mga kawal, ay nasa buong mukha Niya, habang Siya’y nakaupo roon. Hindi ba’t kalunus-lunos tingnan? (Oh Diyos!)

²⁵⁸ Sasabihin n’yo, “Buweno, kung nandun sana ako, talagang may gagawin ako tungkol dun.” Buweno, bakit wala kayong ginagawa tungkol dito ngayon? Dahil kung inyong . . . Malamang ay gagawin din n’yo noon ang siya ring bagay na ginagawa n’yo ngayon.

²⁵⁹ Hayun nga Siya, nakaupo roon, na kinutya at dinuraan. Hayun ang mga alagad na nakatayo roon sa malayo, na sinasabi, “Oh, naku, maaari kaya Ito? Ang Lalaki na ’yun, Na may kakayahang tawagin ang isang patay na lalaki mula sa libingan, at tingnan n’yo Siya roon.” Haya’t bigo silang mapagkilala ang Mga Kasulatan. Ganoon nga ’yun, kita n’yo.

²⁶⁰ At mangyari, na may dugo at dura sa Kanyang mukha. Nagpiring sila ng basahan sa Kanyang mga mata, at sabi, “Alam n’yo, sinasabi nila sa akin ‘Siya raw ay may espirituwal na pagtalos, alam n’yo. Isa raw Siyang propeta, nagagawa Niyang magsaysay sa mga tao. Sinaysay Niya sa babae sa may balon ang mga kasalanan nito. At sinaysay Niya kay Simon na ang pangalan ng tatay niya ay Jonas, at lahat ng tungkol dun.’ Sige’t tingnan nga natin kung anong magagawa Niya, kung ano ang magagawa Niya ngayon.”

²⁶¹ Sabi nila, “Bigyan natin Siya ng kaunting pagsubok.” Ang diyablo nga ’yun na kumikilos sa mga tao roon. Nagpiring sila ng basahan sa Kanyang mga mata nang *paganoon*, kumuha sila ng baston at hinampas Siya sa ibabaw ng ulo gamit ’yun, sabi,

“Kung Ikaw ay isang propeta, sabihin Mo nga sa amin kung sinong humampas sa Iyo.” Hindi Siya nagbuka ng Kanyang bibig, Siya’y naupo lang doon.

262 Sabi ni Satanas, “Alam n’yo na hindi maaari . . . di maaari na—na ang Diyos ’yan.”

263 Ganyan na ganyan din ang sinasabi ngayon ng matandang denominasyon, “Sangkumpol lang ’yan ng mga holy-roller, hindi maaaring ang Diyos ’yan.” Pero wala silang kaalam-alam. Hindi nila nalalaman. “Aba’y hindi maaaring ang Diyos ’yan na ginagawa ang mga bagay na ’yan, pagbabasa lamang ’yan ng pag-iisip. Sila’y—sila’y mga manghuhula.” Hindi lang talaga nila Ito nakukuha, ganoon ’yun.

264 Kaya dumako na sila—dumako na sila sa burol, dinamitan Siya ng balabal. Yun ang tanging damit na mayroon Siya marahil, sa palagay ko, noong Siya’y isa pang tao, hinabi nina Maria at Marta ang Kanyang munting balabal na ’yun, sambuong balabal mismo, na walang dugtungang tahi. Idinamit nila ’yun sa Kanya. At hayun nga ang mumunting mga mantsa sa Kanyang balabal habang papaakyat Siya sa burol; kinakaladkad, kumakaldag-kaldag ang lumang krus na ’yun. At ang Kanyang munti’t, mahinang katawan ay umuusad doon; at kanilang nilalatego Siya, at lahat na, pinausad Siya nang paganoon. Itong lumang krus ay, “kumakaldag-kaldag,” at ang Kanyang mga balikat ay kumukusdos dun, at Siya’y nangangot-ngatog, at Siya’y nagpapatuloy pa rin.

265 At ’yung mumunting mga mantsa ay palaki nang palaki, hanggang sa maging malaking mantsa. Susuplot dun si Matandang Satanas, alam n’yo na, sa anyo ng isang “bubuyog,” ang *kamatayan* na ’yun, alam n’yo, at nagsabi, “Ah, ah, ah! Yan? Hindi ’yan magagawa ng Diyos.” Sabi, “Anupa’t isa lang Siyang tao, nagkukunwari lang Siya.” Ganoon pa rin ang iniisip niya hanggang ngayon. “Nagpapanggap lang Siya, kaya titibuin ko Siya. Kung Diyos Siya haya’t hindi Siya mamamatay. Kaya titibuin ko—titibuin ko Siya at titingnan kung anong mangyayari, kung ganoon. Aking—aking susubukin Siya.”

266 Kaya noong kanyang maipapako na Siya roon sa krus, kanyang ibinaon ang tibo na ’yun sa Kanya; pero noong magawa niya, naiwaglit niya ang kanyang tibo. Yun nga’y higit pa sa isang tao, ang Diyos ang natibo niya noong sandali na ’yun!

267 At ’yan ang dahilan kung bakit nasabi niya, “Oh kamatayan . . .” noong si Pablo . . . Alam n’yo—alam n’yo, ang isang bubuyog, pagkatapos na makatibo ito nang malalim talaga, hindi na ito makakapanibo pa. Tapos na ang bubuyog. Maaari siyang humugong at gumawa ng ingay, pero hindi na siya—siya—siya makakapanibo pa, dahil wala na siya nung panibo na ’yun. Kaya ang kamatayan ay wala nang panibo. Si Pablo, noong itinatayo nila ’yung dako kung saan nila siya

pupugutan ng ulo, ang kamatayan ay tumi- . . . humuhugong-hugong sa paligid niya, ang sabi niya, “Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo?”

²⁶⁸ Sabi ng libingan, “Makukuha rin kita, Pablo. Ilulubog kita.” (Nakapunta po ako roon sa lugar kung saan nila pinugot ang ulo niya at itinapon siya sa kanal dun.) Ang sabi ng libingan, “Aking—aking—aking bubutasin ang iyong katawan, pabubulukin kita.”

²⁶⁹ Tapos sabi niya, “Oh—oh, Oh libingan, saan naroon ang iyong katagumpayan?” Kita n’yo? “Pero salamat sa Diyos na Siyang nagkaloob sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo!” Naiwaglit ng kamatayan ang panibo nito na para sana sa kanya. Sabi, “Pinagbuti ko ang aking pakikipaglaban, tinapos ko ang aking takbuhin, pinanatili ko ang Pananamपालतया. At buhat ngayon ay natataan sa akin ang isang putong ng katuwiran na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na Hukom sa araw na yaon. At hindi lang sa akin, kundi sa lahat din na mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita.” Amen! “Pugutin n’yo kung gusto n’yo.” Huh! Oh, ’yun—’yun nga ’yun. Ganoon mismo ang pamamaraan, kapatid. Yan—yan mismo ang tunay na Cristianong Espiritu.

²⁷⁰ Ngayon—ngayon, kung matatanggap n’yo ang pagkakataon, papaano n’yo makukuha ang marka ng hayop? Nais ko pong saysayin lamang ito dahil sa palagay ko’y magtatapos na ako sa pagsasabi nito. Papaano n’yo makukuha ang marka ng hayop? Gusto n’yo bang malaman? Ano ba ang mga resulta? Ano ang marka ng hayop?

²⁷¹ Alam natin kung ano ang Tatak ng Diyos. Ano nga uli ang Tatak ng Diyos? Buweno, bumuklat tayo sa Mga Taga-Efeso 4:30, at pagkatapos—pagkatapos pagkakuha n’yo rito, haya’t basahin n’yo mismo ito riyang sa sarili n’yo. O—o marahil ang iba sa inyo’y dumako sa Apocalipsis—Apocalipsis 9:1 hanggang 4. At ’yung isa, Ikalawang Mga-Taga Corinto 1:22. Nasa maraming dako po. Ilan lang ang minarkahan ko riyang. Pero sige’t kunin natin ang Mga Taga-Efeso 4:30, at pagkatapos makikita n’yo kung ano mismo ang Tatak ng Diyos; at itong iba pa, o saan man. Tingnan n’yo lang ang salitang *tatak* sa inyong konkorde, at tugaygayin n’yo ’yun sa lahat ng dako na nais n’yo. Buweno, Mga Taga-Efeso 4:30, pakinggan n’yo ito:

At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan hanggang sa kaarawan ng inyong pagkatubos.

²⁷² Ano ang Tanda ng Diyos? Ang Espiritu Santo. Tunay. Buweno, ngayon, “Siya na walang Espiritu ng Diyos ay hindi Akin.” Kung kamit n’yo ang Espiritu Santo, kayo’y bahagi mismo ng Diyos dahil kayo’y sa Kanya. Kanyang—Kanyang tinatakan kayo at Siya’y nasa inyo, gumagawa sa inyo, at ang

mga tanda na Kanyang ginagawa ay gagawin din n'yo naman. Ngayon, ang lahat ba rito'y nakakaunawa, kayo na mga mag-aaral? Kinakailangan mismo ang Espiritu Santo para maging sa Diyos; ang Espiritu Santo. At kung kayo'y sa Espiritu Santo, gagawin n'yo ang mga gawa na ginawa noon ni Jesus. Kita n'yo? Ang inyong pag-ibig . . .

²⁷³ Noong duraan nila ang Iyong mukha at hagupitin Ka sa buong dako nang gaya nun, wala Kang ugat ng kapaitan. Tumingin lang Siya sa kanila, ang sabi Niya, "Ama, patawarin Mo sila dahil hindi nila nalalaman ang ginagawa nila." Kita n'yo, hindi nila nalalaman.

²⁷⁴ Mabubulay n'yo ba 'yun? Ang Sarili Niya mismong mga anak ay hinihiling ang Kanyang Dugo! Ang Maylalang ng kalangitan at lupa'y nakabitin mismo sa isang krus na Kanyang ginawa mismo, na pinatubo Niya mula sa lupa. At ang Sarili Niya mismong mga anak! (Isipin n'yo na lang ang inyong mga anak, mga tatay rito, ang inyong mga anak mismo.) Hinihiling Siya, "Iwaksi Siya! Ibigay n'yo sa amin si Barrabas, ang magnanakaw sa dakong 'yun."

²⁷⁵ Oh, ako ang Barrabas na 'yun, ako ang isa na 'yun na nararapat mamatay at Siya'y humalili sa aking lugar. Grabe marahil ang naramdaman ni Barrabas noong umagang 'yun noong palapit nang palapit ang kalansing ng senturyon na 'yun doon, at binuksan ang pinto. At si matandang Barrabas ay nagsasabi, "Oh, naku! Kaunting sandali na lang at ako'y mamamatay na. Isa akong mamamatay-tao, isa akong—isa akong magnanakaw. Papatayin na nila ako ngayon, alam ko na gagawin nila. Araw ngayon ng paskwa, kaya ako'y—ako'y talagang . . . alam ko na mamamatay ako ngayon." Kinakabahan, buong gabi, palakad-lakad sa palibot gaya ng iba pang makasalanan. Malalaman n'yo na lang, hetong paparating ang bantay. Sabi niya, "Oh, oh, heto na siya. Oras ko na, oras ko na." At isinuksok ang susi at pinihit.

Tumayo ang bantay nang tuwid, "Lumabas ka, Barrabas!"

"Uh-huh, opo. Naku, oras ko na, oras ko na."

"Hindi, lumaya ka't gawin mo ang gusto mo."

"Ano?"

"Lumaya ka't gawin mo ang gusto mo. Lumabas ka na ngayon, malaya ka na."

²⁷⁶ "Malaya na ako? Aba't, sinintensyahan n'yo ako para mamatay." Ganoon nga, sinentensyahan tayong lahat na makasalanan ng Diyos na mamatay. "Sinintensyahan n'yo ako para mamatay, papaano akong napalaya?"

²⁷⁷ "Halika rito, Barrabas. Tingnan mo, paakyat doon sa burol sa ibayo, pakinggan mo ang krus na kumakaldag sa lupa. Pakinggan mo ang mga pako roon na kanilang ibinabaon sa

Kyang mga kamay. Tingnan mo Siya na umiiyak doon, maaalat na luha at dugo na naghalo-halo sa Kyang mukha. Humalili Siya sa lugar mo, Barrabas, namatay Siya para sa iyo.”

“Ang ibig mo bang sabihin ay namatay Siya para ako’y lumaya?”

“Oo.”

²⁷⁸ “Buweno, sige, kung ganoon ay magsisimula uli akong pumatay.” Oh, grabeng walang utang na loob! Karapat-dapat ka ngang mamatay.

Noong—noong tanawin ko ang Krus na
kahanga-hanga,
Kung saan namatay ang Prinsipe ng
Kaluwalhatian,
Lahat ng katanyagan ko’y nauwi sa kawalan.

Oh, grabe! Hindi na nakapagtataka na sinabi ng makata:

Sa pagkabuhay, ako’y inibig Niya; sa
pagkamatay, ako’y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kyang dinala sa malayong
dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako’y
ariing ganap nang walang bayad kailanman:
Balang araw Siya nga ay darating—oh, araw na
walang kasing ningning!

²⁷⁹ Papaano ko nga Siya matatalikuran yamang nakita ko kung anong ginawa Niya para sa akin? Papaano ko maaatim? Mas nanaisin ko pang mawala ang lahat na kaibigan ko sa lupa. Papaano, samantalang ako. . . Handa nga ako na masipa palabas ng mga organisasyon at masipa-sipa, sa lahat ng mga ’yan. Yamang sa pagtanaw ko sa ibayo, noong ako’y hatulan na mamatay, haya’t Siya’y humalili sa lugar ko! Tunay, Panginoon. Ang lahat mismo, ay ibinibilang ko na anupa’t walang kabuluhan at kalugihan. Oh, itulot Mo pong yakapin ko ang Krus, Oh Panginoon.

Mga bato’y nahati’t nagdilim ang mga langit,
Tagapagligtas ko’y ulo Niya’y inilaylay at
namatay,
Ang tabing na nabuksan ipinakita nito ang
daan
Patungo sa kagalakan ng Kalangitan at araw
na wala na ngang kawakasan.

²⁸⁰ Oh, itulot Mo na ako—itulot Mo na ako’y manatiling malapit sa Iyo, Jesus. Huwag Mo akong palayuin sa Iyong kaibig-ibig na tabi, gayong nakita ko ang Iyong limang sugat na dumudugo. Oh Prinsipe ng Langit, ganoon na lamang na Siya’y namatay, namatay para sa akin! Namatay para ako’y. . .

281 Na isang hinatulan . . . sa mga tanikala ng kasalanan, sa bilanguan ng impyerno, kinondena, may sala, na patungo na roon para wasakin magpakailanman, at pagkatapos may Isa na humalili sa lugar ko. At noong sila . . . Nag-aararo rito noong ako'y isang ba- . . . ; mga nasa disi otso, beinte anyos pa ako noon, isang araw ang Espiritu Santo . . . sabi ko, "Buweno, sino ba talaga ako? Saan ako nanggaling? Saan ako patungo?"

282 Kanyang sinabi, "Humalili Siya sa lugar mo, papunta ka roon. Humalili Siya sa lugar mo, hayun nga Siya."

283 Sabi ko, "Oh Cordero ng Diyos! Oh Cordero ng Diyos, ako'y lumalapit! Ako'y lumalapit! Wala akong sukat maihahandog mula sa aking mga bisig, wala akong maihahandog sa Iyo, Panginoon, sa Iyong krus lamang ako nanghahawakan nananalig; 'yun lang ang mayroon ako." At Kanyang tinanggap ako. Dinamitan Niya ako gaya nung tatay sa alibugha niyang anak, pinagdamit ng bagong kasuotan, ang kasuotan na hindi akin, ang Kanyang damit ng Kanyang katuwiran ay idinamit Niya sa akin; at isang singsing na pangkasal sa aking daliri, na Ako'y mabibilang na Nobya sa araw na 'yun. Ngayon ang pinatabang guya ay kinatay na, at tayo'y nagbubunyi dahil ako'y dating patay at ngayon ako'y buhay, ako'y dating ligaw at ngayon ay natagpuan.

Biyayang kamangha-mangha! napakatamis na mapakinggan,
Na ang tulad kong napakasama ay ligtas kahit di karapat-dapat! (Isang masaol tulad ni Barrabas.)
Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon ay nasumpungan,
Dating bulag ang mga mata, subalit ngayon ay nakakakita.

Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
Sa biyaya rin panlulumo dagling naglaho;
Wala na ngang maitutumbas sa biyaya Mong naipamalas
Nang mga oras ngang iyon pananampalataya ko'y tuon!

Sa pagdako natin doon nang sampung libong taon,
Pagsinag ay maliwanag na araw ang katulad;
(Wala nang mga bituwin, ang Araw.)
Panahon nati'y di iiksi sa pagbubunyi ng Kanyang papuri
Anupa't tayo'y laging parang nagpapasimula pa lamang. (Nasa Walang Hanggan na tayo n'yan.)

284 Oh, ganoon na lamang na iniibig ko si Jesus, dahil una Niya akong inibig. Oh, grabeng kahanga-hanga!

Bumuklat po kayo kasama ko ngayon sa Exodo, kung mamarapatin n'yo, sa ika-21 kabanata.

285 Ang pagbibilin ng Kanyang “Espiritu,” ngayon mangungusap tayo ngayon tungkol sa kung papaano matatanggap. . . Ipinakita ko na sa inyo, at sinasabi sa inyo ang mga resulta, “*hayon Siya.*”

286 Ngayon, papaano n'yo matatanggap ang tanda ng “hayop”? At ipapakita ko sa inyo kung ano ang kahatulan na magiging kahihinatnanan n'yo *roon*. Ngayon, ang tanda ng hayop, Exodo sa ika-21 kabanata. Hahanguin natin sa Lumang Tipan para makita n'yo sa dako rito. Gayundin sa Bagong Tipan haya't marami akong Mga Kasulatan na nailagay rito na alam natin. Ngayon sige't basahin natin:

Ito nga ang mga hatol na igagawad mo sa harap nila.

Kung ikaw ay bumili ng isang aliping Hebreo, (Ngayon, alalahanin n'yo, isang Hebreo ang binabanggit dito, isa 'yang mananampalataya, kita n'yo.) . . . isang aliping Hebreo, ay anim na taong maglilingkod siya: at sa ikapito ay aalis siyang laya na walang sauling bayad.

Kung siya'y pumasok na magisa, ay aalis na mag-isa: kung may asawa ay aalis nga ang kaniyang asawa na kasama niya.

Kung siya'y bigyan ng kaniyang panginoon . . . binigyan siya ng asawa, . . . at magkaanak sa kaniya ng mga lalake o mga babae; ang asawa at ang kaniyang mga anak ay magiging sa kaniyang panginoon, at siya'y aalis na . . . magisa.

287 Hindi ko na po . . . Alam ko—ko—ko—ko na ubos na ang oras ko. Pasensya na, Kapatid na Neville, pero sa palagay ko—sa palagay ko ay kinakaïlangan ko itong patimuin, kapatid.

288 Tingnan n'yo rito. Hindi ito sa kung ano ang nanay n'yo, kung ano ang tatay n'yo, ito'y nakasalalay sa inyo mismo! hindi nga sa iyong asawang babae, kita n'yo; 'yung asawa niyang babae'y hindi ibinilang, maging ang mga anak niya'y hindi ibinilang. Siya lang! Kahit na . . . Ang nanay n'yo man ay isang banal, ang tatay n'yo man ay isang banal; ganoon din naman ang tatay at nanay ni Esau, pero siya'y isang lagalag. Kita n'yo? Pero, siya . . . anupa't ito'y pang-individuwal na pakikitungo sa *inyo*.

289 Sasabihin, “Ang tatay ko naman ay isang mangangaral.” Wala 'yang kinalaman sa inyo. “Ang nanay ko'y isang maka-Diyos na babae. Oh, siya'y nasa Langit.” Marahil totoo 'yan, pero papaano ka naman? Ito'y nakasalalay sa inyo!

Datapuwa't kung ang alipin . . .

290 Ngayon, dito nga niya . . . Ngayon masdan n'yo ang tanda na ito ng hayop ngayon. Ngayon, wala na ako—wala na akong oras para balikan na pagsunud-sunurin, dahil dalawampung minuto na lang. Pero nais kong sabihin sa inyo.

291 Ngayon, dumarating ang panahon na tinatawag bawat ikapitong taon. Yun nga'y anim na taon. Sa ikapitong taon (Mga mag-aaral ng Biblia, mga ministro, at mga ganoon na nakaupo sa palibot dito, alam n'yo na totoo ito.) tinatawag itong . . . ang ikapitong taon ay tinatawag na taon ng jubileo; na ang lahat ay pinagpapahinga. Walang tanim ang itanim sa ikapitong taon, ang lupa'y pagpapahingahin, ang lahat mismo. Sila'y maghihimalay lang, kita n'yo. Ang lahat ay ipagpapahinga sa ikapitong taon. At sa ikapitong taon may isang—isang saserdote na ihip ng trumpeta. At kung ang isang tao'y isang alipin, di ko alintana anuman ang kanyang mga utang, siya'y malaya na.

292 Ngayon, isa 'yang tipo ng Ebanghelyong Trumpeta. Marahil nagsilbi ka sa diyablo sa lahat ng mga taon na ito, na natatanikalaan, na umiinom ng alak, naninigarilyo, nagsusugal, at nagkakasala, mahahalay na bagay, kahit na ano pa ang nagawa mo, anupa't kapag narinig n'yo ang Ebanghelyong Trumpeta, isa 'yang tanda na maaari na kayong humayong malaya na. Maaari na kayong humayo! “Ang pananampalataya ay dumarating sa pamamagitan ng, [Sinasabi ng kongregasyon, “Pakikinig.”—Pat.] pakikinig sa pamamagitan ng, Salita ng Diyos.” Ngayon napakinggan n'yo na ang buong Ebanghelyo, hindi n'yo kailangang manatiling nakagapos kailan pa man.

293 Ngayon, kung mauupo lang kayo at sasabihin, “Oh, narinig ko Ito, pero hindi ko Ito pinakinggan.” Kita n'yo? Buweno, kung ganoon ay hindi Ito para sa inyo. Huh-uh. Ito'y para sa kanila na pinakikinggan Ito. Buweno, kung pakikinggan n'yo.

294 Ngayon masdan n'yo ang sinabi Niya rito. Ngayon para patunayan ito, ngayon antabayanan n'yo ngang maigi at ituon n'yo ang pag-iisip n'yo sa susunod na dalawa o tatlong minuto.

Datapuwa't kung ang alipin (Yung tao nga na—na palalayain.) *ay maliwanag na magsabi, Aking iniibig ang aking amo, . . .*

295 “Oh, ibig ko talagang pumunta sa mga sayawan. Hindi ko tatalikuran ang pagsasayaw ko sa kung sino. Hindi ko tatalikuran ang *ganito, ganoon, o kung ano pa*, sa kung sino; asawa ko man, mga anak ko, mga bagay sa mundong ito na iniibig ko. Ngayon, tingnan mo rito, Kapatid na Branham, sinasabi ko nga sa iyo, ibig mo bang sabihin ay kinakailangan kong . . . ?” Wala kayong dapat itigil. Pumasok lang kayo, titigil lang ito nang kusa. Pero—pero sasabihin n'yo, “Buweno, hindi ko gagawin 'yan. Hindi ko naman kailangang gawin 'yan, kasapi ako sa isang iglesya at ako'y kasing inam mo rin o ng sino pa mang iba.” Buweno, kapatid. Ayos lang 'yan, narinig mo

naman ang Katotohanan. “Buweno, ngayon, makinig ka rito, hindi naman talaga ‘Ama, Anak, Espiritu Santo’ . . .?” Buweno, kung gusto mong manatili sa ganyan, ikaw ang bahala.

²⁹⁶ Narinig n’yo na ang pagtunog ng Trumpeta, at narinig n’yo na ang nota na pinatunog Nito. At sinabi ng Biblia . . . (Oh Diyos!) Tingnan n’yo ’yun! Hindi ba’t naglalaan ’yan sa akin ng teksto ngayon para sa susunod na oras? “Kung ang pakakak ay tutunog nang walang katiyakan.” Kung sinasabi ng denominasyon n’yo “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” hindi nga ’yan tunog na gaya sa Trumpeta. “Kung ang pakakak ay tutunog nang walang katiyakan, sino ang maghahanda sa kanyang sarili sa pakikipagdigma?”

. . . kung maliwanag na sabihin ng alipin, Aking iniibig ang aking amo, . . .

²⁹⁷ “Iniibig ko—iniibig ko ang diyablo na—na ibinubunsod ako na gawin ang mga bagay na ito, ayos lang ito. At sa palagay ko naman ay hindi . . . Sa palagay ko masyado lang makitid ang pag-iisip mo ukol diyan—diyan. Sa palagay ko masyado ka lang makitid.” Sige. “Iniibig ko ang mga bagay na ito. Sa palagay ko—sa palagay ko ang dapat nga’y mayroon tayo nitong malalaking bagay na gaya *nito*, at gagawin ’yung *ganito*, ang sanlibutan . . . At nagdadaos kami ng mga sayawan, may pagsusugal kami ng bunco sa aming simbahan, at mga bagay na gaya nun, at nagtatamasa kami ng masayang panahon, at ang mga ito’y kasing inam din ng grupo na mayroon ka roon.” Sige, ayos lang. Ayos lang.

. . . at ako’y hindi aalis sa kalayaang ito ng Espiritu na ipinapangusap ko sa inyo:

Kung magkagayo’y ang amo niya (ang diyablo) ay dadalhin siya sa mga hukom; at dadalhin siya sa pinto, . . .

²⁹⁸ Hmm! Ng ano raw? Sino ang Pintuan? [Sinababi ng kongregasyon, “Si Jesus Cristo.”—Pat.] “Naglagay Ako sa harapan ninyo ng isang Pintuan.” Kailan dumating ang tanda ng halimaw? Sa kapanahunan na ito na inilagay ang Pintuan. Ang mar- . . . huling marka ng hayop.

. . . dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng . . . pinto; (’yun ang—ang Kalbaryo, buweno) . . . at bubutasan ng kaniyang amo ang kaniyang tainga . . . ay bubutasan ang kaniyang tainga ng isang pangbutas; at paglilingkuran niya siya magpakailan man.

²⁹⁹ “Anong ibig mong sabihin, Kapatid na Branham?” Kung narinig n’yo na ang Ebanghelyong Katotohanan at tumanggi ka pa rin na lumakad Dito, kung ganoon ay mamarkahan ng Diyos ang iyong tainga kung saan hindi n’yo na Ito didinggin pa kahit kailan. Tinawid n’yo na ang hangganan sa pagitan ng Buhay at kamatayan. Pagkatapos magpapatuloy ka sa iyong

organisasyon, denominasyon, sa natitira sa iyong bu- . . . mga araw, magpakailan man. (Lumakad kayo sa Liwanag, mga anak. Tama.) Paglilingkuran n'yo ang amo na 'yan magpakailanman.

³⁰⁰ Kung hahayaan . . . Ayaw n'yong . . . Kita n'yo, ang Trumpeta'y tumunog na't makalalaya na siya, ito'y biyaya ng Diyos. Ito'y ang taon ng jubileo, ang kakumpletuhan. Ang araw ng kasalanan ay tapos na, kapatid. Sasabihin ko sa inyo na mga naninilbihan sa kasalanan (sa teyp, o sa mga tagapakinig dito), kayo'y . . . bawat isa na naninilbihan sa kasalanan, ang araw ng kasalanan ay tapos na! Namatay si Jesus, hindi n'yo na kailangang manilbihan pa sa kasalanan. Hindi n'yo na kailangang yumuko sa mga kredo't mga denominasyon. "Siya na pinalaya na ng Anak ay talagang malaya na." Kung nais n'yong humayo na malaya na't malaya sa Anak, humiwalay kayo sa lahat na mga bagay at pagsilbihan Siya, halikayo!

³⁰¹ Pero kung ayaw n'yo, kung ganoon ang inyong organisasyon, ang inyong amo, sinuman ito na inyong pinagsisilbihan, ay maglalagay ng marka sa inyong tainga at hindi n'yo na Ito pakikinggan kailanman. Kung mangungusap sa inyong puso ang Diyos na "Lumapit, ito na ang oras," at tatanggi kayo Rito, kung ganoon ay tatanggapin n'yo ang kanyang marka, patitigasin palayo sa Katotohanan. Yan ang marka ng diyablo, ang marka ng hayop. Nakikita n'yo ba? Anong ginagawa ng marka ng hayop? Ibinabalik kayo sa Romanismo, sa pagiging denominasyon, at hindi na kayo makalalapit pa't hindi na magiging malaya; doon na magsisilbi magpakailanman. Hayan nga ang marka ng hayop.

³⁰² Mabigat po 'yan, mga kaibigan, talagang nakahihiwa, pero 'yan mismo ang . . . Hindi po ako mananagot sa . . . sadyang ang sinabi lamang ng Biblia.

³⁰³ Ngayon, 'yan ang tipo ng Lumang Tipan na paunang itinitipo ang pakikinig ng Ebanghelyo ng mabuting balita na "Kayo'y malaya na!" Hindi n'yo na kailangang matalian pa, kayo'y ganap na malaya na kay Cristo Jesus. Wala nang mga kasalanan at mga bagay-bagay. Hindi na kayo . . .

³⁰⁴ Kayo na iniibig ang sanlibutan, ang sabi ng Biblia, "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo." Totoo ba 'yun? Kung iniibig n'yo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo. Kung ganoon ano itong lahat ng malalaking bagay na nangyayari sa mundo ngayon sa ilalim ng relihiyon? Mga bagay mismo ng sanlibutan! At ang mga tao'y tanggap lang nang tanggap dito na parang isang baboy sa isang kural, kita n'yo, "Oh, mainam *ito*. Walang kabuluhan *Yan!*" Kita n'yo, sila'y natatakan na mismo't markado na. Kita n'yo?

³⁰⁵ Ngayon naunawaan n'yo na ba kung ano ang nalabi na mga Judio, ang sandaan at apatnapu't apat na libo? Kung saan sila'y naroon na, na naghihintay? Hayan na mismo ang oras. Nakikita

n'yo na ba ang hangal na birhen na hindi kumuha ng . . . hindi nakapagdala ng Langis, at kinakailangan silang ibangon at mahiwalay, ang mga tama at mga mali sa araw ng paghatol? Nauunawaan n'yo ba na noong ang—ang hangal na birhen ay nagsimulang tumanggap, kagaya mismo ngayon, na kailangan na niya Ito, kanyang pinuntahan Ito; 'yun 'yung mismong minuto na ang Kasintahang Lalaki'y dumating?

306 Kung ganoon ay gaanong kalapit na tayo? Sa ngayon mismo! Narito na tayo sa kaunti na lang na panahon, hindi ko alam kung gaanong katagal pa. Hindi ko masasabi kung kailan, hindi ko—hindi ko alam. Marahil sa isa pang taon, marahil sampung taon pa, apatnapung taon, marahil apatnapung minuto na lang. Hindi ko—hindi ko alam, hindi ko masasabi. Pero ang alam ko'y malapit na ito, nalalapit na talaga. At ang Espiritu ng Panginoon . . .

307 Ngayon, darating ang panahon kung saan, malalaman n'yo na lang, bigla na lang manlalamig ang iglesya. Ngayon, ilang tao ang—ang nakapansin ng panlalamig ng iglesya nitong nakaraang ilang taon? Tunay. Sa ano ba ito papunta? Sa Laodicea. Na, ating tatalakayin mamayang gabi at ilalahad ang anghel ng iglesya ng Laodicea, ilalahad doon para makita n'yo ito, at makita ang kanyang Mensahe at kung ano mismo Ito, at 'yung dulo ng Iglesya ng Kapanahunan ng Laodicea kapag siya'y lumawig at tumawid na mismo sa Walang Hanggan.

308 Oh, talagang iniibig ko Siya. Kayo rin ba? Siyanga, po. Oh, ang . . . Ano ang—ano ang Tanda ng Diyos? Ang Espiritu Santo. Ano ang tanda naman ng hayop? Ang tanggihan Ito. Yan nga ang dalawa. Ang isa'y makakita, at . . .

309 Buweno, sila'y . . . At ilan nga ang nasa lupa na hindi makakamit Ito? “Ang lahat ng hindi natatakan ay tumanggap ng marka ng hayop.” Ang lahat mismo, na wala ang Espiritu ng Diyos, ay may marka ng hayop. Ang Selyo ng Diyos ay ang Espiritu Santo. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. Bawat dako sa Kasulatan ay ipinapangusap Ito, sinasabi na Ito'y ang Tanda ng Diyos, “ang Selyo ng Diyos.” At lahat ng wala Ito, ay yaong mga tumanggi Rito. At papaano nila tinanggihan Ito? Sa pagtanggap mismo na pakinggan Ito. Tama ba?

310 Ngayon alalahanin n'yo, papaano n'yo matatanggap ang pananampalataya? “Sa pakikinig.” Saan 'yun minarkahan? Sa kamay ba? Hindi. Sa ulo ba? Hindi. Sa tainga, kita n'yo. Sa *tainga*, “pakikinig.” Anong ibinunsod nun? Tinakpan ang pakikinig. “At ayaw na,” sasabihin n'yo, “ayaw ko na Nito. Ayaw ko nang magkaroon ng anumang kinalaman Dito. Ayaw ko nang magkaroon ng anumang kaugnayan Diyan.” Ganoon nga sila . . .

311 Kapatid na Neville, aking—aking—akin lang—akin lang ipagpapatuloy ito marahil hanggang sa ang ilan . . .

312 Sasaysayin ko nga sa inyo ang tungkol sa “hindi maaari para sa kanila na minsan nang naliwanagan na,” kita n’yo, “na makapasok—na makapasok sa Kaharian,” kita n’yo. Ito nga’y parang sila na mga mananampalatayang hanggang hangganan lang:

Tingnan n’yo, *hindi maaari sa kanila na mga minsang naliwanagan, . . . na nakabahagi ng Espiritu Santo,*

. . . nalasap ang kapangyarihan *ng mundong—mundong darating,*

At saka nahiwalay, na baguhin ang kanilang sarili muli sa pagsisisi; yaman na kanila ngang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios . . . at inilalagay siya sa hayag na kahihiyang.

at . . . binibilang ang dugo ng tipan, na sa kaniya’y nagpaging banal sa, isang di banal na bagay, . . .

313 Kita n’yo, para gawin ’yun ng mga Hinirang, ito’y ganap, na tahasan mismong imposible. Hindi niya ’yun magagawa, kita n’yo. Dahil ano ang gagawin niya? Kita n’yo? “Kundi ibibilang ang Dugo ng Tipan. . .” Ngayon, nakita n’yo, kung siya’y hinirang at naroon sa grupo, hindi niya ’yun magagawa. Imposible para sa kanya na gawin ’yun.

314 Ngayon, nakamit na natin, pinatimo na itong maigi:

. . . sapagka’t ang *ulan . . . na madalas na lumalagpak sa lupa, para bukirin ito . . .*

. . . at ng mga *tinik at dawag na . . . ay malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin.*

(Ang Trigo’y dadalhin sa Tahanan sa Bangan.)

315 Anupa’t itong nagbibigay-buhay na ulan ay nahuhulog sa kapwa mga damo at trigo. Kapwa sila nagbubunyi at nakakaramdam ng siya ring bagay ukol dito kapag ang . . . nagagalak na makita ang ulan na parating. Pero sa kanilang mga bunga ay makikilala n’yo sila, kung ang ibubunga ba nila’y mga bunga ng damo o mga bunga ng trigo (ngayon, ng trigo).

316 Ngayon, heto ang makukuha rito. Ngayon para ipakita kung nasaan ang hangganang linya na ito, kung nasaan ito . . . Sisikapin ko na ilahad ang *birhen* na ito sa inyo, kita n’yo, para inyong—inyong maunawaan. Ngayon sa mananampalataya na hanggang hangganan lang, masdan n’yo kung anong nangyari noong makarating sila ng Kadesh-barnea, ang mga anak ni Israel. Akin ngang pinapabalik-balik ito sa Genesis, at pabalik-balik sa Exodo, at sa lahat ng dako, sinisikap na itipo ito para sa inyo, kita n’yo, para hindi ito mapalampas ng klase.

317 Ngayon, noong ang mga taong ito na naroon—na naroon dito . . . sa exodo, noong makarating sila ng Kadesh-barnea. Ang Kadesh-barnea ang luklukan ng paghatol ng mundo, noong panahon na ’yun. Doon natanggap ng Israel ang kanyang

luklukan ng paghatol. Na kanila lamang. . . Labing-isang araw pa lang noon mula sa bundok kung saan natanggap nila ang mga utos hanggang sa makarating sila sa paghatol, “labing-isang araw ng paglalakbay sa tabi ng dagat,” ang sabi ng Biblia. Labing-isang araw na paglalakbay, at sumapit sila sa Kadesh at doon sila hinatulan. Matapos na dalhin sila roon ng Diyos, nang mga apat na araw, sila’y nagbalik muli sa ilang doon at nagpaikot-ikot; at natanggap ang—ang mga utos at mga bagay na gaya nun, at bumalik, at kung papaano, kung ano ang nangyari. Pagkatapos sumapit sila rito. . . At labing-isang araw mula roon, sila’y sumapit sa paghatol sa kanila sa Kadesh-barnea.

318 Anong nangyari? Kumuha siya ng isa mula sa bawat angkan at nagsabi, “Magtungo kayo roon at tiktikan ang lupain, at tingnan n’yo kung anong uri ng lupain ito.” Buweno, sila’y nagtungo mismo at nagmasid.

319 Dalawa sa kanila ang pumasok doon at nagdala ng naglalakihang kumpol ng mga ubas. Oh, isang malaking kumpol mismo, na kinailangan ng dalawang lalaki para pasanin ’yun.

320 Ngayon, anong ginawa nila noong makabalik sila at nakita kung anong klaseng lupain ’yun? Anupa’t nakita nila ang—ang—ang mga Amorrheo at ang—at ang—ang iba’t iba pa na naroon, at ang sabi nila, “Aba’t, mga higante sila!” (Yung mga higanteng ’yun, ay siyanga’t, mga anak ni Cain na nakarating sa dakong ’yun ng—ng lupain.) Sabi nito, “Sila’y—sila’y—sila’y mga higante!” Tapos sabi, “Wala tayong—tayong—tayong kakayahan para—para kunin ito. Ang kanilang—kanilang—kanilang lupain ay naliligiran ng bakod, at nagtataasan na malalaking bakod. At, naku, nagmumukha lang tayong mga tipaklong, kung itatabi sa kanila.”

321 Ano itong nagawa nila? Aba’t, nakita na—nakita na nila mismo ang lupain. Nalasap na nila ang bunga nito. Kita n’yo, sina Caleb at Josue’y nagtungo roon at nakakuha ng—nakakuha ng ebidensya’t dinala pabalik, na pasan-pasan mismo sa kanilang balikat. Nalasap na nila ang bunga! Ganoon nga. Sila’y hindi pa nakadako roon, pero sina Caleb at Josue’y nakadako, nagdala pa nga ng ebidensya pabalik. Sabi nina Caleb at Josue, “Kaya nating makuha ito!” Kita n’yo? Bakit? Dahil nakatuon sina Caleb at Josue sa Salita.

322 Sinabi ng Diyos, “Sa inyo ang lupain. Punung-puno ito ng mga Amorrheo at mga Heveo at lahat na ng uri ng -eo sa buong dako roon, pero” ang sabi “ito’y sa inyo. At bawat dako na maapakan ng inyong paa, Aking ibibigay sa inyo.” Ganoon nga. “Magpatuloy lang kayo sa paglalakad, kita n’yo, ito’y sa inyo.”

323 Pero ang sabi nila, “Oh, naku! Hindi kami puwedeng magkaroon ng rebaybal na gaya nun. Oh! Oh, oh, naku, alam n’yo ba kung ano? Yung arsobispo, o ’yung obispo, o ang mga

presbitero, o kung sino man ay siguradong pupunta't sisipain kaming lahat palabas." Huh! Magpatuloy kayo, ganoon nga, ating kakamtin ito.

³²⁴ Ngayon, at pagkatapos ang dalawang ito'y bumalik doon at nagsabi, "Tayo'y lalong higit na may kakayahang kunin ito, dahil Diyos mismo ang nagsabi! Halina kayo at kunin natin ito!"

³²⁵ Pero, kita n'yo, itong mga mananampalataya na hanggang hangganan lang, sila'y nakarating nang ganoong kalayo na sapat lang na—na malasap Ito. "Mainam ito sa panlasa, oo. Pero, oh, hindi natin kayang kunin ito."

³²⁶ Ngayon, ano 'yun? Heto ang mananampalataya ngayon. Ngayon, masdan n'yo ang binatang ito *rito*. Binigyan siya ng Diyos ng isang katawagan. Uh-huh. Buweno, ngayon siya'y naligtas. Ang kanyang nanay ay naglalabada, at pinag-aral siya sa isang kolehiyo para makapagkamit siya ng edukasyon kung papaano mangaral. Buweno, pumunta siya roon, nakakapag-isisip pa rin siya . . . sa tuwing makakakita siya ng kababaihan na imoral ang pananamit, na nagbubunsod . . . siya nga'y nalulungkot; sa tuwing siya'y—siya'y makakaamoy ng sigarilyo, hindi niya mapigilan ang sarili na makapanigarilyo. Alam niya na mali. Ayaw nga niyang gawin 'yun. Kaya ang sabi niya, "Panginoon, papaging banalin Mo po ako, alisin Mo po sa akin ang bagay na ito."

³²⁷ Sinabi ng Diyos, "Sige, gagawin Ko 'yan para sa iyo, anak, aalisin Ko ang lahat ng 'yan sa iyo."

³²⁸ Isang gabi napadako siya sa isang munting pagmimisyon sa isang dako, at narinig niya ang bautismo ng Espiritu Santo. Sabi, "Heto talaga!"

³²⁹ Nakahakbang siya sa unang hakbang, pag-aaring ganap; nakahakbang din sa pangalawang hakbang, pagpapaging banal; ngayon handa na siya para sa Bautismo. Kita n'yo: isa, dalawa, tatlo. Siya'y handa na para sa Bautismo. Noong makadako siya roon, nabasa niya sa Biblia, ang sabi niya, "Yan mismo ang bagay na ginawa nila noon. Oo, 'yan mismo. Ang bautismo sa Pangalan ni Jesus, 'yan ang bagay na ginawa nila noon. Ganoon nga. Sinabi niya rito na 'basahin ko raw itong muli,' binasa ko nga sa buong Biblia at siya'y tama mismo ukol Dito."

"Obispo, ano ang iyong . . ."

"Wala akong pakialam sa walang kabuluhan na 'yan!"

"Oh, ganoon po ba."

³³⁰ "Nakamit nila ang Espiritu Santo, nakapagsalita sa iba't ibang wika, nagawa nila ang mga bagay na ito, nagpagaling sila sa mga maysakit. Oh, siyanga, ganoon mismo." Siya'y nakatanaw, kita n'yo, nakatanaw siya sa hangganan ng lupain.

³³¹ "Oh, kung ituturo ko Yan sa aking simbahan . . . Oh! Ako'y Presbyterian, Methodist, Bapt-. . . alam n'yo. Oh, palalayasin

ako ng obispo. Buweno, hindi namin kayang gawin 'yan. Hindi namin kayang magdaos ng isang pagtitipon na gaya n'yan sa aming simbahan, bawat isa sa kanila'y tatayo at lalakad palabas."

332 "Siya na minsan nang naliwanagan, at nakalaspap sa makalangit na Mga Kaloob, kung siya'y mahihawalay mula sa lakad na tinatahak niya, na makabalik pa para baguhin ang sarili sa pagsisisi dahil siya'y nagkasala laban sa Diyos..." Ano ang—ano ang kasalanan? Di-pananampalataya! Siya'y nagkasala laban sa Diyos. At ano itong nagawa niya? Ibinilang niya ang Tipan, na sa kanya'y nagpaging banal, na animo'y isa Itong di banal na bagay, at nagawa sa kabila ng mga gawa ng biyaya na nagdala sa kanya roon. Wala nang natitirang hain para sa kanya, kundi isang kakila-kilabot na paghihintay sa kabangisang paghuhukom at sa galit na lalamon sa kaaway. "Ang paghihiganti ay Akin," sabi ng Panginoon.

333 "Sapagkat ang Salita ng Diyos ay mas matalas, mas mabisa kaysa sa tabak na may dalawang talim, na bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng buto, at madaling kumikilala sa mga pag-iisip at mga haka ng isip." Hayan nga, hayan po. Kapag nakita n'yo ang Liwanag, lumakad kayo Rito! Lumakad! Bagamat hindi n'yo alam kung saan kayo patungo, magpatuloy lang sa paglalakad. Maglakad patungo sa Kalbaryo, na nagpapanatili ng matinong pagtingin sa Kalbaryo. Lumakad! Lumakad!

334 Oh Diyos, nawa balang araw... ang Iglesya, na tipo ni Enoc. Limang daang taon siyang lumakad sa harap ng Diyos. Lumalakad! Lumalakad sa Liwanag, kamit ang isang patotoo na "Lahat ng bagay na sinabi ng Diyos, kanyang ginawa ito." Hindi niya Siya binigyan ng di-kaluluguran. Kung ano ang sinabi ng Panginoon, ginawa ni Enoc. Ngayon, siya'y isang tipo, alalahanin n'yo. Ang daong naman ang tipo ng mga Judio, ang sandaan at apatnapu't apat na libo na itinawid, na si Noe at ang kanyang grupo; pero si Enoc ay umuwi sa Tahanan nang kaunting panahon bago mismo ang baha. Alam n'yo 'yan. Haya't si Enoc ay nagpatuloy mismo sa paglalakad sa Liwanag. Kaya isang araw ay naramdaman niya ang kanyang mga paa na umaangat mula sa lupa, nagpatuloy lang siya sa paglalakad, at naglakad siya patungo sa Kaluwalhatian nang hindi namamatay. Ganoon nga. Kinuha siya ng Diyos palayo dahil siya'y naglalakad sa Liwanag, na kamit ang isang patotoo na "siya'y lumakad sa Liwanag ng Diyos." Nagpatuloy sa paglalakad, paglalakad.

335 Atin nang suotin ang mga sapatos natin na panlakad, Iglesya:

Keep walking in the Light, beautiful Light,
Comes where the dewdrops of mercy are bright;

Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

Sige't awitin natin ito ngayon:

We'll walk in the Light, beautiful Light,
Oh, come where the dewdrops of mercy are
bright;

Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

All ye saints of Light proclaim,
Jesus, the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
Jesus, the Light of the world.

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,
Oh, come where the dewdrops of mercy are
bright;

Shine all around us by day and by night,
Oh Jesus, the Light of the world.

³³⁶ Atin nang iyuko ang ating mga ulo, at pansumandali lamang—lamang ngayon. Iniisip ko kung mayroon bang ilan dito na nagnanais na magkaroon ng karanasan na mapuspos ng Espiritu Santo, sabihin n'yo, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham. Alalahanin n'yo ako, iglesia. Nais kong lumakad sa Liwanag. Ninanais ko ang katimyasan, na wala nang ugat ng kapaitan pa sa akin, nais kong maging lingkod mismo ng Diyos." Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin Mo po ako, Oh Panginoon." Siyanga, mga dalawampung kamay o higit pa, ang nagtaas.

³³⁷ Ngayon panatilihin n'yo lang ang inyong mga ulo na nakayuko habang taimtim nating inaawit ito nang sama-sama:

Oh, Jesus, the Light of the world.

We'll walk in this Light, it's such a beautiful
light,

It comes where the dewdrops of mercy are
bright;

Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

Come, all ye saints of Light, proclaim,
Oh, Jesus, He's the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
O Jesus, He's the Light of the world.

Oh, we'll walk in this Light, It's such a
beautiful Light,

It comes where the dewdrops of mercy are
bright;

Shine all around us by day and by night,
O Jesus, the Light of the world.

338 Panginoong Jesus, habang hinihiging nila ang awiting ito, na nagnanais na makalakad sa Liwanag ng Ebanghelyo, Iyo pong kunin ang mga kalugud-lugod na puso na ito, Panginoon. Ang mga ito'y sa Iyo, linisin Mo ang mga ito, iwaglit ang lahat ng kasamaan, lahat ng di-pananampalataya palayo, nawa'y si Jesus na Liwanag ng sanlibutan ang pumasok. Ang mga panyo ay nakalapag dito, Panginoon, para sa mga maysakit at mga nagdadalamhati. Dumako Ka po sa kanila, Panginoong Jesus, at pagalingin sila nang sa gayon ay makapaglakad sila sa Liwanag. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

339 Pinasasalamat Ka namin para sa aming aralin, para sa Presensya ng Espiritu Santo, na naglumagi rito kasama namin at iningatan kami, sa ilang oras, ng pagkakaupo rito. Ang mga tao po'y nakaupo sa mainit na silid, naghihintay. Sila'y nananabik at naghihintay at nagbubulay, Panginoon. Dahil napagtanto nila, habang pinakikinggan ang Salita na binabasa, na kami'y nasa huling kapanahunan na. Wala nang natitira pa, kalayawan na lamang ng sanlibutan. At isa sa mga araw na ito ang mga mapagkunwari'y mawawala na.

340 At dalangin ko, Diyos, na Iyong ililigtas ang bawat tao na nasa Makalangit na Presensya, ililigtas sila ng Iyong Espiritu. At nawa ang Espiritu Santo'y dumako sa bawat isa sa kanila at punuin ang kanilang mga puso ng kabutihan at kapayapaan, na sila'y magbunga ng bunga ng Espiritu, itong, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kapayapaan, pagtitiis, kaamuan, pananampalataya, sa Espiritu Santo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Aking itinatagubilin sila sa Iyo ngayon para sa Iyong gawain, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

We'll walk in the Light . . .

Itaas po natin ang ating mga kamay habang umaawit tayo.

. . . beautiful Light,

Come where the dewdrops of mercy are bright;

Shine all around us by day and by night,

Oh, Jesus, the Light of the world.

I love Him, I love Him

Because He first loved me

And purchased my salvation

On Calvary's tree.

341 Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya? Gaganapin natin ang gawain ng pagbabautismo nang mga sampung minuto na lang ngayon, labing-lima, kung ano po. Diyan . . . Sa palagay ko may isang kabataang binibini rito na magpapabautismo. Tama po ba? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "May mga ilan."—Pat.] Sige po, ilan po ba ang magpapabautismo sa umagang ito na hindi na makakabalik mamayang gabi para sa gawain ng pagbabautismo sa gabi? Isa, dalawa, tatlo, tatlo ang hindi na

makakapunta mamayang hapon o bago ang gawain sa gabi para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Pagpalain kayo ng Diyos, mga anak. Ikinagagalak ko na inilagay ng Diyos sa harapan n'yo ang bukas na Pinto. At handa na kayong lumakad papasok ngayon, patungo na kayo sa libingan, na ang lahat ng mga lumang bagay ay patay na't inilibing na. Ngayon, alalahanin n'yo, ang pagpapabautismo n'yo ay ang panlabas lamang na paghahayag ng isang bagay na nangyari na sa kaibuturan *dito*.

And then we'll walk in this Light,
(Naghahanda na ba?) beautiful Light,
(...?...)

Oh, shine all around us by day and by night,
Oh, Jesus, the Light of the world.

³⁴² Oh, ang dakilang pagbubuklod na ito! Hindi ba't kay inam ng pakiramdam n'yo? Oh, kay inam po ng pakiramdam ko. Mistula ngang 'yung bagay na naranasan ko, isa sa mga makalumang panglinis na pangkuskos, at talagang kinukuskos ako nang husto ng lihiyang sabon.

³⁴³ Ang sabi ng kapatid ko'y marahil kayong lahat na nagnanais mabautismuhan sa umagang ito, ay maghanda na. Mababasa 'yung mga balabal at mga bagay-bagay para mamayang gabi, pero ayos lang kung nais n'yong gawin na 'yan ngayon. Sige't kung handa na kayong magpapabautismo sa umagang ito, mainam.

³⁴⁴ Sa palagay ko ay kailangan na nating iusog ito, di po ba, Kapatid na Neville? Sige, po. Ngayon, ilan po ang nagnanais na magpaiwan at saksihan ang pagbabautismo? Kaunting minuto lang po ang gugugulin at, siyanga, marahil hindi pa kayo nakakasaksi na ginaganap ito. Kung hindi po kayo makapanatili, buveno, kung ganoon ay siguraduhin n'yong makakabalik kayo mamayang gabi. Pero umaasa ako na magagawa n'yo, at manatili nang kaunting sandali lang para saksihan ang gawain ng pagbabautismo. Iusog lang natin ito at may malaking salamin sa likod dito para makita ang bawat isa na magpapabautismo. Ito'y magiging kaantig-antig sa inyo, sigurado ako. Tayo'y inilibing sa Panginoon sa pagbabautismo. Amen. Sa Kanyang kamatayan, tayo'y inilibing sa Kanyang kamatayan; ibinangon sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, para lumakad sa pagbabagong-buhay. Pagpalain kayo ng Panginoon.

³⁴⁵ Ilan po ang nakakaalam kung ano ang magiging aralin mamayang gabi? Ang Laodicea po, ang huli, at ang rurok ng mga Kapanahunan ng Iglesya.

³⁴⁶ Sige po, idadaos na natin ang gawain ng pagbabautismo. Teddy, kung mamarapatin mo . . .

347 Sa inyo na nagnanais na mabau- . . . ? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . na mga nabautismuhan na. May ilan sa kanila na kinakailangang lumuwas ng Chicago ngayon mismo, kita n'yo.

Manalangin tayo:

348 Panginoong Jesus, sila po'y naupo at nakinig sa mga gawain. Aming itinatangubilin sila sa Iyo ngayon, Panginoon, sa pagtungo nila sa Chicago. Ikaw po'y sumama sa kanila, Panginoon, at nawa ang bawat isa'y dalhin ang kahanga-hangang Liwanag at ipalaganap Ito, Panginoon, sa buong siyudad ng Chicago, saan mang dako sila magpunta. Ikaw po'y sumama sa kanila. Hanggang sa aming pagkikita, nawa ang kanilang mga espiritu'y nakaangkla sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

349 [Nagpropropesiya si Kapatid na Neville: "Oo, sa inyo, aking bayan, sa umagang ito muli, oo sinasabi Ko sa iyo Aking lingkod: Akin kang tinatanggap sa pagproproklama ng Aking Salita. Aking susubaybayan ka at makikipag-usap sa iyo nang pribado, oo, Aking ipakikita sa iyo ang iyong itinineraryo. Oo, Ako'y sasama sa iyo at pagpapalain ka.]

350 ["Oo, aking bayan, sinasabi Ko sa inyo sa umagang ito: Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ginagamit ko ang sisidlan na ito, sa umagang ito, para dumulog sa inyo. Sinasabi Ko sa inyo na huwag kayong babaling palayo mula sa Aking Espiritu, huwag ninyong talikuran ang Tinig na nangungusap sa inyo. Ako'y kasama ninyo gaya ng kayo ay sasaakin. Bumaling kayo mula sa inyong mga gawi at mula sa inyong pag-iisip at sampalatayanan Ako dahil Ako'y kasama ninyo. Kung kayo ay lalapit sa Akin at susunod sa Akin sa bautismo, Aking pagpapalain kayo at iingatan kayo, dadalhin Ko kayo sa kaganapan ng katuparan. Oo, Ako'y nagsalita na, siyanga't di Ko ba ito tutuparin? Oo, ANG SABI NG PANGINOON."—Pat.]

Itaas po natin ang ating mga kamay at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, purihin ang Iyong Pangalan." Salamat sa Iyo, Panginoon.

351 Napagkikilala namin 'yan, Panginoon, na Ikaw . . . isang araw ang Espiritu'y bumaba sa isang tao, sa Biblia, at sadyang sinaysay mismo ang lihim ng Diyos, kung ano ang mangyayari. Ama, napagkikilala namin na Ikaw ay nananatiling siya ring Diyos. At heto na Ikaw ay bumaba sa mapagpakumbabang, munting pastor dito, Panginoon, sa umagang ito, na dati'y naroon sa Nicolaita, pero Iyong inuga siya, kanyang nakita ang Liwanag at lumakad palabas dun. At heto ang kanyang puso na bukas na bukas hanggang sa Ikaw po'y nangusap sa kanya, hanggang sa hindi na niya malaman kung ano pang sinasabi niya, at tumayo at hinayaan ang Espiritu Santo na kumilos sa kanya sa isang Tinig ng pagpropropesiya sa amin. Salamat po sa Iyo, Ama. At ako'y—ako'y sasangguni sa Iyo para sa aking mga itinineraryo. Amen.

352 [Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa iba't ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp. Isa pang kapatid na babae ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.] Amen. Nakuha n'yo 'yun, di po ba? Nakita n'yo ba kung ano 'yun? Pansinin n'yo 'yung tono ng boses ng isang babaing 'yun na nagsasalita, at pansinin n'yo 'yung interpretasyon na ibinalik mismo sa siya ring tono. Kita n'yo? Dalawang magkaibang babae po 'yan, iniisip ko nga kung magkakilala ba sila o hindi. Hindi nila—hindi nila kilala ang isa't isa. Hayan po ang Espiritu Santo mismo, pansinin n'yo ang tono ng boses na paganoon. Hindi n'yo ba napagtatanto na si Cristo 'yan na nasa kalagitnaan ng mga tao rito? Ganoon nga.

353 May bagay ka ba na gusto mong basahin, Kapatid na Pat? Sige po, sige. [Sinasabi ni Kapatid na Pat, “22:16 ng Apocalipsis aking binabasa sa Pangalan ng Panginoong Jesus: Akong si Jesus ay nagsugo ng aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito sa mga iglesya.”—Pat.] Amen.

354 Ngayon, 'yan po'y espirituwal, na Makalangit na pangunguna. Kita n'yo, ang Espiritu Santo'y kumikilos sa mga ordinaryong miyembro, dumadako mismo roon, nagsasaysay. Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya? Ang isipin, mga kaibigan, na 'yan mismo ang siya ring bagay na ipinangusap ng Biblia. At narito ito ngayon, hindi na natin kailangang humaka pa. Oh, halikayo tanggapin Siya, kalugud-lugod kong mga kasamahan. Halikayo, tanggapin n'yo Siya.

355 Teddy, habang naghahanda tayo para sa pagbabautismo, (at dalangin ko sa Diyos na ihanda ang inyong mga puso) *Where He Leads Me I Will Follow*.

356 Sige't aalalayan lang kita rito kapatid ko? Buweno, kailangan n'yong—kailangan n'yong patayin ang mga mikropono. Uh-hum. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

357 Ipinamamanhik ko sa inyo sa pamamagitan ng Buhay na Diyos at sa pamamagitan ng pagtatagubilin ukol sa Kanyang Salita na kayo ay lumapit at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Alalahanin n'yo ginagawa ko ito dahil ito ang sinasabi mismo ng Biblia na gawin natin. At—at sinabi ni Pablo na gawin ito; at kung may anghel na magturo ng iba pang bagay, ito'y masumpa. At nais kong—nais kong ipahayag lamang ito sa dulo ng aking daan gaya ng ginawa niya: Hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasyahan ng Diyos gaya ng nalalaman ko rito, nang eksakto. Walang ipapanagot na dugo sa amin.

358 Oh, hindi ba't iniibig n'yo Siya? Oh, iniibig ko po Siya. Buweno, habang nakatayo tayo ay awitin natin itong pamamaalam na awitin. Sige po, hanggang sa muli na tayo-tayo'y:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe.
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven.

Precious Name, (Precious Name!), O how
sweet! (O how sweet!)

Hope of earth and joy of . . .

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ay
awitin natin:

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.



*ANG SAMPUNG BIRHEN, AT ANG SANDAAN AT
APATNAPU'T APAT NA LIBONG JUDIO TAG60-1211M*
(The Ten Virgins, And The Hundred And Forty-Four Thousand Jews)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 11, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org